

MGA KALULUWANG NASA BILANGGUAN NGAYON



Salamat sa iyo. Ating iyukod ang ating mga ulo pansumandali.

Makalangit na Ama, kami ay nagpapasalamat sa Iyo, sa araw na ito, para sa pribilehiyong ito na nagkakatipong sama-sama minsan pa, nalalamang balang araw kami'y magkakatipon sa huli naming pagkakataon, bilang mga mortal, at pagkatapos kami'y magkakatipon sa isang niluwalhating kalagayan sa piling Mo, at lahat ng mga tinubos sa lahat ng kapanahunan ay titipunin doon.

² Oh, ang aming mga puso ay pumipintig nang mabilis, ng...at ng dakilang pananabik, naghihintay para sa pagsapit ng oras na iyan! Dahil diyan, lahat ng mga takot ay naglalaho mula sa amin. Kami'y walang dapat ikatakot, walang dapat ipangamba. Kami'y naghihintay sa pangakong binitiwang ng Walang Hanggang Dios sa amin, at alam naming ito'y Katotohanan. Iyan ang dahilan kung bakit kami nabubuhay. Nabubuhay kami para diyan, sa oras na iyan, sa pagkakataong iyan, kapag itong mortal ay babaguhin, at kami'y magiging tulad Niya, at mawawala na ang karamdaman, wala ng kalungkutan, wala ng mga kadalamhatian. Oh, matatapos na ang lahat ng iyon sa panahong iyon. At may kagalakan sa puso, kami, sa pananampalataya at katapangan, aming hinihintay ang Araw na iyon.

³ Iyan ay kung bakit kami ay nagkatipon dito sa araw na ito, Panginoon, upang aminin ang aming mga kamalian at humingi ng awa. Iyan ay kung bakit kami nakaharap sa altar na ito ngayong umaga, dahil alam naming kami ay mortal, at maraming pagkakamali sa amin, at puno kami ng pagkukulang. Datapuwa't kami'y lumalapit upang aminin ang aming mga kamalian, at pagkatapos ay umasa sa aming Amang Makalangit na may bukas na mga puso, para sa mga pagpapala at panibagong kalakasan at pananampalataya, na ibibigay Niya sa amin sa oras na ito, samantalang kami'y nagkatipon dito ayon sa pangako, "sa mga Makalangit na dako kay Cristo Jesus." Dahil sa inaangkin namin na kami'y lumipat na mula sa kamatayan tungo sa Buhay, sa pamamagitan ng Kaniyang pangako, at kami ay naitaas sa isang Makalangit na kapaligiran, nakaupong kasama Niya ngayon. Nawa ay ituro Niya sa amin sa umagang ito ang mga bagay na nais Niyang ipabatid sa amin, at ipagkaloob sa amin ang Tinapay ng Buhay, upang

kami'y palakasin para sa kinabukasan na nasa aming harapan. Ipagkaloob po ito, Panginoon. Ito ang dalangin namin na aming hinihiling sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Maaari nang maupo.

⁴ Magandang umaga, sa bawa't isa. At napakainam na magkatipon dito kasama ninyong muli ngayong umaga, sa Makalangit na kapaligirang ito ng pagsamba.

⁵ Medyo nahuli lang nang kaunti, nagkaroon kami ng isang. . . ilang tunay, tunay na nakalulungkot na mga tawag ilang minuto pa lamang ang nakararaan; isang batang lalaking nakahimlay roon, naghihingalo. At kasing tiyak na ako'y nakatayo rito, hinipo ng Panginoon ang kaniyang katawan at pinahayo siya sa daan. Kaya. . .

⁶ At isang—isang—isang batang lalaki ang nakatayo rito, na anak ng pinsan ko. Sila'y talagang mga Katoliko, simula't sapul, subali't dumalo sila ng misa ngayong umaga at kung may anong nagsabi sa kanila na pumarito. At kaya sila ay. . . May pagbabago. Kaya sila ay—sila ay papunta ngayon sa bahay, at naghahanda para sa bautismo sa tubig. Kaya't kung ganoon sila'y isang—sila'y isang. . . talagang kamangha-manghang mga bagay na ginagawa ng ating Panginoon sa tuwina. Siya'y sadyang palaging gumagawa ng mga bagay. Sila'y dumating upang pumasok, at hindi sila makapasok. Ang sabi nila sadyang wala silang paraan na makapasok.

⁷ Sabi ko, “Buweno, nais n'yo akong kausapin,” at sabi ko, “buweno, pumunta lamang kayo sa bahay, at pag-usapan natin iyan, doon.”

⁸ Kaya naisip ko, sa aking daan papuntang New York ngayon, sa pagtitipong ito na darating, na ito ay sadyang magiging napakainam. . . Alam ko na ako'y makapagpapahinga sa pagdaan at—at tulungang pag-alabin ang aking apoy mula sa kung anong apoy na taglay n'yong lahat, at kami'y tumigil ng isang araw, sa umagang ito. At dumating kami kahapon, noong kamakalawa, sa katanghaliang tapat.

⁹ At pagkatapos kailangan naming lumisan. Ako ay nakatakda nang umalis, itong hapon, subali't sa palagay ko'y aalis ako. . . At magsisimula kami ng umaga, nang maaga, maagang-maaga ng. . . Maaaring magkaroon kami ng bahagyang niyebe sa mga daan, at bagay-bagay, mula rito hanggang New York. Kailangang magdaan ng Virginia, sa mga kabundukan, at ganoon din sa Allegheny, at doon lamang sa gawing ibaba pagkatapos ng—ng Adirondack.

¹⁰ Kaya kami ay magsisimula sa, nakalimutan ko, ito 'yung bulwagan doon, isang bago. Kanilang giniba ang lumang bulwagan ng San Nicolas, sa aking pagkakaalam. Kanilang itinayo itong isang bago. At sa abot ng aking nalalaman,

ating nakukuha ang ilan sa mga unang gabi na kailanman . . . na ibinigay. Kaya tayo'y nagpapasalamat para diyan, sa mga Pentecostal na taga-kalakhang New York. At sa aking palagay mayroon tayong mga ilang simbahang nakikipagtulungan, at tayo'y umaasa ng isang dakilang panahon.

¹¹ At kami'y babalik, kung loloobin ng Panginoon, anumang araw sa susunod na linggo. At—at kung ito'y loloobin nga ng Dios, aba, umaasa kami na makadaan sa Linggo, isang linggo, para—para sa Panlinggong gawain sa umaga.

¹² At pagkatapos basta-basta na lang akong pumasok na walang paalam sa ating pastor muli, gaya ng laging ginagawa, kita n'yo, at—at aking naisip na marahil kung papasok ako, at kahit walang pasabi. At samantalang naroroon sa isang mainam na grupo rito, at ang mga taong aking nakikita mula sa labas ng bayan, ay naririto; aking naisip na marahil, mamayang gabi, kung ang pastor ay walang anumang naihandang espesyal, na mangyaring magkakaroon tayo ng munting gawain mamayang gabi, isang maikli lang, at, buweno, marahil mananalangin para sa mga may sakit. [Si Kapatid na Neville at ang kongregasyon ay nagagalak—Pat.] Salamat sa inyo.

¹³ Umaasa tayong makapanalangin para sa mga may sakit mamayang gabi, mangusap tungkol sa Makalangit na pagpapagaling at—at manalangin para sa mga may sakit. Magsisimula nang maaga upang makalabas tayo nang maaga. At kung ipahihintulot ng pastor, ano . . . Karaniwan kayong nag-uumpisa ng alas-siyete y media. Tama ba iyan? Ano kaya kung magsimula tayo ng alas-siyete mamayang gabi, alas-siyete? [Si Kapatid na Neville ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.] At pahintulutan akong mag-umpisa ng alas-siyete y media, at iyon ay makalalabas ako ng alas-otso o alas-otso y media, at ang mga tao'y mabibigyan ng panahon na—na makaalis, kung 'yan ay—'yan ay—ayos lang. Lahat ay nagtawanan noong aking—noong sinabi kong alas-otso, o alas-otso y media. Ako—ako—ako ay umaasa na makalabas ng ganoong oras. Pananalangin para sa may sakit, alam n'yo na, hindi natin masasabi.

¹⁴ Kaya kami ay nagkaroon ng isang—isang kasiya-siyang panahon simula nang iwan kayo nitong nakaraang Taglagas, nang maaga, at pinagpala kami ng Panginoon sa maraming dakilang mga bagay. Na . . . At mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon, nais kong sabihin sa inyo ang huling pagbisita sa akin, mula sa Dios, sa Colorado, ilang linggo na ang nakalilipas. At iyan ang naisip kong ihatid sa inyo ngayon, marahil pasiglahin ang pananampalataya para sa mainam na gawaing pagpapagaling mamayang gabi, para sa mga may sakit at sa mga may karamdaman.

¹⁵ Ngayon, sa umagang ito, para makaumpisa kaagad sa gawain, ako . . . May tumimo sa aking puso mga isang buwan

na ang nakalipas. At ito'y maaaring, ngayon, sa palagay ko sila'y . . . Ito ba'y kanilang itinetey? Ito ba'y kanilang itinetey? Siyanga. Sige. Upang malaman ko kung saan, kung lalabas man ang teyp sa iba. Hindi ko masasabi kung ano 'yung sasabihin ko ngayong umaga. . . Hindi ko masabi na ito—ito—ito ay. . . Alam kong ito'y tama, kita n'yo, ang Mensaheng bahagi ay magiging tama. Nguni't ang bagay, na nais kong gawin, ay isang katanungan sa aking isipan. Tila ba totoong-totoo ito. At ganoon pa man mula nang ako ay pumasok, at mula nang ako. . . ito'y naihayag sa akin, ako'y labis nang natatakot na masabi ko ang maling bagay at maaaring mag-iwan ng maling impresyon sa mga tao. At ito'y isang. . . At ako. . .

¹⁶ Anuman ang aking mga naitala, sa kung ano ang sasabihin ko, pinutol ko ang ilang bahagi nito, nang sa ganoon ay hindi ko ito magawang labis na mabigat. Dahil, kita n'yo, kung ang isang—kung ang isang tao. . . Ako—mahal ko ang Panginoong Dios, at, ang tanging paraan na alam kong mahal ko Siya, ay dahil mahal ko kayo. Kita n'yo? Iyan lamang ang paraan na alam ko. At ganoon pa man ako—ayaw ko na magkaroon ng anumang bagay na naihayag sa akin at pagkatapos ay hindi sasabihin sa inyo, kung ito'y dapat sabihin sa inyo. At pagkatapos ako'y natatakot na kung makapagsasalita ako ng isang bagay na medyo matigas, maaari itong makasakit ng kung sino. At, alam n'yo, ito'y isang. . . Sadyang kinakailangan mong halos basta na lang magtungo sa entablado at pagkatapos maramdaman na pinangungunahan na sabihin kung ano ang iyong sasabihin. 'Yun lang. At pagkatapos kung minsan maaaring makapagsalita ka ng isang bagay, at may isang kukuha ng. . . ibang kahulugan nito, at sila'y lilihis palayo sa panig na *iyang*; at pagkatapos ay may magsasabi, "Oh, ito ay *ganito*, kita n'yo."

¹⁷ Nguni't nais kong malaman n'yo na kung ano ang aking sasabihin ay pagpapalagay lamang, at ang salitang *maggpalagay* ay nangangahulugang "pakikipagsapalaran nang walang kapangyarihan." Kaya't ako. . . Ako—hindi ko sinasabing ito'y totoo, nguni't ito'y isang munting kaisipan lamang na maaari kong ipahiwatig sa inyo, na maaari ninyo itong timbangin at tingnan kung ano ang palagay ninyo tungkol rito. At pagkatapos ito'y, siyempre, ito'y—ito'y magiging ayon sa Kasulatan, 'pagkat hindi ako mangangaral nang walang. . .

¹⁸ Subali't iyan na nga ba ang oras? Ito ba'y dumating na sa oras na ito, at ang mga bagay nga bang ito'y nangangahulugang ganiyan? Dalangin ko, sampu ng nasa akin, na ito'y hindi. Kita n'yo? Dalangin ko na ito'y hindi tama, na hindi ito ang oras na 'yan. Ito'y magaganap, nguni't dumating na nga ba ito sa panahong iyon? Kita n'yo, iya'y kung ano ang aking pinag-iisipan. Ngayon, nauunawaan ng lahat, nang lubusan, na hindi ko alam? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Ako'y sadyang. . . Ito na nga ba'y sa panahong ito? Kung ito na nga,

mahabag nawa ang Dios sa atin. Nguni't, kung hindi pa ito ang panahong iyon, hayaan. . . ito'y darating.

¹⁹ Ngayon, sa lalong madaling panahon na magagawa namin, marami kaming nakaplanong paglalakbay na naghihintay, kung loloobin ng Panginoon. At kailangan kong magtungo sa ibayong-dagat, pagkatapos na pagkatapos ng Pasko, sa Europa at Asia; sa Europa, lalo na. At pagkatapos ay babalik ako rito sa Estados Unidos, para sa ilang mga gawain, at pagkatapos ako'y babalik patungong Timog Africa. Magsisimula ako sa ikalawa ng—ng Setyembre, sa Durban, at tutungo mula sa ikalawa, sa palagay ko, hanggang mga sa ikasampu, at pagkatapos ay meron akong tatlong araw para magtungo mula roon patungong Johannesburg at magsimula muli. Nguni't sa palagay ko ito'y sa buwan ng Abril, magsisimula kami sa mga bansang Scandinavian, sa Norway at Sweden at—at Finland, at—at Holland at Switzerland at Germany, at—at doon padaan ng Europa. Kaya't manalangin para sa amin.

²⁰ Mayroon tayong ilang pagtitipon dito, panahon ng Kapaskuhan ngayon, pagkatapos na pagkatapos ng Pasko. Siyanga pala, nais naming dumito hanggang matapos ang Pasko, sa bahay. Gusto ng mga bata na umuwi, hanggang matapos ang Pasko. At aming—mahal namin ang Arizona, nguni't alam n'yo ang—ang bagay na aming hinahanap-hanap, at sadyang hindi namin ito makalimutan, ay ang iglesyang ito at kayong mga kapatiran. Kahit saan man kami magtungo, anuman ang aming ginagawa, ito'y sadyang. . . Ang mga bata, ako, ang maybahay ko at lahat na. Sadyang walang lugar na katulad nito. Iyan ang totoo. Sadyang walang lugar.

²¹ Ako'y nakapaglakbay na sa pitong karagatan, at ako—ako'y nakarating na kung saan-saan, subali't walang lugar sa pakiwari ko na pinapaging banal para sa akin gaya ng maliit na dakong ito rito. Ito na iyon. Lumayo lamang rito minsan, kung gusto n'yong malaman. Sadyang may kung anong bagay tungkol dito. Ako'y nangaral na sa buong mundo, halos, at hindi ko pa kailanman, sa alinmang pagkakataon, alinmang lugar, kailanman naramdaman ang Espiritu ng Dios, na may kalayaan at mga bagay, gaya ng nararamdaman ko sa pagtayo rito mismo. Ito na iyon.

²² “Dios, hayaang ito ay. . .” Tulad nang araw na aking inilatag ang panulukang bato sa dakong iyon, sinabi ko, “Panginoong Dios, huwag hayaang ito'y bumagsak.”

Sabi ng mga tao, “Sa loob ng dalawang buwan, ito'y magiging garahe.”

²³ Sabi ko, “Huwag itong hayaang bumagsak, Panginoon. Hayaan na ito'y nakatayo, at ang mga tao rito ay nagpupuri sa Iyo kapag si Jesus ay bumalik.” Ako'y nagtitiwala na ito'y magiging ganoon.

²⁴ Ngayon ating buklatin ang Biblia ngayon, at—at asahang ipagkakaloob ng Panginoon sa atin ang Kaniyang mga pagpapala. At nais nating magbasa ng ilang Mga Kasulatan. Mayroon akong ilang Mga Kasulatan na naisulat dito na nais kong tukuyin, at ilang mga tala. At nais kong bumasa buhat sa tatlong dako sa Biblia, at ito'y aking ibibigay sa inyo, muna. Nais kong bumasa sa Judas 5 at 6. Ang Judas ay iisang Aklat lang, alam n'yo na. At pagkatapos nais kong basahin ang Ikalawang Pedro sa ika-2 kabanata, 4 at 5. Pagkatapos ay nais kong basahin ang Unang Pedro, 3:18 hanggang 20.

²⁵ At ang aking paksa ngayong umaga, kung loloobin ng Panginoon, ay: *Mga Kaluluwang Nasa Bilangguan Ngayon*. Uh-huh. *Mga Kaluluwang Nasa Bilangguan Ngayon*, nakakulong, sinumpa magpakailanman. Hindi kailanman, walang paraan upang maligtas, kita n'yo, mga kaluluwang ibinilanggo na ngayon.

²⁶ Ngayon tayo'y magbasa mula sa Aklat ng Judas, muna. Sa paniwala ko'y minarkahan ko na rito para sa panimula, sa Judas; at pagkatapos doon sa Ikalawang Pedro, at pagkatapos—pagkatapos doon sa Unang Pedro. Ngayon, sa Judas, nais kong basahin itong lahat; nguni't para makatipid ng oras, dahil alas-diyes y media na, aking sisimulan sa ika-5 talata. Ngayon, si Judas ay kapatid na lalaki, kinakapatid na lalaki, ni Jesus Cristo, gaya ng ating pagkaalam. Kita n'yo? Siya ay Anak ni Jose.

Ninanasa ko ngang ipaalaala sa inyo, bagama't nalalaman n'yong maigi ang lahat ng mga bagay, na nang mailigtas ng Panginoon ang isang bayan, sa lupain ng Egipto, ay nilipol niya pagkatapos yaong mga hindi nagsisipanampalataya.

²⁷ Iniligtas sila, muna, inilabas sila mula sa Egipto, at pagkatapos kinakailangan silang lipulin dahil sila'y hindi nagpatuloy sa kanilang mensahe, kita n'yo.

At ang mga anghel na hindi nangagingat ng kanilang sariling pamunuan, kundi iniwan ang kanilang sariling tahanan, ay iniingatan niya sa pagbabago sa ila-. . . mga tanikalang walang hanggan sa paghuhukom sa dakilang araw.

²⁸ Mga anghel na minsang nanahan sa Langit, at hindi iningatan ang kanilang pamunuan at ang kanilang kalagayan kung saan sila naroon, nangahulog, at ngayon ay nasa Walang Hanggang tanikala ng kadiliman, panghabang-panahong tanikala ng kadiliman, pinananatili sa ganitong kalagayan hanggang sa Paghatol ng dakilang Araw kapag sila'y hahatulan kasama ng lahat ng iba pang di-mananampalataya.

²⁹ Ngayon sa Ikalawang Pedro, sa ika-2 kabanata, simula sa ika-4 na talata, na isang aklat o dalawa lamang bago ito, kita n'yo.

Sapagka't kung ang Dios ay hindi nagpatawad sa mga anghel nang mangagkasala ang mga yaon, kundi sila'y ibinulid sa impierno, at kinulong sa mga hukay ng kadiliman, upang ilaan sa paghuhukom;

At ang dating sanglibutan ay hindi pinatawad, datapuwa't iningatan si Noe, at walong katao, isang tagapangaral ng katuwiran, noong dalhin ang pagkagunaw sa sanglibutan ng masasama;

³⁰ Hindi pinatawad ang Mga Anghel; inilagay sila sa mga tanikala ng kadiliman, at hinatulan ang buong mundo sa pamamagitan ng pagkawasak, ni—ni Noe.

³¹ Ngayon sa Unang Pedro, sa unang kabanata at sa . . . Unang Pedro, sa ika-3 kabanata, at simula sa ika-18 talata, ating basahing muli. Ngayon, makinig nang mabuti ngayon.

Sapagka't si Cristo man ay nagbata ring minsan dahil sa mga kasalanan, ang matuwid dahil sa mga di matuwid, upang tayo'y madala niya sa Dios, siyang pinatay sa laman, nguni't binuhay sa Espiritu: . . . pinatay sa laman, nguni't binuhay sa Espiritu:

Na iyan din ang kaniyang iniyaon at nangaral sa mga espiritung nasa bilangguan; nangaral siya sa mga taong ito na nasa bilangguan;

Na minsa'y naging mga suwail, na ang pagpapahinuhod ng Dios ay nanatili noong mga araw ni Noe, samantalang inihahanda ang daong, na sa loob nito'y kakaunti, sa makatuwid, ay walong kaluluwa ang nangaligtas sa pamamagitan ng tubig.

. . . ayon sa tunay na kahawig ngayon ay nagligtas sa makatuwid baga'y ang bautismo (hindi sa pag-aalis ng karumihan ng laman, kundi sa pagtugon ng isang mabuting budhi sa Dios,) sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni Jesus Cristo:

Na nasa kanan ng Dios, pagka-akyat niya sa langit; na ipinasakop sa kaniya ang mga anghel at ang mga kapamahalaan at ang mga kapangyarihan.

Tayo'y manalangin muli.

³² Ngayon, Makalangit na Ama, gaya ng—ng nariritong hanay ng Kasulatan, tatlong saksi, tatlong dako sa Kasulatan na nagpapatotoo. At Iyong sinabi sa Iyong Salita, na, “Sa bibig ng dalawa o tatlong saksi, ang bawa't salita ay mapagtibay.” Ngayon ako'y dumadalangin sa Iyo, O Dios, na paririto Ka sa mga tao at ipaliliwanag ang Salitang ito, ang Mensaheng ito, sa liwanag na dapat nitong kalagyan, na ang bawa't lalaki, babae, batang lalaki, o batang babae, ay makaiintindi sa kakayahan na itinalaga Mo para sa kanila na makaunawa, at ngayon batid na itong tatlong saksi ay nagpapatunay sa Katotohanan.

³³ At dalangin ko na Iyong susuguin ang Banal na Espiritu sa amin ngayon. At kami'y titingin sa Kaniya na Siyang aming Hari, sa aming kalagitnaan sa umagang ito, ang Panginoong Jesus Cristo; kung saan kami ay binuhay ngayon sa pamamagitan ng pananampalataya, nakaupo sa mga Makalangit na dakong iyon sa Kaniya. Kami'y naghihintay sa Kaniyang Mensahe. Salitain Mo po ito sa pamamagitan namin, Panginoon, dinggin ito sa pamamagitan namin, habang aming hinihiling sa Iyo na tulin ang mga labi na nangungusap at ang mga tainga na dumirinig, upang ito'y maging sa karangalan at kaluwalhatian Niya na Siyang Kasulatan. Sapagka't hinihiling namin ito sa Kaniyang Pangalan. Amen.

³⁴ Ngayon, tandaan ang mga gawain mamayang gabi, isang gawaing pagpapagaling. Sa palagay ko hindi na kailangang mamigay pa ng mga prayer card, kaya't ipananalangin na lamang natin ang mga may sakit. Mayroon akong isang bagay na nais kong sabihin sa inyo, at ako—ako'y umaasa na dadalhin nito ang kongregasyon sa isang dako hanggang doon kung saan magkakaroon ng lahat ng uri ng kagalingan. Alam kong magaganap ito kung ating sasampalatayanan lamang ito nang ganoon.

³⁵ Ngayon ito, mga kaluluwang nasa bilangguan ngayon, mga kaluluwa na ngayon ay nasa bilangguan!

³⁶ Ngayon, ang kaluluwa ng tao ay hindi ang katawan ng tao, ito'y ang kaluluwa. Kita n'yo? At ang kaluluwa ay isang bagay na siyang—ang kalikasan ng espiritu. At pagkatapos kapag ang kalikasan ng isang tao... Nang sabihin Niya, "Tayo ay mga patay na," maliwanag na sinasabi sa atin ng Kasulatan na, "tayo ay patay na, at ang ating mga buhay ay natatago sa Dios sa pamamagitan ni Cristo, tinatakan doon sa pamamagitan ng Banal na Espiritu." Ngayon, hindi sa ang iyong katawan ang namatay; hindi sa ang iyong espiritu ang namatay. Ang kalikasan ng iyong espiritu ang namatay; kita n'yo, ang kalikasan, na siyang kaluluwa. Ang kalikasan ng iyong kaluluwa ay—ay ang Dios, kung ika'y ipinanganak na muli. Kung ito'y hindi, ito'y sa sanlibutan. Anumang bagay na may simula ay kailangang magwakas, kaya samakatuwid ang tanging paraan na magkakaroon ka ng Buhay na Walang Hanggan ay ang magkaroon ng Buhay na hindi kailanman nagpasimula. At pagkatapos ang iyong buhay ay nagpasimula nga nang ika'y ipanganak, nang iHINGA ng Dios ang hininga ng buhay sa mga butas ng iyong ilong at ikaw ay naging isang kaluluwang buhay, pagkatapos ay nagpasimula ka noon. Nguni't nang ikaw . . .

³⁷ Ang kalikasang iyon na nasa iyo, sa kalikasan ikaw ay sa sanlibutan, nalayo sa Dios, ikaw sa katunayan ay isang hayop. Iyan ang ganap na totoo. Batid ninuman na tayo'y mga mammal. Ilan ba ang nakakaalam niyan? Tayo, tayo ay mga mammal, tayo ay mga hayop na mainit ang dugo, nguni't 'yan ay kung ano tayo

sa pamamagitan ng ating makalupang pagkalalang. Nguni't, kita n'yo, anong kaibahan natin sa ibang mga mammal, na—na nilagyan tayo ng Dios ng kaluluwa. Kita n'yo? Ngayon, ang ibang mga mammal ay hindi na kailangang magsuot ng mga damit. Walang ibang hayop na kailangang magdamit upang itago ang kaniyang kahihyan, kundi tayo. Tayo lamang ang gumagawa ng ganoon, dahil tayo ay mayroong kaluluwa. Nguni't, kita n'yo, ang Dios, sa pasimula, ay alam kung anong magiging hitsura ng tao. At nilikha Niya ang lupa, at pinalitaw ang lahat ng uri ng mga hayop, mula sa pinakamababa tungo sa pinakamataas; at ang pinakamataas na hayop na lumitaw, ay tao.

³⁸ At noon, una, ang tao ay nilikha, siya'y isang taong espiritu, sa larawan ng Dios.

³⁹ Na, “Ang Dios ay Espiritu,” San Juan 4. Ngayon, “Siya ay isang—isang Espiritu. At sila na sumasamba sa Kaniya, sinasamba Siya sa Espiritu at sa Katotohanan. At ang Iyong Salita ay ang Katotohanan.” Ngayon, sinasamba natin Siya sa Espiritu at Katotohanan. Siya ay isang—isa Siyang Espiritu.

⁴⁰ Pagkatapos walang taong magbubungkal ng lupa, at pagkatapos inanyuan ng Dios ang tao mula sa alabok ng lupa.

⁴¹ Nang magkagayon hinugot Niya mula sa kaniyang tagiliran, isang kakambal na likha, isang tadyang; at, mula roon, pinaghiwalay ang lalaking ito na may dalawang kalikasan, na kapwa pambabae at panlalaki. At Kaniyang hinugot ang pambabae, dahil ito'y pag-ibig, at Kaniyang inilagay ito sa isang personang tinawag na Eba, na tinawag ni Adan na Eba, na kaniyang asawa. Diyan kung saan ang kaniyang pag-ibig, likas, pag-ibig na phileo, ay naugnay sa kaniyang asawa. Ganiyan dapat ang lalaki sa araw na ito, at ganoon din ang babae sa kaniyang asawang lalaki. Ang lalaki, ang panlalaki; ang babae, ang pambabae.

⁴² At pagkatapos, kita n'yo, matapos na likhain Niya ang tao sa Kaniyang Sariling larawan, “nilikha Niya sila, lalaki at babae,” walang taong magbubungkal noon ng lupa. At Kaniyang inilagay siya sa alabok ng lupa, at kung kaya siya'y naging. . . siya ang taong iyon. Ang taong ito ay isang mammal, kita n'yo, siya'y hayop; nguni't Kaniyang inilagay itong espiritu ng Dios, isang buhay, sa loob niya, at ginawa siya sa batayan na siya'y makapamimili. At pagkatapos nang ang taong ito. . .

⁴³ Ngayon ay iniisip natin na tayo'y kung sino. Basta't tandaan, ano nga ba tayo? Isang kimpal ng putik. Iyon lang. “At dahil sa ikaw ay alabok, sa alabok ka rin babalik.” Kaya't kapag inyong nakita ang taong ito na naglalakad sa daan, iniisip na siya'y kung sino, alam n'yo na, at nagkaroon ng kaunting pinag-aralan at mga bagay-bagay; alalahanin, ito'y isang kimpal ng putik ng Indiana. Iyon lang. At ang babaing 'yun na nakasuot ng syorts, at naninigarilyo at nagpapakawala doon sa lansangan,

kumikembot na para bang sa kaniya ang buong bansa, ito'y isang kimpal ng putik ng Indiana, at sa ganiyang paraan ito bumabalik. Kaya't walang anuman sa iyo sa pasimula pa lang, kita n'yo. Kaya iyan, iya'y tama, iyan nga kung ano ka.

⁴⁴ Nguni't, ang kaluluwang iyan na nasa loob, kita n'yo, ang kaluluwang iyan ang siyang tinatrabaho ng Dios, kita n'yo. Kung magagawa lamang Niya ang kalikasang iyon, ang espiritung iyon, na sumang-ayon sa Kaniya, kung magkaganoon ang kalikasang iyon ay namamatay, ang kalikasan at ang pag-ibig sa sanlibutan ay namamatay, at ang mga bagay ng sanlibutan ay patay na. Kita n'yo? Dahil, "Kung iniibig mo ang sanlibutan, o ang mga bagay sa sanlibutan, ang pag-ibig ng Dios ay wala sa iyo." Kita n'yo? At ang isang tao ay kinakailangang maipanganak na muli. Kaya, ang kalikasang ito ay kailangang mamatay, at ang kalikasan ng Dios ay dumarating at namumuhay sa inyo. At ang Dios lamang ang tanging hindi kailanman nagsimula o hindi maaaring magwakas kailanman.

⁴⁵ Kaya, kung gayon, Kaniyang pinagsama, kita ninyo, at kinuha ang taong ito, makalupa, at itong Walang Hanggang Espiritu, at ito'y pinagsama. Dahil, ipinakita ng Dios ang Kaniyang Sarili pabalik roon, na Siya ay nagkatawang-Tao nang Siya'y maging si Cristo Jesus, at Siya ay Dios, kita n'yo. Ang Dios ay nakay Cristo; na, kita n'yo, nanahan sa Kaniya, pinakipagkasundo ang mundo sa Kaniyang Sarili. At, sa pamamagitan ng sakdal na Taong iyon, bawa't isa sa atin na hindi sakdal na sumasampalataya sa Dios at tinanggap Iyon, ay nagiging kasakdalan Niya.

⁴⁶ At hindi Niya pinabayaan ang Kaniyang katawan na makakita ng kabulukan, ni hindi Niya iniwan ang Kaniyang kaluluwa sa impiyerno, bagkus ibinangon Siya sa ikatlong araw, at Siya'y buhay magpakailanman. At tayo'y magkakaroon ng katawang gaya ng Kaniyang Sariling maluwalhating katawan.

⁴⁷ Iyan ay kung bakit tayo'y nabautismuhan sa Kaniyang Pangalan, upang maaari tayong ibangon sa Kaniyang Pangalan, sa Kaniyang kamatayan, sa Kaniyang pagkabuhay na mag-uli, na tayo nga'y bumangong muli, nagpapatotoo sa sanlibutan na mayroon tayong bagong Buhay, na ang lumang pagkatao ay patay na. Inilibing na natin ang unang kalikasan na iyon. Kita n'yo? Ang unang kalikasang iyon ay wala na, at ngayon tayo ang kalikasan Niya. Siya'y nananahan sa atin, at hindi na natin ginagawa ang ating sariling kalooban. Ating ginagawa ang Kaniyang kalooban. Hindi tayo nag-iisip sa ating mga sariling kaisipan. Ang kaisipan, ang kaisipan ang siyang nag-iisip. Ang kaisipan na nakay Cristo Jesus ay nasa bawa't mananampalataya. Kita n'yo, hayon—hayon ang kaluluwa, at iyan ang pinag-uusapan natin. Ngayon, iyan ang bahagi na aking iniisip ngayon, na iyan ay nasa loob natin, ang kaluluwa.

48 Ngayon, kung ating papansinin, sa ganito, maraming mga bagay na nagaganap minsan, at tayo'y nagtataka kung bakit nagaganap ang mga ito, at tinatanong natin ang ating sarili, at tinatanong natin ang iba. Subali't sa wakas, matapos ang ilang panahon, ating natutuklasan na, kung tayo'y mga Cristiano, lahat ng ito'y gumagawa nang tama, kahit paano. Nakita n'yo na iyon. Lahat ng mga Cristiano ay nakikita iyon. Iniisip natin kung bakit natin nagawa ito.

49 Aking naisip minsan, nang aking unang basahin ang Biblia, "Bakit nagawang hayaan ng Dios si Abraham, ang dakilang lalaking iyon, na tumayo roon at sabihing si Sara ay hindi niya asawa?" At kung papaanong hinayaan Niya siyang tumayo roon at magsinungaling tungkol doon, at ang mga bagay na kaniyang ginawa, at pagkatapos kung paano na Kaniyang hinayaan pa si Abraham na iwan ang lupang pangako kung saan Kaniyang sinabi sa kaniyang huwag iwanan. Sinumang Judio na nililisan ang lupang pangako ay nanumbalik sa dating sama, 'pagkat ibinigay iyon ng Dios sa kanila at nangako sa kanila na manatili roon, kita n'yo, at kanilang iniwan ito. Kaya siya'y nagtungo sa Gerar. Nguni't kung hindi pa dahil doon. . .

50 At pagkatapos si Abimelech, yaong hari roon sa bansang Filisteo, ay umibig kay Sara at pakakasalan siya, at isang mabuting tao, isang taong matuwid. At pagkatapos na siya'y marahil. . .Ito'y nakakatawang pakinggan, nguni't upang gawing makatotohanan ito sa inyo. Matapos siyang magkaroon ng kaniyang paligo sa gabi at nagsuot ng kaniyang padyama, at umusal ng kaniyang mga panalangin at nagtungo sa highaan, ang Panginoon ay nagpakita sa kaniya at nagsabi, "Ika'y sadyang gaya na ng isang taong patay," at ang tao'y wala namang anumang ginawa. Kita n'yo? Siya ay lubusang nadaya, kapuwa nina Abraham at Sara. Iya'y tama. Sabi Niya, "Nasa iyo ang asawa ng isa pang lalaki, nakita mo. At Ako—hindi Ko diringgin ang iyong mga panalangin, kahit gaano ka pa manalangin. Ika'y gaya na ng patay. Nguni't ang lalaking iyon ay Aking propeta." Kita n'yo?

51 Kita n'yo, mahirap unawain iyon, kita n'yo. Nguni't kung ito'y hindi nagkaganoon, hindi natin malalaman kung ano ang biyaya.

52 Bakit siya humayo at pinakasalan si Hagar, matapos magkaroon ng kaibig-ibig na asawang gaya ni Sara? At hindi niya nais na gawin ito, kita n'yo, nguni't sinabi ni Sara sa kaniya. At pagkatapos sinabi ng Panginoon sa kaniya, "Makinig ka sa kung ano ang sinabi sa iyo ni Sara." Bakit? Kailangang magkaroon ng Ismael, "upang ang babaing alipin at ang kaniyang anak ay hindi maging kasamang tagapagmana ng malayang babae at ng kaniyang anak." Kita n'yo kung ano ang ibig kong sabihin?

⁵³ Ang lahat ng mga bagay na ito ay mga tipo. Bakit kinailangan ng propetang iyon na mag-asawa ng isang patutot at magkaroon... sampu ng mga anak na ito, nagkaanak ng dalawa sa kaniya? Bilang isang tanda. Bakit ang isa'y nahiga sa kaniyang kanang tagiliran sa loob ng tatlong daan at apatnapung araw, at pagkatapos ay nahiga nang maraming araw sa kabilang tagiliran gaya nun? Bilang isang tanda. Ang isa'y hinubad ang kaniyang damit at lumakad sa harapan ng Israel. At, ngayon, lahat ng mga bagay na iyon, ito'y mga tipo at mga anino, kita n'yo; at kailangan nating magkaroon ng mga bagay na iyon, upang may maisasakatuparan.

⁵⁴ At, maraming pagkakataon, nangyayari ang mga bagay sa atin na tayo ay nagtataka kung bakit ito ganoon. Ito'y ang Dios na paunang ipinakikita sa atin ang isang bagay.

⁵⁵ Ngayon, habang isang munting bata, at alam ninyo ang kasaysayan ng aking buhay, ako—noon ko pa pinaniniwalaan, mula pa nang umpisa akong makaalala... Isa sa mga unang bagay na aking naaalala... Ngayon ito, ngayon, maaaring nasabi n'yo sa akin ang isang bagay kahapon, at makakalimutan ko ito sa araw na ito. Nguni't may ilang mga bagay, noon, na naganap sa mga araw ng ating kabataan, marami sa atin ang ganoon, na lagi nating naaalala. At ito'y parang halos katawa-tawa na sabihin ito, nguni't aking naaalala nang ako'y gumagapang, na nakasuot ng mahabang damit. Munting mga sanggol, ngayon ilan sa inyong mga kaedad ko ay maaalala iyon, ang mga sanggol ay dati-rating nagsusuot ng talagang mahahabang damit. At aking naaalala ako'y gumagapang, at dumadakot ng niyebe na mula sa paa ng aking tiyuhin at kinakain ito, kapag pumasok siya at nakatayo sa tabi ng apuyan.

⁵⁶ At pagkatapos ang kasunod na bagay na aking naaalalang nagaganap sa aking buhay, ay isang pangitain, ang pinakauna na nagkaroon ako, at sinabi sa akin na ang malaking bahagi ng aking buhay ay gugugulin ko malapit sa isang lungsod na kung tawagin ay New Albany. At ako ay isang munting sanggol na taga-bundok sa itaas doon, ni walang doktor nang ipanganak ako. At—at ako—ako... Alam n'yo na, sila... Nanirahan ako rito ng mga limampung taon, dito mismo; isang pangitain.

⁵⁷ At pagkatapos kung paanong dati ko nang alam na may Dios kung saan, at samantalang isang maliit pang bata ay nangusap Siya sa akin, “huwag manigarilyo, o uminom, o dungisan ang aking katawan,” ’yon ay pakikisamang imoral sa mga babae at mga bagay-bagay. Ako'y dati nang may takot dito, at isang kabataan pa ako noon.

⁵⁸ At pagkatapos ako ay nangangaso minsan, na tila ba pangalawang kalikasan na sa akin, ang maging mahilig sa pangangaso. At ako noon ay nangangaso kasama ang isang batang lalaki, si Jim Poole, isang kaibig-ibig na bata. Sa palagay

ko ang kaniyang anak na lalaki ay nananambahan dito, ang munting si Jim, at mabuting pamilya na mga tao. Kilala ko ang mga Pooles. Si Jimmy at ako ay magkasamang natutulong at magkasama na mula nang kami ay maliit pang mga bata sa eskuwelahan. Halos anim na buwan ang pagitan namin, sa edad. At napaputok ni Jimmy ang kaniyang baril, at tinamaan ako nito sa dalawang binti, napakalapit sa akin, gamit ang isang shotgun. Ako ay dinala sa ospital, at, doon, nakahiga roong naghihinala, walang penicillin o walang-wala noong mga araw na iyon. At, ngayon, mayroon silang isang gomang banig sa ilalim ko, at alam ko nang gabing iyon. . . . Sila'y mag-oopera kinaumagahan.

⁵⁹ Basta nila hinarap at nilinis ang sugat, at malalaking piraso ng laman ang sumabog, at sila'y kumuha ng gunting at tinanggal ito, at kinailangan kong humawak sa mga kamay ng tao. At nasa kanila si Frankie Eich, siya ay nagpakamatay kamakailan lang, at kinailangan nilang hawakan, puwersahin ang aking mga kamay na makawala mula sa kaniyang mga bisig, nang—nang sila'y matapos na. Ako ay sumigaw at umiyak, at humahawak na gaya niyan, at sila na nagtatanggal ng bahaging iyon ng binti. Ako noon ay labing-apat na taong gulang, isang bata lang.

⁶⁰ At nang gabing iyon ay pinilit kong matulog, at sila. . . ako'y nagising, may kung anong tumilamsik. At narito ang dugo, halos kalahating galon, sa palagay ko, nagmula sa mga ugat na iyon. At kanilang. . . kinuhanan nila ng x-ray, at kanilang sinabi na ang tama ay napakalapit diyan sa malaking ugat, sa magkabilang panig, na isang maliit na gasgas lang ay maaaring maputol ito sa dalawa, at ako'y magsisimulang duguin. “Buweno,” naisip ko, “ito na ang katapusan ko.” At ibinaba ko ang aking mga kamay nang *paganito* at itinaas ito, at ang dugo ay dumaloy pababa sa aking mga kamay, sarili kong dugo iyon na hinihigaan ko. Tumawag ako, nagtimbre. Dumating ang nars, at binabaran lamang niya ito ng tuwalya dahil wala silang anumang magagawa.

⁶¹ At kinabukasan, sa ilalim ng mga ganoong nakapanghihinang kalagayan, hindi sila nagbigay ng mga pagsasalin ng dugo nang mga panahong iyon, alam n'yo, kaya sila—kanila akong inoperahan. At binigyan nila ako ng ether. At nang ako. . . . Ang dating ether, sa palagay ko naaalala n'yo, ito'y ang dating pampamanhid. At sa ilalim ng ether na iyon, nang ako'y magkamalay, nagkakamalay na ako nun mula sa ether pagkaraan ng walong oras. Kinailangan nila akong bigyan ng napakarami, akala nila hindi na ako, hindi na ako magigising. Hindi nila ako magising.

⁶² Aking naaalala si Gng. Roeder ay tumayo sa tabi ko, doon sa ospital. Hindi ko kailanman malilimutan ang babaing iyon. Kahit anuman ang mangyari, hindig—hindi ko siya malilimutan. Siya ay nasa kabataan pa noon. Ang kaniyang asawa ang tagapamahala sa pagawaan ng kotse rito. At aking—aking

naaalala nakatayo siya sa tabi ko, siya at si Gng. Stewart. At sila nga sa katunayan ang nagbayad ng aking bayarin sa ospital. Ako. . . Wala kami maging pagkain na kakainin, sa bahay, kaya paano kami makakabayad ng bayarin sa ospital, daan-daang dolyar? Nguni't siya, sa pamamagitan ng kapisanan ng kaniyang simbahan at ng Ku Klux Klan, ay binayaran ang aking bayarin sa ospital, sa Mason. Hindi ko kailanman sila makakalimutan. Kita n'yo? Anuman ang kanilang gawin, o ano, akin pa ring. . . may isang bagay, at iyan ay nananatili sa akin, kita n'yo, kung ano ang ginawa nila para sa akin. At kanilang binayaran ang bayarin kay Doktor Reeder. Siya ay buhay pa rin, nakatira rito sa Port Fulton, makapagsasabi sa inyo ng pangyayari.

⁶³ Nang ako'y magkamalay mula sa bisa ng ether na iyon, may isang bagay na nangyari sa akin doon. Dati ko nang pinaniniwalaang ito ay isang pangitain. Dahil, masyado akong mahina, at ako. . . Akala nila mamamatay na ako. Siya ay umiiyak. Nang aking idilat ang aking mga mata, upang tingnan, naririnig ko siyang nagsasalita, at pagkatapos nagbalik ako sa pagtulog, at nagising, dalawa o tatlong beses. At pagkatapos nagkaroon ako ng isang pangitain nang panahong iyon. At pagkatapos nagkaroon ako. . .

⁶⁴ Makalipas ang halos pitong buwan, kinailangan kong magtungo at ipatanggal ang mumunting nangakaumbok na bagay mula sa shotgun at magrasang damit-pangangaso sa aking mga binti; hindi ito nakuha ng doktor. At kaya nalason ang dugo ko, ang magkabilang binti ko ay namaga at nadoble sa may bandang ibaba ko, at gusto nilang alisin ang magkabilang binti hanggang sa aking balakang. At ako'y talagang. . . Sabi ko, "Huwag, itaas lang nang kaunti at tanggalin ito sa gawing *ito*." Hindi ko na talaga ito makayanan, kita n'yo. At kaya sa wakas, si Doktor Reeder at si Doktor Pirtle, mula sa Louisville, ay nagsagawa ng operasyon, at hiniwa roon at inalis ito; at sa araw na ito mayroon akong maayos na mga binti, sa biyaya ng Dios.

Subali't sa ilalim ng—ng huling pangitaing nagkaroon ako. . .

⁶⁵ Ang unang pangitain, nang magkamalay ako, at pagkatapos ako'y napunta sa pangitaing ito. At inakala kong nasa impiyerno ako, sadyang ganoon kalinaw. . .

⁶⁶ [Isang kapatid na lalaki sa kongregasyon ang nagsasabi, "Pagpaumanhinan ako, ginoo."—Pat.] Uh-huh. ["May isang babae banda rito na hinimatay, sa gawi roon."] Sige, isa sa inyo ang magpatong ng kaniyang mga kamay sa kaniya, at siya. . . marahil dalhin siya sa mahangin. Ngayon sino man ang nakatayo rian, ipatong ang iyong kamay sa kaniya.

Tayo'y manalangin.

67 Mahal na Panginoong Jesus, nawa ang kapatid naming babae na may sakit ngayong umaga, at siya'y nahimatay sa silid, nawa ang biyaya Mo at kalakasan at kapangyarihan . . . may mga kamay na nakapatong sa kaniya ngayon, na kumakatawan sa Iyo. At ang Kasulatan ay nagsabi, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na nagsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may sakit, sila'y magsisigaling." At ngayon nawa ang aming kapatid na babae ay makalaya sa karamdamang ito, at gumaling para sa kaluwalhatian ng Dios. Sa Pangalan ni Jesus Cristo ay hinihiling namin ito, at ipinagkakatiwala siya sa Iyo. Amen.

68 Ngayon dalhin siya sa may hangin. Ito'y—talagang ito'y masyadong kulob. Nararamdaman ko ito rito, totoong, totoong masama. Talagang nakakahilo ang pakiramdam, dito sa entablado. Naramdaman ko ito, apat o limang beses dito. Kung mayroong . . . sa sandaling bumuti ang kaniyang pakiramdam, aba, dalhin siya kung saan siya makakakuha ng hangin. Mabuti iyan. Uh-huh. Kita n'yo, ito'y masyadong sobrang kulob, alam n'yo na. Ang mga tao ay lumilikha, bawa't isa sa atin, ng napakaraming kuwadrang talampakan ng karamdaman lamang. Kung meron kayo, merong may tubig diyan, o anuman na mailalagay sa kapatid na babae. Siya ay—siya ay, mabuti na ngayon. Kita n'yo? Mabuti. [Isang kapatid na lalaki sa kongregasyon ang nagsasabi, "Panatilihin nating bukas ang mga pinto, Kapatid na Branham."—Pat.] Siyanga, marahil kung inyong mabubuksan ang mga pinto, siguro, o magbigay ng kahit kaunting hangin, sa abot ng magagawa natin, sa anumang paraan, kita n'yo.

69 Ngayon sa pagkakataong ito, samantalang nakita ko ang pangitaing ito, at inaakala na ako—ako ay lumipat na mula sa buhay na ito tungo sa pagdurusa.

70 At makaraan ang pitong buwan, dito sa Clark County Memorial Hospital, ako ay nagkaroon ng pangalawang operasyon. At sa panahong iyon, nang magkamalay ako, akala ko ay nakatayo ako sa Kanluran. Nagkaroon ako ng isa pang pangitain. At may isang napakalaking ginintuang krus sa mga himpapawid, at ang Kaluwalhatian ng Panginoon ay dumadaloy mula sa krus na iyon. At tumayo akong nakaunat ang aking mga kamay nang *paganito*, at ang Kaluwalhatiang iyon ay bumababa sa aking dibdib. At ako . . . Iniwan ako ng pangitain. Ang ama ko ay nakaupo roon at nakatingin sa akin, nang dumating ang pangitain.

71 Dati ko nang nadarama, kayo . . . Lahat ng mga taong nakakilala sa akin sa lahat nitong mga taon nang nagdaan, ay alam na noon ko pa hinahangad na magtungo sa Kanluran. Alam n'yo kung paano ito. Lagi nang may isang bagay sa Kanluran. Nguni't dahil sa sinabi sa akin ng isang astronomo minsan, ang ganoon ding bagay, na dapat akong magtungo

sa kanluran. . . Ang mga bituin, kapag tumawid na sila sa kanilang mga iniikutan at iba pa, ako ay isinilang sa ilalim ng tandang iyon, at hindi kailanman ako magtatagumpay sa Silangan; kinakailangan kong magtungo sa Kanluran. At noong nakaraang taon ako ay umalis, pa-Kanluran, upang tuparin kung ano ang minimithi nang buong buhay noon pa man, kita n'yo, upang—upang gawin ito.

⁷² Bakit ako naroroon? Ito ang pinaka katawa-tawang bagay. Naninirahan doon sa disyerto, nagbabayad ng isang daan at sampung dolyar bawa't buwan, sa upa, at narito ang isang bahay na nakatayo sa dako rito, isang tirahang pang-ministro, na ibinigay sa akin, kita n'yo. Nguni't ito'y pagsunod sa Panginoon, kita n'yo, iyon—iyon lang ang alam kong gawin. At alam n'yo na ang mga pangitain at kung ano ang naganap doon. Ngayon—ngayon dito ay gusto kong sabihin upang . . .

⁷³ Ngayon kung ang kapatid nating babae ay nakakaramdam ng kaunting panghihina, Kapatid na Roy, at siya'y. . . nais niyang lumabas kung saan at paupuin siya sa isang silid sa gawing ito, kung saan mas makasasagap siya ng mas maraming hangin o anuman, at 'yon ay siguradong mainam, dahil, nadarama kong magiging maayos na siya ngayon, kita n'yo. Ito'y walang anuman. Nanghihina lang siya, may sakit. At kaya aking—aking sinasabi sa inyo, kung siya . . . kung nais n'yo siyang dalhin sa gawing ito kung saan ang hangin. . . itaas ang mga bintanang ito, Kapatid na Roy, at kung nais ng kapatid na babaing dumaan, iyan—iyan ay walang anuman. Kita n'yo, kung nais niya na—na pumarito, buweno, sadyang huwag iyan ikabahala.

⁷⁴ Nais kong ipatong ang aking mga kamay sa kaniya kapag dumaan siya rito. Pagpaumanhinan ninyo akong lahat ng isang sandali. At patawarin ako ng Dios dahil. . . Iyan, 'yan ay tama, kapatid.

⁷⁵ Makalangit na Ama, itong anak Mong babae na nakaupo rito sa umagang ito, at naparito siya upang makinig ng Mensahe, at nagkaroon. . . tinatangang gambalain siya ni Satanas mula rito, nguni't hindi niya ito magagawa. Hindi niya ito magagawa. “Hindi magagawa ni Satanas, sa pangalan ni Jesus Cristo.”

Mabuti. Buweno, ang pintong iyon, sa palagay ko kung may ilang. . . ? . . . mga kapatiran, kung ganoon ay makararaan ang hangin dito, sa iyon.

⁷⁶ Oh, napag-usapan ang pagiging maalinsangan, dapat ay marating n'yo ang ilang mga lugar na ito sa ibayong dagat kung saan ay patung-patong ang bawa't isa sa kanila, na may mga ketong at kanser. At, oh, naku, halos hindi ka na makahinga, alam n'yo, sa mga ganoong bagay. Nakahiga sa malalaking mga gusaling iyon, na sadyang kontaminado ng—ng mga sakit. At alam n'yo kung ano ang may ketong. Naroon, nakahiga roon na

walang tainga, at kalahati ng mukha nila ay kinain na, at walang mga bisig, at maliliit na kahoy bilang mga paa, at mga bagay na gaya niyan, nakahiga, patung-patong sa isa't isa. At marami sa kanila ang mga naghihingalo roon mismo, nakaratay roon, mula sa pagkakasiksikan sa isa't isa, nagpupumilit na makahanap ng puwesto kung saan, alam n'yo na, upang makarinig ng Mensahe.

⁷⁷ At ngayon—ngayon dito, sasabihin ko sa inyo kung ano ang nangyari. Sa pangitain na nagkaroon ako, aking babalikan, dahil nabanggit ko iyon, ang dalawang pangitain, para ipakita sa inyo ang tungkol sa isa sa kanila. Ako'y mapapasa Kanluran. Dati ko nang hinahangad iyon.

⁷⁸ At ngayon, ang layunin ng Mensahe sa umagang ito ay upang balitaan ang iglesia, sa lahat ng mga bagay na ipinahihintulot Niyang ibalita ko sa iglesia, sa abot ng aking nalalaman, hanggang sa . . . habang nagpapatuloy ako. At ito'y tumimo sa akin, kaya't nais kong balitaan ang iglesia. Ngayon, ito'y para lamang sa tabernakulong ito, kita n'yo, para rito. Ngayon, at sa pangitaing ito, ang una, ganito kung ano ang naganap.

⁷⁹ Matapos tumama sa akin ang pangitain, at ako noon ay nanghihina nang husto, at nawala sa akin ang lahat ng dugong iyon, at nagpunta . . . akala ko ay lumulubog ako sa isang walang katapusang Eternidad. Marami sa inyo ang nakarinig nang sabihin ko ito noong una, at—at lumulubog sa isang walang katapusang Eternidad. Una, dumaraan ako sa parang mga ulap, at pagkatapos ay sa kadiliman, at patuloy sa paglubog pababa, pababa, pababa. At ang unang bagay na nalalaman mo, napunta ako sa mga lugar ng mga napahamak, at doon ako—ako'y sumigaw. At ako'y napatingin, at doon, sadyang lahat na, wala iyong pundasyon. Hinding-hindi ako mahihinto sa pagkahulog. Sapagka't ang Walang Hanggan, para bang, ako'y mahuhulog. Walang hintuan, saan man.

⁸⁰ At pagkatapos anong pagkakaiba nito mula sa pangitaing nagkaroon ako rito, hindi pa katagalan, tungkol sa pagiging nasa Kaluwalhatian kasama ng mga tao, ang kabaligtaran! Nguni't dito, habang ako'y nahuhulog, sa wakas ako, ako'y—ako'y napasigaw sa tatay ko. Siyempre, bilang isang bata lamang, iyon ang gagawin ko. Ako'y napasigaw sa tatay ko, at ang tatay ko'y wala roon. At ako'y napasigaw sa nanay ko, “Saluhin n'yo ako!” Walang nanay doon. Sadyang tuloy-tuloy ako. At ako'y napasigaw noon sa Dios. Walang Dios doon. Wala roong kahit ano.

⁸¹ At pagkalipas ng ilang saglit aking narinig ang pinakamalungkot na tunog na noon ko lang narinig, at iyon na ang nakakatakot na pakiramdam. Walang paraan . . . Maging ang isang totoong nagliliyab na apoy ay magiging kasiya-siya pa kaysa sa kung ano iyon. Ngayon ang mga pangitaing iyon ay hindi pa kailanman nagkamali. At 'yon ay talagang isa sa mga

pinaka-nakakapanghilakbot na pakiramdam na kailanman ay aking naramdaman, at anong ginawa . . .

⁸² Ako ay nakarinig ng ingay, tila tunog ng isang uri ng isang—isang—isang nagmumultong pangyayari. At samantalang ganoon, ako’y tumingin, parating, at mga babae iyon. At sila’y may berdeng bagay, sadyang makikita lang ang kanilang mga mukha, at sila’y may berdeng bagay sa ibaba ng kanilang mga mata. At ang mga mata nila’y tila nakatirik, tulad ng pagpipinta ng mga kababaihan ngayon sa kanilang mga mata, nakatirik gaya *niyan*, at sadyang ang kanilang mga mata at mukha. At sila’y gumaganito, “Ooh, ooh, ooh, ooh!” Oh, naku!

⁸³ Ako’y sadyang sumigaw, “O Dios, mahabag Ka sa akin. Mahabag Ka, O Dios! Nasaan Ka? Kung papayagan Mo lang akong bumalik at mabuhay, ipinangako ko sa Iyo, na magiging isang mabuting bata.” Ngayon, iyon lang ang masasabi ko. Ngayon, batid ng Dios, at sa Araw ng Paghatol, hahatulan Niya ako sa pangungusap na iyan. Iyon ang sinabi ko, “Panginoong Dios, payagan Mo akong makabalik, at ipangangako ko sa Iyo na ako’y magiging isang mabuting bata.”

⁸⁴ At nang mabaril ako, nakapagsinungaling ako, nagawa ko halos lahat ng maaaring gawin, tanging isa lang ang masasabi ko . . . Marahil ay makabubuting linisin ko na ito habang naririto ako ngayon. At nang napayuko ako at nakita kong halos nahati ako sa dalawa, halos, sabi ko, “Dios, mahabag Ka sa akin. Alam Mong kailanman hindi ako nagkasala ng pangangalunya.” Iyon lang ang bagay na masasabi ko sa Dios. Hindi ko pa tinanggap ang kapatawaran Niya, at lahat ng mga bagay na ito. Sabi ko lang, masasabi, “Hindi ako kailanman nagkasala ng pangangalunya.”

⁸⁵ At pagkatapos ay inilabas nila ako roon. At pagkatapos, sa ganiyan, umiyak ako, “Dios, kahabagan Mo ako. Magpapakabait na akong bata, kung pabalikin Mo lang ako,” dahil batid kong may Dios saan man. Kaya’t tulungan ako, yaong mga pagod na nilalang sa buong palibot, ako’y isang bagong dating pa lang. At ang pinaka-nakapangingilabot, kahindik-hindik, masamang pakiramdam doon . . . Para bang mga naglalalaking mga mata, mahahabang pilikmatang *paganoon*, at nakaguhit pabalik na gaya sa pusa, parang pabalik na *paganito*; at berdeng bagay, na para bang nabulok na ito o anuman.

At sila’y—sila’y nagpapatuloy, “Ooh, ooh, ooh!” Oh, anong pakiramdam! Ngayon nang ako . . .

⁸⁶ Pagkatapos sa isang iglap, ako’y nagbalik muli sa natural na buhay. Ang bagay na iyon ay bumagabag sa akin. Inisip ko, “Oh, nawa’y hindi ako kailanman mapunta sa isang dakong tulad nun; walang sino pa mang tao ang kailanma’y kailangang mapunta sa isang lugar na gaya niyaon.”

⁸⁷ Pitong buwan ang lumipas, ako ay nagkaroon ng pangitain na nakatayo sa Kanluran, at nakikita 'yung gintong krus na bumababa sa akin. At aking—aking nalamang may lugar ng mga napahamak saan man.

⁸⁸ Ngayon, hindi ko masyadong napansin ito hanggang nitong mga apat na linggo na ang nakaraan. Ang asawa ko. . .Hindi iyon naisip sa ganitong kaparaanan. Mga apat na linggo na ang nakalipas, ang maybahay ko at ako ay pumunta ng Tucson, upang mamili. At habang nakaupo kami. . .Ang maybahay ko, nagtungo kami sa ibaba, at—at may isang kumpol ng mga kabataang lalaki na mukhang mga bakla na ang mga buhok nila ay nakatikwas, alam n'yo na, tulad ng ginagawa ng mga babae, at—at ang bangs ay nakasuklay pababa rito sa harapan, at suot itong mga pantalong matataas ang baywang, na parang, palagay ko'y mga beatnik, o kung ano man ang tawag n'yo sa kanila. At naroon sila, at bawa't isa'y nakatingin sa kanila, at ang mga ulo nila ay *ganiyan* kalaki, gaya ng mga babaing nag-aayos nitong “waterhead” na mga gupit, alam n'yo na. At naroon sila sa baba.

⁸⁹ At isang dalaga ang dumaaan, at sinabi niya, “Ano ang palagay n'yo tungkol diyan?”

⁹⁰ Sabi ko, “Kung ganoon dapat ay mahiya ka sa sarili mo, kung maiisip mo ang ganoon.” Sinabi ko, “Mayroon siyang karapatang gawin iyon tulad mo. Maging sino man sa inyo ay walang karapatan.”

⁹¹ Kaya't pumanhik ako sa itaas, at naupo ako. At nang maupo ako, may escalator doon, iyon ay sa tindahan ng J.C. Penny, at ipinapanhik ng escalator ang mga tao. Buweno, talagang ako'y nakaramdam na nasusuka ako, ang makitang pumapanhik ang mga babae roon; kabataan, matanda, at mapagwalang-bahala, kulubot na, kabataan, at lahat ng uri, na nakasuot ng maiikling syorts; ang malaswa nilang katawan, at 'yung mga kababaihang nakadamit nang seksi, na ang mga ulo ay naglalakihang gano'n, at heto silang parating. At may isang humakbang palabas ng escalator, papalapit na gano'n, kung saan ako nakaupo roon sa isang upuan, nakaupo roon na nakayuko ang aking ulo.

⁹² At lumingon ako at tumingin. At isa sa kanila na pumapanhik sa hagdan ay nagsasalita, “Ooh,” nagsasalita ng Espanyol, sa isa pang babae. Siya'y isang babaing puti na nakikipag-usap sa babaing Kastila. At nang ako'y tumingin, [Pinalalagitik ni Kapatid na Branham ang kaniyang daliri—Pat.] bigla na lamang akong nabago. Hayun, nakita ko na iyon dati. Ang kaniyang mga mata, alam n'yo na kung ano ang ginagawa ng mga kababaihan ngayon, pinipintahan ang kanilang mga mata, kamakailan lang, tulad ng pusa, alam n'yo inilalagay iyong *paganito*, at nagsusuot ng mga salaming pusa at lahat na, alam n'yo na, na ang mga mata ay nakataas gaya *nito*, at ang berdeng bagay na 'yan sa ilalim ng kanilang mga mata. Hayun

ang bagay na iyan na nakita ko noong bata pa ako. Hayun na ang babae sadyang tugmang-tugma. At biglang namanhid ang buong katawan ko, at nagsimula akong tumingin sa paligid, at naroroon 'yung mga taong bumubulong-bulong, alam n'yo na, nag-uusap tungkol sa mga presyo at mga bagay sa loob ng gusali. At talagang ako. . .

⁹³ Tila ba ako'y nabago sa isang iglap. At tumingin ako, at naisip ko, "Iyan ang kung ano ang nakita ko sa impiyerno." Hayun na nga sila, ang pagkakabulok na iyon. Naisip ko na dahil nasa impiyerno sila kaya sila nagkaganoon, isang mamerde-merdeng asul sa ilalim ng kanilang mga mata. At narito ang mga babaing ito na pinintahang mamerde-merdeng asul, talagang katulad ng nasa pangitain ko na 'yon mga apatnapung taon na ang lumipas.

⁹⁴ Kita n'yo, mga apatnapung taong nakalipas, ay ganoon nga iyon. Ako'y singkuwenta'y kuwatro; katorse ako noon. Kaya mga apatnapung taon na ang lumipas, ako. . . At iyon ang—ang. . . Iyan ang bilang, paano't paano man, ng paghatol, kita n'yo. Ngayon mayroong. . .

⁹⁵ Aking nakita iyon at ni hindi ko magawang makapagsalita sa aking asawa nang dumating siya. Naroon siya na nagsisikap na makabili para kay Sara at sa mga bata ng anuman, tila isang—isang damit o gamit para sa eskuwela, at ako'y—ni hindi ko magawang. . . ni hindi ako makapagsalita sa kaniya. Sabi niya, "Bill, anong nangyayari sa iyo?"

Sabi ko, "Honey, para akong. . . Ako'y halos isang patay na tao na."

At sabi niya, "Anong nangyayari? May dinaramdam ka ba?"

Sabi ko, "Hindi. May bagay na nangyari lang."

⁹⁶ Ngayon hindi niya alam. Hinihintay niyang bumalik ang teyp na ito. Hindi ko pa ito nasabi sa kanino man. At aking inisip ako'y maghihintay, tulad ng naipangako ko, ilahad muna ito sa iglesya. Kita n'yo? Ilahad ito sa iglesya. Iyon ang pangako ko. At mapagtatanto ninyo, pagkatapos ng gaging ito, ang dahilan kung bakit sinisikap kong tuparin ang aking pangako. Kita n'yo?

⁹⁷ Aking naisip noon, habang napansin ko yaong mga tila nabubulok na mga mata ng mga babaing iyon. Naroon ang mga Kastila, ang Pranses, at Indian, at puti, at lahat magkakasama, nguni't ang mga naglalakihang ulong iyon, alam n'yo na, pinataas, sa pamamagitan ng mga ganoong suklay, sa paraang sinusuklay nila ito palikod, talagang malaki, at pagkatapos ay pinatitikwas. Alam n'yo na, alam n'yo kung paano nila ginagawa ito, inaayos ito gaya ng ginagawa nila. At pagkatapos yaong tila nabubulok nang mga mata, at ang mga matang may pinta, tumitirik ang mga ito na mistulang mga mata ng pusa. At sila'y

nag-uusap, at naroon akong muli, nakatayo roon sa tindahan ng J.C. Penny, bumalik sa impiyernong muli.

⁹⁸ Ako—ako—ako’y labis na natakot. Naisip ko, “Panginoon, tiyak na hindi pa ako patay, at itinulot Mong makaparito ako sa lugar na ito matapos ang lahat.”

⁹⁹ At hayun naroon sila, gumagawa...nakapaligid na paganoon, sa pangitaing iyon na tila, halos hindi mo ito marinig sa iyong mga tainga, alam n’yo na. Ang bulungan lamang at galaw, ng mga tao, at silang mga babae na pumapanhik sa escalator na ’yon at nagpapagala-gala roon, at ’yung, “Ooh, ooh!” Hayun ’yung mga berde, nakakatawang-tingnan na mga mata, at malulungkot.

¹⁰⁰ At lumapit ang asawa ko. At ang sabi ko, “Hayaang mapag-isa ako nang sandali, honey.” Sabi ko, “Kung hindi mo mamasamin, ako—ako—gusto ko nang umuwi.”

At sabi niya, “May sakit ka ba?”

¹⁰¹ Sabi ko, “Wala, sige lang, honey, kung kailangan mo pang mamili.”

Sabi niya, “Hindi, tapos na ako.”

¹⁰² At ang sabi ko, “Hayaan mong hawakan ko ang bisig mo.” Kita n’yo? At ako’y lumabas.

Sabi niya, “Ano ba’ng nangyari?”

Sabi ko, “Meda, ako—ako—ako...May nangyari doon sa itaas.”

¹⁰³ At habang ako’y nasa kalagayang iyon, naisip ko ito, “Anong araw na ba ang pinamumuhayan namin? Ito na nga kaya ang Ikatlong Hatak?” Ngayon may mga isinulat ako rito.

¹⁰⁴ Si Jesus. Ating nalalaman na, si Jesus, sa Kaniyang ministryo, matapos Siyang mangaral sa mga tao. Ngayon tayo’y magiging talagang batay sa Kasulatan tungkol dito. Matapos wakasan ni Jesus ang Kaniyang ministryo, at ang Kaniyang ministryo ay tinanggihan ng mga tao. Ngayon iintindihin ninyo ang mga pahiwatig, buuin ang inyong sariling pagkaunawa. Alalahanin kung ano ang sinabi ko sa inyo sa pasimula. Pagkatapos Niyang mangaral. . .

¹⁰⁵ Siya’y dumating bilang yaong Isang ipinangako para sa araw na iyon. Alam nating lahat iyan. Ang Mga Kasulatan ay ipinakilala si Jesus Cristo bilang Mesiyas. Tama iyan. Lubusan, buong tibay, pinagtibay ng Dios at ng Kaniyang Salita, na Siya ang Mesiyas. Walang katanungan. Kung ang sinuman ay may katanungan dito, kung meron kang tanong, kung ganoon ay dapat kang lumapit sa altar, na, “Hindi Siya ang Mesiyas.” Siya ay malinaw na ipinakilalang Mesiyas. Nguni’t matapos Niyang buong linaw na. . . Ipinakilala Siya ng Dios.

¹⁰⁶ Gaya ng sinabi ni Pedro sa Araw ng Pentecostes, nang mangusap siya sa Sanhedrin doon, sa apat na . . . mga apat na araw ang nakalipas. Sabi niya, “Si Jesus na taga Nazaret, isang Lalaking pinatunayan ng Dios sa inyo sa pamamagitan ng mga tanda at kababalaghan, na ginawa ng Dios sa pamamagitan Niya sa gitna ninyo, na lahat tayo’y mga saksi. Kita n’yo? Inyong kinuha, at sa pamamagitan ng mga kamay na tampalasan, at ipinako sa krus ang Prinsipe ng Buhay; na binuhay ng Dios, at inilahad ang mga bagay na ito na inyong nakikita.” Kita n’yo? Si Cristo ay patuloy na nabuhay. Siyempre, nananatiling buhay ngayon.

¹⁰⁷ Ngayon matapos na si Jesus ay malinaw na dumating, ipinakilala ang Kaniyang Sarili; ang Dios ay ipinakilala Siya, at Siya’y nagpropesiya. At matapos ang mga araw ng Kaniyang propesiya, bagama’t naipakilala batay sa Kasulatan, ang mga tao ay tinanggihan Siya. Tama iyan. At Siya’y nangaral noon matapos nila Siyang tanggihan dito, yaong may mga posibilidad na maligtas. Alalahanin, noong Siya’y nangangaral, mayroong posibilidad ang sinoman na maligtas. Hindi natin alam kung sino sila. Sila’y itinalaga na. Subali’t Siya’y patuloy na nangaral.

¹⁰⁸ Datapuwa’t pagkatapos ng mga araw ng Kaniyang pangangaral, ang Kaniyang ministryo ay nagpatuloy, ‘pagkat ang huling pangkat na Kaniyang pinangaralan ay ang mga kaluluwang nasa impiyerno, na hindi na mapapatawad. Maliwanag kong nabasa iyan mula rito sa Biblia, mula sa Ikalawang Pedro. Kita n’yo? Siya’y pumaroon at nangaral sa mga kaluluwang nasa bilangguan, na siyang hades, nakakulong hanggang sa Araw ng Paghatol.

¹⁰⁹ Dahil, inyong nakikita, ang Paghatol ay hindi ngayon, at walang nagniningas na impiyerno ngayon. May nagsasabi sa iyo, “Ang taong iyon ay nasa nagniningas na impiyerno ngayon,” iyan ay mali. Kita n’yo? Ang isang hukom dito sa lupa ay makatuwiran lamang na hindi hatulan ang isang tao hanggang maiharap siya sa paglilitis. At ang Dios ay hinding-hindi ibubulid ang isang tao sa—sa nagliliyab na hurno hanggang sa mahatulan muna siya ng Sariling mga batas ng Dios. Kaniyang tinanggihan ang habag, kaya, kita n’yo, kailangan muna niyang magkaroon ng paglilitis, at ang paglilitis ay ang Dakilang Puting Luklukan ng Paghatol. Datapuwa’t siya ngayon ay nasa isang dakong tinawag na bahay-bilangguan.

¹¹⁰ Habang nakita ko ang pangitain ng dalawang lugar, at sa biyaya ng Dios. . . sinasabi ko ito hindi para lumapastangan, at, kung mali ito, patawarin ako ng Dios. Naniniwala akong napuntahan ko na ang parehong lugar, kita n’yo, sa parehong lugar. At aking nakita ang mga tinubos, ang pinagpala; at aking nakita ang mga napahamak, at kung saan sila naroon. At iya’y kung bakit nakatayo ako bilang inyong kapatid, sa araw na ito, upang balaan kayong layuan ang pababang landas na iyan.

Huwag na huwag kayong tumungo sa daang iyon. At taglay n'yo ang lahat ng bagay para mabuhay, sa pinagpalang daang pataas na iyon, kung saan ang tinubos ay nasa kagalakan at kapayapaan, at hindi na sila maaaring magkasala. Hindi na sila maaaring—di na maaaring magsisi. Hindi maaari. Doon, walang anuman doon; sila ay mga sakdal. Nakita na ang dalawang lugar! Alam kong 'yan ay mahirap na pahayag para gawin ng isang tao, nguni't, ang Dios na aking Hukom, taos-puso kong pinaniniwalaang nakita ko na ang parehong lugar. Ako—ako'y naniniwala rian.

¹¹¹ At, oh, huwag nawang mangyari na sinumang tao ay mapasok sa mga lugar na iyon ng mga napahamak! Kung kayo'y nakatayong may maiinit na mga alambreng nakatuhog sa inyo, pinahihirapan sa lahat ng paraan, hindi ito tulad nung sa makadiablong pagpapahirap na naroon sa lugar na iyon. Walang anumang bagay na maaaring...ang makataong kaisipan ay hindi kayang, hindi kayang maunawaan ng makataong kaisipan kung ano ang mga lugar na iyon ng mga napahamak. Walang paraan para ipaliwanag ito. At walang paraan para ipaliwanag kung ano ang mga lugar ng mga pinagpala, ito'y napakadakila. Iyon ay lubhang kahindik-hindik, at Ito'y labis-labis na dakila, ito'y mula sa kakutyaan tungo sa kadakilaan. Kaya't kung sinumang nakakarinig sa akin...

¹¹² At ako'y nagiging isang taong matanda na. Hindi ko alam kung gaano pa katagal ang ilalagi ko. Ako'y malapit nang maging singkuwenta'y singko anyos. At ako—hindi ko alam, ayon sa kalikasan, marahil ay hindi na ako magkakaroon pa ng maraming taon. Hindi ko alam kung saan makararating ang teyp na ito. Nguni't hayaang marinig ng lahat, dito at sa teyp, o kung saan man ito makarating. Huwag na huwag kayong tutungo sa mga lugar na iyon ng mga napahamak. Hindi n'yo mailalarawan ang impiyerno na ganoon kasama. At anuman ang gawin n'yo, huwag na huwag kayong kukuha ng anumang...kalimutan ito, na ang lugar ng mga mapapalad...ito ang masasabi ko, kasama si San Pablo, "Ang mata'y hindi nakakita, ang tainga'y hindi nakarinig, o pumasok man ito sa puso ng tao, kung ano ang inilalaan ng Dios para sa mga umiibig sa Kaniya." Kaya't tumigil, kung ika'y nakikinig sa teyp, patayin mo ang makina, at magsisi kung hindi ka pa ligtas, at makipagkasundo ka sa Dios.

¹¹³ Aking sinasalita ito sa pamamagitan ng sariling karanasan, gaya ng aking pinaniniwalaan sa aking puso. At sinasabi ko, kung ang mga ito, kung nadaya ako ng mga pangitain, mahabag nawa ang Dios sa akin na magbitiw ng ganuong mga pangungusap. Datapuwa't sa katapatan sa aking puso, nalalamang walang isa man sa mga pangitaing iyon ang nabigo kailanman, ako'y naniniwalang narating ko na ang parehong lugar. Malayo nawang mangyari na may sinumang taong bumagtas ng daang iyon na pababa!

114 Ngayon, si Jesus, matapos Niyang wakasan ang Kaniyang ministeryo, ay nangaral sa mga kaluluwang iyon na hindi na maililigtas, na hindi na talaga maliligtas. Ngayon sinasabi sa atin iyan ng Biblia. “Siya’y pumaroon at nangaral sa mga kaluluwang nasa bilanguan, na hindi nagsisi.” Nang ipagkaloob sa kanila ang awa, itinakwil nila ang awa, at ngayon ay naghihintay sila sa Paghatol. Oh, anong panahon marahil iyon! Oh, may paraan sana upang magawa kong yugyugin ang sanlibutan sa pamamagitan niyan, upang maipakita sa kanila kung ano nga ang katotohanan.

115 At sinabi ni Jesus, Siya Mismo, “Kung paanong isinugo Ako ng Ama, gayon Ko rin kayo isinusugo.” At gaya na isinugo Siya ng Ama upang mangaral sa—sa mga buhay, doon sa mga may pag-asa, at pagkatapos ay inilahad ang Mensahe ring iyon doon sa mga wala nang pag-asa, tila umaangkop, sa panahong ito, na iyan ay kakailanganing gawin, ’pagkat ang Espiritu ni Cristo na nananahan sa atin ay hindi binabago ang Kaniyang kalikasan, o hindi binabago ang pamamaraan ng Dios. Siya dapat ay maging ganoon pa rin sa bawa’t salinglahi. Siya dapat ay maging ganoon pa rin. Sabi, “Kung paanong isinugo Ako ng Ama, gayon Ko rin kayo isinusugo.”

116 Ang mga ministeryo ay dapat maging ganoon din, yamang sinabi Niya. . . Nakikita kong ang ilan sa inyo ay nagsusulat ng Mga Kasulatan. San Juan 14:12, “Ang sa Akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa.” Kita n’yo, “ang mga gawa,” pangangaral sa mga napahamak, pagpapagaling sa mga maysakit, at pagkatapos ay doon sa mga imposible nang maligtas kailanman. Kita n’yo? Ang gawa ay nagpatuloy nang ganoon pa rin na gaya ng dati. Kaya, ito na nga, (ito na nga ba?) hayaang ilatag ko ito nang paganito, ang ministeryo ni Jesus Cristo na muling nagkatawang-tao sa Kaniyang Iglesya sa mga huling araw na ito. Iyan ang pinaniniwalaan ng karamihan sa atin. Ako ay sumasampalatayang kasama n’yo. Aking sinasampalatayanan ito. Kung hindi ko ito sinasampalatayanan, ako’y gagawa ng ibang bagay tungkol dito. Dahil, pagkatapos ng lahat, ako ang siyang ma- . . . may pananagutan dito. At kung ang Espiritu ng Dios ay nasa inyo, kayo’y magmamalasakit sa mga tao.

117 May isang Kasulatan na sa tuwina’y pinagtatakahan ko, kung paanong nagawa ni Moises na sabihin sa Dios ang mas magandang ideya kaysa naroon sa Dios, hanggang sa malaman kong Espiritu pala iyon ni Cristo na nakay Moises. Kita n’yo?

118 Ang sabi ng Dios, “Moises, ihiwalay mo ang iyong sarili sa kanila. Lilipulin Ko ang lahat, at magpapasimula sa iyo.”

119 Sabi niya, “Panginoon!” Inilagay niya ang kaniyang sarili sa pagitan, sabi, “Kunin mo na ako. Burahin Mo ang pangalan ko.”

Sa mga taong ito na naghimagsik, ang puso niya ay nagmalasakit para sa kanila. Kita n'yo?

¹²⁰ At kapag ang isang ministro na may damdamin para sa mga tao sa kaniyang puso . . . Paano ko madaramang ariing ganap sa aking . . . sa harap ng Dios, at sa aking sarili, na maglihim ng anuman sa mga taong higit mong iniibig kaysa iniibig mo ang iyong sarili. Paanong magagawa ng isang tao na akayin ang isang tao sa iglesya sa pamamagitan ng pakikipagkamay, o sa isang pagwiwisik, o sa isang maling bautismo, o kung ano pa man, at hayaan silang maisalig sa ilalim ng—ng impluwensiya ng isang kasinungalingan at alam na nakalapag ang Biblia roon, at sasabihing mahal niya ang taong iyon?

¹²¹ Kahit pa kailangang mamalimos ako para sa ikabubuhay ko, o anuman ito, maging tapat nawa ako sa Dios at sa mga tao, na sabihin sa kanila ang Katotohanan. Huwag nawa akong maging mandaraya. Paano kong magagawang dayain ang mahal ko? Bagama't kailangan kong saktan sila, gayon pa ma'y mahal ko sila. Iyan ang dahilan kung bakit pinapalo mo ang iyong anak, ay dahil mahal mo siya. Hindi dahil hindi mo siya gusto; dahil mahal mo siya. Kung siya'y mali, siya'y mapapatay kung hindi mo siya itutuwid.

¹²² Ngayon, naging ganiyan din nga ang ministeryo. Kung paano ito noon, ganito rin ito ngayon. Ito'y naipangaral na, at lubos na napagtibay na ng Salita ng Dios, na hindi ito sa tao, ito'y sa Dios. Ito nga. Pansinin, ang siya ring espirituwal na mga tandang ginawa ni Jesus, ay muling naganap sa lupa sa huling mga araw. Ang mismong espirituwal na tanda na Kaniyang ipinakilala ang Sarili Niya bilang Mesiyas, ay nagpakilala sa Kaniya sa araw na ito. Siya ay Mesiyas pa rin! Ang ganoon ding materyal na mga tanda ay lumitaw sa lupa, na lumitaw sa pamamagitan Niya, kung ano Siya noon. Ang siya ring Haliging Apoy na nakita ni San Pablo, yaon ding Isang iyon, lahat ng muling naganap na taglay ang ganoon ding kalikasan dito, na gumagawa ng ganoon ding bagay.

¹²³ Si Jesus ay nagpahayag na hindi Siya makagawa ng anuman malibang ipinakita sa Kaniya ng Ama. At ang Ama ay ang Espiritu Santo, napagtanto natin iyan. Isang katungkulan lamang iyon ng Dios. Kung hindi ito, kung gayon sino ngayon sa kanila ang Ama ni Jesus Cristo? Sinabi ni Jesus na ang Dios ang Kaniyang Ama, at ang sabi ng Biblia na ang Banal na Espiritu ang Kaniyang Ama. Ngayon, hindi mo Siya maaaring gawing hindi lehitimong anak, kaya ang Espiritu Santo ay Dios, gaya rin naman na si Jesus ay Dios. Kaya, ang Dios, Ama, Anak, at Espiritu Santo ay . . . Ito ang . . . Iyon ang tatlong katungkulan ng iisang Dios. Ito'y tatlong katangian, iisang Dios.

¹²⁴ Ika'y bahagi ng Dios, at ako'y bahagi ng Dios, kita n'yo; datapuwa't hindi ako ang kabuuan ng Dios, at ni hindi rin

kayo ang kabuuan ng Dios. Kita n'yo? Kita n'yo? Ito'y mga katangian ng Dios na nasa atin, bilang mga anak na kinupkop ni Jesus Cristo. Na, ang Dios Mismo ay nagkatawang-tao, upang mamatay para sa atin.

¹²⁵ Ngayon, sa tuwina'y ipinakita ng Espiritu Santo sa Kaniya ang mga bagay na darating, at hindi Siya kailanman nagkamali. Lagi iyong ganap. Tama ba iyon? Hindi Niya inangkin ang karangalan sa Kaniyang Sarili. Kaniyang ibinigay ang karangalan sa Dios. Ang sabi Niya, "Ang anak ay hindi makakagawa ng anuman sa Kaniyang Sarili maliban sa kung ano lang ang nakikita Niyang ginagawa iyon ng Ama." At ang Ama, ang Espiritu Santo, ay Kaniyang Ama. Tama ba iyon? "Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa, sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa Espiritu Santo," na Kaniyang Ama. At ang Espiritu Santo ay ipinakita kay Jesus ang mga bagay na darating, sinabi sa Kaniya ang mga bagay nang una.

¹²⁶ At Siya ang Propetang-Dios. Sapagka't, ang Salita ng Panginoon ay dumarating lamang sa propeta; nagpapakita na ang Mga Salita ay dumating, sa mas mababang anyo, ang mga propeta ay isinulat kung ano ang sinabi sa kanila ng Panginoon. Nguni't wala Siyang anumang isinulat, dahil Siya ang Salita. Siya ang Salita.

¹²⁷ Pansinin, ang siya ring Espiritu Santo na nanahan sa Kaniya, "Kaunti pang panahon, at hindi na ako makikita ng sanlibutan; gayon ma'y makikita ninyo Ako, sapagka't Ako'y sasama sa inyo, at maging sasainyo, hanggang sa wakas ng sanlibutan. Ako'y paririyang sa inyo," wika Niya. "Ako," ay ang Ama na nasa Kaniya, "na paririyang sa inyo." At ang sabi Niya, "Kapag ang Banal na Espiritu ay sumainyo, ipapahayag Niya ang mga bagay na ito na itinuro Ko sa inyo, at ipakikita sa inyo ang mga bagay na darating." Hayan nga kayo ngayon.

¹²⁸ Ngayon ating mapapansin, na tulad nang ang Espiritu Santo ay kumilos sa Iglesia noon, ganoon din naman ang Espiritu Santo ay gumagawa ng ganoon na ganoon ding mga bagay sa araw na ito; ipinaalam sa pamamagitan ng Haliging Apoy, katulad na katulad ng naganap sa pasimula, ganoon din. At nakikitang bumababa ito kay Jesus, ibinalita ito ni Juan sa ilog ng Jordan. At pinatunayan na ang lahat ng bagay, maging ang mga siyentipikong litrato nito. Hindi ito maaaring pasubalian. Ito'y maka-siyentipiko. Ito'y materyal. Hindi ito isang maalamat na kaisipan. Hindi ito sikolohiya. Gaya ng sinabi ni George J. Lacy, "Ang matang mekanikal ng kamera ay hindi kukuha ng sikolohiya. Ang Liwanag ay tumama sa lente."

¹²⁹ At paano naman kayo, iglesia, na mga anim o walong buwan na ang nakalilipas dito, at nakatayo rito, nagsasabi, "Ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, na ako'y tutungo

sa Tucson, Arizona. Magkakaroon ng pagsabog, at pitong Anghel ang lilitaw.” Naaalala ba ninyo? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.] Ni hindi. . . Ang Dios ay ginagawa itong napakatotoo hanggang sa ang *Look* na magasin ay kinunan ito ng mga litrato. Espirituwal, unang nakita, naganap nang tugmang-tugma, ang pitong Anghel, na naghatid ng pagtatapos ng lahat ng Mga Kasulatan. Pagkat, lahat ng mga hiwaga ng buong Biblia ay nakapaloob sa Pitong Tatak. Alam natin na Iyan ang—ang Aklat, ang tatak Nito, sa pamamagitan Niyaon ay naglapat. Ito ang hiwaga ng buong Aklat, nakapaloob sa Pitong Tatak na iyon, na itinulot ng Panginoon na maihatid natin.

¹³⁰ At may mga lalaking nakaupo rito, ngayon, na naroon mismong kasama ko nang ito’y maganap. Ang magasin na *Look* ay pinatunayan ang bagay ring iyon, na ito—ito ay totoong naganap. Sapagka’t, ang Dios Iyon na nagsabi nun. Ang Dios iyon na tumatayo sa likuran ng Kaniyang Salita, upang tupdin Iyon kapag sinabi Niyang gagawin Niya ito. Samakatuwid, ito’y hindi kung sinong tao, isang karnal na taong tulad ko, na nasa gitna n’yong mga tao. Iyon ang Walang Hanggang Dios.

¹³¹ Siya’y gumagamit ng mga tao. Totoo ’yan. Hindi Siya gumagawa ng anuman na labas sa kung ano ang ginagawa Niya sa pamamagitan ng mga tao. Napagtanto natin iyan. Siya, ’yan ay Kaniyang—’yan ang Kaniyang kinatawan. Iyon ang Kaniyang pinili. Bakit, hindi ko alam. Maaari Niyang nagawa ang araw na mangaral ng Ebanghelyo. Maaari Niyang gawin ang hangin na mangaral ng Ebanghelyo. Maaari Niyang gawin na ang hangin ay gumawa ng mga bagay, datapuwa’t pinili Niya ang mga tao.

¹³² Iyon ang Kaniyang ideya, na ang tao ay mangungusap sa kapwa tao; hindi sa kaniyang sarili, kundi, “Ang Salita ng Panginoon ay dumating sa mga propeta,” ang mga tagapropesiya, ang mga mangangaral. At ang isang tagapropesiya na tumatanggi sa orihinal na Salita, paano siyang magiging isang tunay na propeta? Kita n’yo? Hindi siya maaaring maging ganoon, dahil itinatanggi niya ang Katotohanan ng Salita. At kung ganoon na hindi nga ito, kung magkaganoon ang Salitang ito, Mismo, gaya na Ito’y ipinangangaral sa pamamagitan ng katotohanan ng Salita at sa pamamagitan ng katotohanan ng Espiritu Santo, ipahahayag Nito ang bawa’t pangakong ipinangako Nito. Ganiyan kung paano natin malalaman kung tama ito o hindi. Iya’y kung ano ang sinabi ni Jesus, “Kung Aking hindi ginagawa yaong nakasulat tungkol sa Akin na gawin, kung magkagayon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan.” Kita n’yo? Ngayon ay nakikita natin ang mga bagay na ito.

¹³³ Alalahanin, ang Pitong Tatak ay ganap na, at kapag yaong pitong inihayag na Mga Katotohanan. . .

¹³⁴ Ang isa sa mga iyon, ay hindi Niya ipinahintulot na malaman natin. Tayo . . . Ilan ba ang naririto noon sa Pitong Tatak, at nakarinig? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.] Lahat kayo, sa palagay ko. Kita n’yo, ang—ang Ikapitong Tatak, hindi Niya ipinahintulot ito.

¹³⁵ Siya ay tumayo mismo roon sa silid at ipinahayag ang bawa’t isa sa mga iyon. At kung may ipinangaral man ako sa tanang buhay ko, na kinasihan, ito na iyon. At dapat itong maging totoo, sa inyo. Tumayo rito at sinabi sa inyong ito’y magaganap, at nagtungo mismo roon, at maging ang siyensiya at lahat ng iba pa, ang siyentipikong pananaliksik at lahat na, hiwaga sa mga tao, pinatunayang naganap iyon doon mismo. At nagbalik kaagad at narinig itong inilantad, at pinatunayan ang bawa’t Salita nang tamang-tama. Anong araw ang kinabubuhayan natin? Nasaan na ba tayo?

¹³⁶ At alalahanin, nakapaloob sa Ikaanim na Tatak na iyan, kung saan, lahat ng Pitong Trumpeta ay tumutunog sa ilalim ng Ikaanim na Tatak na iyan. Kapag dumako tayo rian, inyong makikita iyon. Ang bawa’t (pito) Trumpeta ay naganap sa Ikaanim na Tatak na iyan.

¹³⁷ Ang pito ay palaging ang hiwaga. Masdan ang pitong iyon, iyon ang wakas. Iyon ang pagdating ng Panginoon. Ang Langit ay payapa, tahimik, walang sinumang kumilos. Sapagka’t, si Jesus Mismo ang nagsabi, “Maging Anghel man sa Langit ay hindi nakaaalam kung kailan Ako babalik. Ni hindi Ko nga alam ito, sa Aking Sarili, kung anong oras. Ang Ama ay inilagay iyon sa Kaniyang kaisipan.” Ang Dios lang ang nakakaalam nito, ang Espiritu. Sabi, “Hindi Ko alam iyon.” Kung ganoon, hindi iyon inihayag. Nang ang Ikapitong Trumpetang iyon ay tumunog. . . o ang Ikapitong Anghel, isang—isang Tatak ang nabuksan, nang magkagayo’y nagkaroon ng katahimikan sa Langit. Kita n’yo, hindi iyon ibinigay, kung ano ang magaganap.

¹³⁸ Nguni’t sa ilalim ng Ikaanim na Tatak, kung saan ang mga Trumpetang ito ay nabuksan. Alalahanin, sa ilalim doon, ating nalalaman na ang Cordero ay lumabas, lumitaw sa eksena. Kaniyang iniwan ang Luklukan ng Awa. Ang gawain Niyang pagtubos ay tapos na. At Siya’y lumapit at kinuha ang Aklat mula sa kanang kamay Niyaong nakaupo sa Luklukan, at “hindi na magluluwat ang panahon.” At karaka-raka isang anghel ang lumitaw sa ikapitong kabanata, o sa ika-10 kabanata at sa ika-7 talata, na nagsasabi. . . Ang Anghel na ito ay bumaba at nanumpa, na, “hindi na magluluwat ang panahon.”

¹³⁹ Datapuwa’t, kita n’yo, nasa Aklat na ito kung ano yaong tinubos. Iyon ang Aklat ng Katubusan. At lahat ng Kaniyang tinubos ay nakasulat sa Aklat na iyon. Lahat ng pinagbuwisan ng Kaniyang buhay ay nakasulat sa Aklat, at hindi Niya magagawang iwan ang Kaniyang Upuan ng tagapamagitan

hanggang sa Kaniyang lubusan nang natubos. At hindi Niya matubos iyon sa krus, sapagka't sila'y nakatalaga sa Aklat ng Buhay ng Cordero, at kinakailangan Niyang manatili Roon upang mamagitan hanggang sa ang huling taong iyon ay makapasok. Luwalhati!

¹⁴⁰ Nguni't isang araw ay tumindig Siya mula Roon, lumabas. Saan naroon ang Aklat? Ito'y naroon pa rin sa abstract na May-ari, ang Dios na Makapangyarihan sa lahat. At si Juan ay tumingin sa paligid, at siya'y nanangis, dahil walang sinuman ang karapat-dapat na tumingin man lamang sa Aklat at, lalo pa, ang magbukas ng mga Selyo, upang ihayag kung ano nga ang nakatagong hiwaga.

¹⁴¹ Ang mga hiwaga ay nasa Pitong Tatak. Nang ang Pitong Tatak na ito ay mabuksan, iyan ang nagbukas sa kabuuan ng Biblia. Ang Pitong Tatak; Ito'y naselyuhan ng Pitong Hiwaga, at sa Pitong Tatak na ito ay nakapaloob ang kabuuan ng hiwaga Nito. At iyon ang Aklat ng Katubusan, Bagong Tipan.

¹⁴² Hindi ang Luma. Inihayag lamang ito para sa Bagong Tipan. "Sila'y ginawang . . . hindi magiging sakdal nang bukod sa atin," Mga Hebreo 11. Kita n'yo? Kita n'yo? Ngayon, ang katubusan ay darating lamang kapag ang Tagapagtubos ay namatay na. At sila noo'y potensiyal na nasa ilalim pa lamang ng dugo ng mga tupa, hindi ng Manunubos; hindi pa natutubos, hanggang sa dumating ang Manunubos.

¹⁴³ Pansinin ngayon nang ang Manunubos na ito . . . si Juan ay tumingin sa paligid, at narito nakaupo ang Dios sa Trono, na may Aklat sa Kaniyang kamay, na natatakan ng Pitong Tatak, at ang buong plano ng katubusan ay nakapaloob doon.

¹⁴⁴ At iyon ay naiwala ng sangkatauhan, ni Adan. At ang Dios . . . Nagbalik ito saan? Hindi iyon maaaring kunin ni Satanas; kaniyang inudyukan lamang siya upang iwala ito. Nguni't saan nga ba napunta ang Aklat kung ganoon? Hindi pag-aari ng sangkatauhan. Ang mga pagpapala ay hindi para rito; dito'y naiwala ito ng sangkatauhan. Kaya't ito'y bumalik sa orihinal na May-ari, iyon ay ang Dios.

¹⁴⁵ Heto nakaupo Siyang hawak Ito, at Siya'y nananawagan sa kung sinong tao, sino man, upang lumapit at angkinin Ito.

¹⁴⁶ Si Juan ay tumingin sa paligid, at walang sinuman sa Langit, walang sinuman sa lupa, walang sinuman, walang Anghel, walang maaaring kumuha sa Aklat o kalasin ang mga Tatak, o tumingin man lang Dito. Walang taong karapat-dapat. Sinabi ni Juan na siya ay nanangis nang husto.

¹⁴⁷ Nang magkaganoon ay may isang Anghel na lumapit sa kaniya, sabi, "Huwag kang umiyak, Juan, sapagka't ang Leon sa Angkan ni Juda ay nagtagumpay, at Siya ay karapat-dapat."

148 At si Juan ay lumingon upang makita niya ang isang cordero...o makita ang isang leon, at ano ang kaniyang nasumpungan? Isang Cordero, at iyon ay isang Duguang Cordero, isang Corderong pinaslang. Gaano na katagal? Mula pa nang itatag ang sanlibutan.

149 Ang Cordero ay lumabas, lumapit sa Kaniya na may hawak ng Aklat sa Kaniyang kanang kamay, at tinanggap ang Aklat; pumanhik sa Luklukan at naupo. Iyon na ito. Tapos na iyon (kailan?) nang ang mga Tatak ay nahayag. Kapag ang isang kahuli-hulihan, na lahat ng Kaniyang tinubos, wala nang. . .

Siya'y naparito upang tumubos.

150 Sasabihin, "Bakit hindi Niya sila tinubos noong nakaraang apatnapung taon? Nakaraang dalawang libong taon?"

151 Kita n'yo, ang kanilang mga pangalan ay nasa Aklat ng Buhay, sa Aklat na iyon. At kinakailangan Niyang tumayo rito, dahil nilayon iyon ng Dios na tubusin sila. Ang kanilang mga pangalan ay nasulat na sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itatag ang sanlibutan. Ang Cordero ay inilagay doong kasama nito, upang paslangin. Heto na ang Cordero, nang mapaslang, nagbalik upang mamagitan.

152 Masdan Siya! Magkakaroon ng napakaraming panggagaya, napakaraming iba pa, nguni't mayroon talagang maliligtas, dahil Kaniyang...Ang Iglesia ay itinalaga upang maging walang dungis o kulubot. Siya'y makararating Doon. At ang Cordero ay namatay para sa layuning iyon. At pagkatapos nang ang huling pangalan sa Aklat na iyon ay natubos, ang Cordero ay lumabas at kinuha ang Aklat, "Ako ang Siyang gumawa nito!"

153 Ang Mga Anghel, ang Mga Querubin, ang apat at dalawampung Matatanda, ang mga Nilalang na Buhay, lahat na, inalis ang kanilang putong, nagpatirapa sa harap ng Luklukan, at nagsabi, "Ikaw ay karapat-dapat!"

154 Sabi ni Juan, "Ang lahat sa Langit at sa lupa ay narinig akong sumisigaw ng, 'Amen,' humihyaw ng, 'Aleluya,' at mga papuri sa Dios." Ang sigaw ay pumailanglang. Bakit? Ang mga pangalan nila ay nasa Aklat na iyon, na ihahayag, at inihayag na nga ito ng Cordero.

155 Tinubos na ito ng Cordero, datapuwa't hindi Siya maaaring lumapit hanggang sa ang bawa't pangalan ay maihayag, at iyon ang nagaganap sa ilalim ng Ikaanim na Tatak, bago nabuksan ang Ikapito. Pagkatapos ang walang bahid... Nang magkagayon ang Cordero ay dumating para sa Kaniyang tinubos. Siya'y dumating upang angkinin kung ano ang Kaniyang tinubos. Hawak na Niya ito, dito mismo sa Aklat, kinuha Iyon mula sa Kaniyang kamay. Ngayon darating Siya upang tanggapin kung ano ang tinubos Niya. Iyan ang Kaniyang trabaho. Kaniya nang nagawa. Siya'y dumating upang tanggapin ito. Oh, anong—

anong panahon! Pinatunayan na ito, ang Ikapitong Tatak ang nagpatunay nito. Nagbalik at kinuha ang Aklat ng Katubusan!

¹⁵⁶ Pansinin, iyon ang magiging Mensahe ng ikapitong anghel na maghahayag sa ikapito, sa Pitong Tatak. Apocalipsis 10:7, ngayon, inyong makikita ito. Kita n'yo?

¹⁵⁷ “At nakita niyang bumababa ang Anghel na ito, itinungtong ang Kaniyang paa sa lupa at sa dagat,” iyon ay si Cristo, “may bahaghari sa Kaniyang ulo.” Pansinin Siya, inyo Siyang makikita sa Apocalipsis 1, muli, “na may bahaghari sa Kaniyang ulo; kung pagmasdan ay tulad sa batong jaspe at sardio,” at iba pa. Heto dumarating Siya, inilagay ang isang kamay. . . “Isang paa sa lupa, isa sa tubig; itinaas ang Kaniyang kamay. May bahaghari Siya sa Kaniyang ulo,” gayunman. Iyan ay isang tipan. Siya ang Anghel ng Tipan, na si Cristo; ginawang mababa nang kaunti kaysa Mga Anghel, upang magbata. Hayan parating Siya, “At itinaas ang Kaniyang kamay sa Langit, at nanumpa sa Kaniya na nabubuhay magpakailan kailanman,” Yaong Walang Hanggan, ang Ama, ang Dios, “na hindi na magluluwat ang panahon,” kapag ito ay naganap. Ito’y wala na. Ito’y ganap na. Ito’y tapos na.

¹⁵⁸ At pagkatapos ay sinasabi ng Kasulatan, “At sa—sa Mensahe ng ikapitong makalupang anghel,” ang mensahero sa lupa, ang ikapito at panghuling Kapanahunan ng Iglesia, “sa pasimula ng kaniyang ministryo,” kapag ito’y nagpasimula sa lupa, sa panahong iyon, “ang hiwaga ng Dios, ng Pitong mga Tatak na ito, ay naipakilala na dapat sa panahong iyon.” Ngayon atin nang nakikita kung saan na tayo. Ito na nga kaya, mga kaibigan, ito na nga kaya? Pansinin, lahat ay posible.

¹⁵⁹ Lahat ng mga tinubos sa Aklat, Siya’y pumarito para sa katubusan. Lahat ng dapat tubusin ay nasa Aklat, naitalaga na bago pa itatag ang sanlibutan. Siya’y pumarito upang tubusin Ito. Ang lahat ng Kaniyang tinubos ay nakasulat doon.

¹⁶⁰ Nais kong tanungin kayo ng isang katanungan ngayon. At kayong nakikingig sa teyp, makinig nang mabuti. Yaong mga nakapanghihilakbot na mga mata, yaong nakatatakot na ulo, iyon kaya kung bakit ang Mensaheng ito noon pa ay laban na laban sa mga kababaihan ng modernong panahon? Ito na kaya ang Mensahe ng panghuling anghel na iyon? Ano ba ang sinabi Niya roon sa ilog, mga tatlumpu’t tatlong taon na ang nakalilipas? “Gaya ng si Juan ay isinugo,” kita n’yo, “upang ibalita ang unang pagdating ni Cristo, ang iyong Mensahe ang magbabalita ng ikalawang Pagdating.” Sa buong mundo, at iyan ay kung ano ang ginawa nito, kung ganoon ang Pagdating ay talagang malapit na. Masdan kung ano na ngayon ang mangyayari.

¹⁶¹ Bakit? Nagkamot ako ng ulo. Ako’y sumubsob sa unan ko. Ako’y lumakad sa sahig. “Anong nangyari sa iyo?”

162 Ilang araw palang ang nakalilipas, aking tinanong ang dalawang lalaking kasakay ko. Tinanong ko si Jack Moore minsan. At kilala n'yong lahat si Jack Moore. Ako'y papunta sa kaniya sa Shreveport. Sabi ko, "Kapatid na Jack, ikaw ay naging malapit na kaibigan meron ako rito sa lupa." At bago ko siya tinanong, ay tinanong ko muna ang asawa ko.

163 Kung mayroon mang nakaalam ng anuman tungkol sa akin, ang aking mga kapintasan at—at lahat na, ay ang aking asawa, kita n'yo, isang minamahal. At sinabi ko sa kaniya isang araw, sabi ko, "Honey, bilang asawa mo, ako'y isang ministro ng Ebanghelyo. Ayaw kong magbigay ng anumang kahihyan sa Isang iniibig ko. Ayoko. Hindi ko gustong saktan ka. Ayaw kong magdala ng anumang kahihyan sa iyo. Huwag nawang itulot ng Dios na makagawa ako ng anumang bagay na makakasakit sa iyo. At gaano pa kaya ang anuman na makakasakit sa Dios, kung gaano ko Siya kamahal! Ikaw ang aking asawa; Siya ang aking Tagapagligtas at Dios. Nais kong magtanong sa iyo ng isang katanungan. Sabihin mo sa akin nang tapatan. Sabihin mo sa akin ang totoo." Sabi ko, "Labis na ba ang pag-aaral ko. . ."

164 At ako'y nagtataka. Ako'y, ako—ang kalikasan ko, nakakatawa, kakaiba. Alam ko iyon. Lahat ay nagsasabi, "Anong klaseng tao!" Buweno, kita n'yo, hindi mo maaring gawin kung ano ka. Ikaw ay ikaw, sa biyaya ng Dios.

165 At ako—ako—ang sabi ko, "Naiwala ko na ba nang bahagya ang pag-iisip ko, alam n'yo na, at—at tila nawala na?" Ang sabi ko, "Bakit ko ba tinutuligsa ang mga babaing iyon, sa tuwina, samantalang mahal ko sila?"

166 Ang tawag nila, ang sabi ako raw ay isang "namumuhi-sa-babae," hindi talaga ako namumuhi. . . Ako lang ay "namumuhi sa babae." Kita n'yo? Mali 'yan. Mahal ko ang mga kababaihan, ang ibig kong sabihin, bilang mga kapatid kong babae.

167 Hindi kita tatapikin sa likod, na nakikitang ika'y mali. Masasabi ko iyan sa inyo. Labis ang pagmamahal ko sa inyo para magawa ko iyan. Ang ibang mga lalaki na gagawa niyan, ito'y ibang klaseng pagmamahal. Kita n'yo? Mahal ko kayo dahil mahal ko kung ano kayo; ika'y katuwang sa anak na lalaki ng Dios, at ika'y bahagi niya. Kita n'yo? At ako—mahal ko kayo dahil sa—sa kayo'y nilikha ayon sa larawan ng lalaki, at ang lalaki ay nilikha ayon sa wangis ng Dios, kung kaya't, kapuwa, kayo'y iisa kay Cristo. Kaya mahal ko kayo. Anumang, iba pang bagay, ay walang kinalaman dito. Alam iyan ng Dios, sa tanang buhay ko. Kita n'yo? Tama iyan. Mahal ko kayo. Bakit ako tatayo at lagi nang. . .

168 Kapag sinasabi nila, "Sabihan ang lahat ng kababaihan, kapag, kung sila'y dadalo para mapakinggan si Kapatid na Branham na mangaral, na ibahin ang pagsuklay ng kanilang buhok. Magsumbbrero o anuman o iba pa, 'pagkat siya'y mag-

uumpisa na namang bumanat tungkol sa maikling buhok, at ang inyong. . . Huwag nang magmemeyk-ap,” at iba pang tulad niyan. Iyon ay kung anong ginawa nila. “Lahat ng kaniyang sinabi!”

¹⁶⁹ May nagsabi, “Bakit hindi mo. . .” Sabi, “Ang mga tao’y pinaniniwalaan kang isang propeta. Bakit hindi mo turuan ang kababaihan kung paano makatanggap ng mga dakilang kaloob na espirituwal, at ng mga bagay na tulad niyan, sa halip na pinipilit silang turuan ng mga ganiyang bagay?”

¹⁷⁰ Sabi ko, “Kung hindi sila matututo ng kanilang ABAKADA, paano sila matututo ng algebra?” Kita n’yo? Maging wasto, muna.

¹⁷¹ At habang lalo akong nangangaral, lalo naman itong lumalala. Pagkatapos ay sasabihin mo, “Bakit ayaw mong tumigil?” Hindi po, ginoo. Kailangang magkaroon ng isang tinig, isang patotoo laban dito.

¹⁷² Isa sa pinakakinikilalang lalaki sa ministryo ngayon, ay nagpatong sa akin ng kaniyang mga kamay hindi pa katagalan, sabi, “Ako’y mananalangin para sa iyo, Kapatid na Branham, kung pahihintulutan mo akong gawin ito, na alisin iyan ng Dios sa puso mo.” Sabi, “Hayaan mo na lang ang mga kababaihang iyan, sa mga bagay na iyan.”

¹⁷³ Sabi ko, sinabi ko, “Naniniwala ka ba riyan, ginoo? Ika’y isang mangangaral ng kabanalan.”

¹⁷⁴ Sabi niya, “Siyanga. Hindi ako naniniwala riyan, nguni’t,” ang sabi, “yan ay—yan ay nasa. . .”

Sabi ko, “Hindi.”

Sabi niya, “Nasa mga pastor na iyon.”

Sabi ko, “Hindi nila ginagawa iyon.”

¹⁷⁵ May dapat gumawa niyon. Ang ilog ay kailangang tawirin. Ang balat ay kailangang matanggal. Ayaw kong gawin iyon. Batid ng Dios na hindi ko gustong gawin ito. Marami sa kanilang mga kababaihan ang nagpapakain sa aking mga anak, at kanilang iaalay ang buhay nila alang-alang sa akin, halos. Sa palagay n’yo ba, at sa biyaya ng Dios na ibinuhos sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa palagay n’yo ba ako ay makapananahimik at makita iyang kaawa-awang tao na pabulusok doon sa Kawalang Hanggan nang walang pag-asa, kung hindi ako sisigaw laban dito?

¹⁷⁶ Hindi para magmagaling; datapuwa’t ang espiritu ng bansang ito, ang espiritu ng iglesia, hindi ang Espiritu ni Cristo, ngayon; ang espiritu ng iglesia, ng denominasyon, ang tumulak sa mga babaing ito sa karumihang iyon doon. At ako’y isang tinig lang, sumisigaw, “Lumabas kayo riyan. Layuan ang karumihang iyan.” Huwag n’yong pahintulutan ang diablo na gawin ang ganiyang bagay sa inyo. Mali iyan!

177 At kayong mga Assemblies of God, hinayaan silang mga kababaihan, hinahayaan silang mga kababaihan na gupitan ang kanilang buhok nang maigsi, nguni't pinagbabawalan silang magmeyk-ap. Wala talagang Kasulatan laban sa meyk-ap, nguni't mayroong laban sa pagpapaikli ng inyong buhok. Ni hindi nga siya karapat-dapat na manalangin sa harap ng Dios, ang sabi ng Biblia. Ang asawa niya ay may karapatan na idiborsiyo siya at iwan siya. Tama. Kaniyang ipinakilala ang kaniyang sarili sa mundo bilang isang babaing hindi dalisay. Ganoon nga ang sabi ng Biblia. Kaniyang nilalapastangan ang kaniyang asawa kapag ginagawa niya iyon. Ganiyang-ganiyan kung paano sinabi ng Biblia. Kita n'yo?

178 Buweno, nguni't ang isang babaing nagmemeyk-ap, nakikita nating may babaing gumawa niyan sa Biblia, iisa lang. Iyon ay si Jezabel. Siya nga iyon. Ang tanging tao sa Biblia na nagmeyk-ap, ay si Jezabel, at kaagad siyang ipinakain ng Dios sa—sa mababangis na mga aso. Naging isa siyang kahihyan, at maging ang kaniyang. . . Lahat ng bagay, ang bawa't bagay na masama ay tinawag na Jezabel.

179 Hindi mo kailangang gawin iyan. Hindi mo ito kailangang gawin. Ano ang nag-uudyok sa iyo upang gawin iyon kung ganoon? Ang espiritu ng diablo.

180 Hindi mo ito napagtatanto. Alam kong hindi. Kayo'y—masyado kayong mabubuting tao. Kayo'y mabubuti. Kinakamayan n'yo ako, nakikipag-usap sa akin.

181 At mahal ko kayo. Tama iyan. Datapuwa't kung nakikita ko iyon, hindi ba ako magiging isang ipokrito. . . Sabi ni Pablo, “Hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong Kapasiyahan ng Dios.” Nawa'y wala akong panagutang dugo ng sinumang babae sa Araw na iyon, o wala sa sinumang lalaki. Sinabi ko sa inyo ang Katotohanan. At kinamuhian ko ang gawin ito; hindi ko kinamumuhian ito dahil ayaw kong gawin kung anong mga sinabi ng Dios na gawin, kundi mahal ko kayo. Hindi ko nais na saktan kayo, kaya't ano ang gagawin ko? Datapuwa't ang dalisay, Maka-Dios na Pag-ibig ang magbubunsod sa iyo upang gawin iyon.

182 Maging si Jesus ay nanalangin upang makaiwas sa krus. “Maaari bang lumampas ang saro?” Sabi, “Gayon man, hindi ang Aking kalooban, ang sa Iyo.”

183 Ako nga ba ang taong kailangang magsalita nito? Akin nga bang kailangang batikusin ang mga mahal na kababaihang ito na napakababait at lahat na, at talupan sila hanggang sa magkapira-piraso? Akin nga bang kailangang gawin? Akin nga bang kailangang batikusin ang mga kapatid kong ministro, at tumayo roon at sabihan sila na iniibig nila ang salapi at ang—ang denominasyon nang higit kaysa iniibig nila ang Dios? Ako, sa aking mga mahal na kapatid na iniaakbay ang kanilang bisig. . .

Oh, kailangan ko bang gawin iyon? Oh Dios, huwag itulot na gawin ko ito.

¹⁸⁴ Datapuwa't hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong Kapasiyahan. Ito'y tunay na Pag-ibig ang nagbunsod sa akin upang gawin iyon.

¹⁸⁵ Iyan ba kung bakit na ang Mensaheng ito ay naging ganito? Saan mang panig ng daigdig ay wala ito. Saan ito naroroon? Buweno. Sila'y natatakot. Kita n'yo? Subali't ito'y walang kinatatakutan. Eksakto. Laging gayon ang Dios, kita n'yo. Buweno. Ito nga ba kung bakit ang kababaihan ay lubhang sinasaway ng Mensaheng ito? Hindi nalalaman, hindi ito inihayag. Ipinakita iyon sa akin, nguni't hindi iyon dumating sa akin hanggang noong isang araw. Kita n'yo? Tumingin roon. Buweno. Talagang angkop sa ministeryo.

¹⁸⁶ Ngayon sandali lang. Nangyari na ba na ito ay naging daigdig ng babae noon? Opo. Ayon sa kasaysayan, sa mga araw ni Elias, may isang babaing nagngangalang Jezabel. At siya'y nagkaroon ng pamamahala sa iglesia ng Dios, na sinasabi ng Biblia na magiging ganoon siya muli sa mga huling araw; ang kaniyang espiritu, sa pamamagitan ng isang iglesia, isang organisasyon. At siya'y magiging isang patutot, at ang iba pang mga iglesyang kasama niya ay magiging mga patutot, sadyang kagaya niya. Tama ba iyon? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.]

¹⁸⁷ Ang Apocalipsis 17, ay nagsabi, "Siya ay isang patutot, at siya ANG INA NG MGA PATUTOT." Hindi maaaring iyon ay mga lalaki. Iyon ay mga babae. Kita n'yo? At lahat sila'y ibinulid, nang buhay, sa Dagat-dagatang Apoy, at nangatupok. Totoo ba iyon? Hayan nga kayo.

¹⁸⁸ Pansinin, nang ang Jezabel na iyon ay lumitaw sa eksena, may isang lalaking lumitaw laban dito. Dinala ng Dios ang isang lalaki. Ni hindi nga natin alam kung saan siya galing. Wala siyang karanasan sa ministeryo. Ni hindi siya kailanman naging saserdote o anuman. Dumating siya, isang matanda't matatag na taong-gubat na nagngangalang Elias, at iniumang niya ang palakol sa ugat ng puno, at kinamuhian nila siya. Hindi lang iyon, kundi pati ang buong kongregasyon niya ay kinamuhian siya.

¹⁸⁹ At minsan ay inakala niyang nag-iisa na lamang siyang naninindigan. Sinabi Niya, "Hindi, mayroon pa Akong pitong libo na nasa panig mo." Kita n'yo? Iyon ang hinirang na grupo, kita n'yo. Laging naroon ang grupong iyon. Sinabi, "Huwag matakot, Elias. Alam Kong ang akala mo'y kayo'y naubos na, dahil hinabol ka ng mga denominasyon doon sa tuktok ng burol. Nguni't," sabi, "mayroon pa Akong pitong libo na sumasampalataya sa katulad ng ipinangangaral mo. Kita mo, hawak Ko sila."

¹⁹⁰ At pagkatapos ng kaniyang araw, naghari ang Roma, at dumating ang panahon na naging daigdig na naman ito ng babae, lahat ng moda ng—ng kababaihan, kung paanong nagsilabas silang naka-bonet at mga bagay-bagay, kita n'yo. At ang Dios ay nagpalitaw ng isa pa na taglay ang ganoon ding Espiritu sa kaniya, ang Espiritu ni Eliseo. Tama ba iyon? At sabi niya, “Ang palakol ay nakaumang na sa ugat ng puno.”

¹⁹¹ At mayroon doong isang maliit na matandang mataray na babae, pinakasalan ang kaniyang . . . iniwan ang kaniyang asawa, naging asawa ng kapatid nito, si Herodes. Si Herodias, at siya ay isang—isang pinturadong payaso ng panahong iyon, sumasayaw. Tinuruan niya ang anak niyang babae na sumayaw. May anak siyang babae, sa kaniyang ama-amahan, ang—ang ama-amahan; sa pamamagitan ng ama, na kapatid nito. Si Herodias! Iyon ang anak na babae ng—ng—ng babaing iyon. At pagkatapos ay tinuruan niya siyang sumayaw, at naging isa siyang totoong naghuhubad na mananayaw, gaya ng kaniyang ina. At ang akala niya'y maaari siyang mag-asawa nang apat o limang beses, gawin ang anumang maibigan niya.

¹⁹² At heto lumabas si Herodes. Lahat sila'y mga Judio, ngayon alalahanin. Sila'y mga taong-iglesya. Heto lumabas si Herodes, at ang kaniyang iglesya, upang dinggin ang propetang ito, yaong pinaniniwalaan ng mga tao na isang propeta.

¹⁹³ Lumakad siyang tuloy-tuloy mismo sa harapan nila kapuwa, at nagsabi, “Hindi marapat para sa iyo na ariin mo siya.” At kung di ba naman iyon nakapagpakulo ng dugo niya! Kita n'yo?

¹⁹⁴ Ngayon, may pangkaraniwang lalaki na marahil ay nagsabi, “Kumusta ka na, Herodias? Kami ay talagang nagagalak na makasama ka sa aming kongregasyon ngayon.” Nguni't hindi si Juan.

¹⁹⁵ Sinabi ni Jesus, “Sino ba ang inakala n'yong makikita, nang lumabas kayo upang makita si Juan? Pumunta ba kayo upang makita ang isang nakadamit na gaya ng saserdote? Hindi, iyon ay, ang ganoong uri ay ang mga humahalik sa mga sanggol at naglilibing sa mga patay.” Kita n'yo? Sabi Niya, “Ano ang ipinunta n'yo upang makita? Isang hangin, isang tambo na inuuga ng kahit anong hangin? Sasabihin nila, ‘Halika rito, Juan. Babayaran ka namin ng mas malaki pagka nangaral ka sa amin. At, kami, kami ang pinakamalaking organisasyon?’” Hindi si Juan. Hindi, hindi siya kailanman nagtungo roon upang makita iyon.

¹⁹⁶ Sabi, “Ano ang ipinunta n'yo para makita, kung ganoon, nang kayo'y pumaroon upang pakinggan at tingnan si Juan, na isang propeta?” Sabi Niya, “At sinasabi Ko, sa inyo, higit kaysa sa isang propeta! . . . matatanggap n'yo ito, siya yaong ipinangusap ng propeta na darating, ‘Susuguin Ko ang Aking mensahero sa Aking unahan, at ihahanda niya ang daan ng

Panginoon.” Siya ang mensahero ng Tipan. Sabi Niya, “Wala pang lalaki, na isinilang ng babae, na kasing dakila niya.” Kita n’yo?

¹⁹⁷ Iyon ang uri ng lalaking pinalitaw ng Dios para sa araw na iyon, si Elias, isang taong-gubat. Si Juan, ay ganoon din. Kita n’yo? Ang Espiritu ni Elias ay nakay Juan. At sinasabi Niya, kapag naging kaarawan na namang muli ng babae, ang Espiritung iyon ay muling lilitaw, “Bago ang Pagdating ng Panginoon, kung kailan ang lupa ay susunugin, at ang matuwid ay lalakad sa—sa mga abo ng masasama, tulad ng abo sa ilalim ng kanilang mga paa.” Ipinangako Niya ito, muli, sa mga araw na ito. Pansinin, ipinangako iyon ng Espiritu Santo. Ito’y umaangkop sa panahong kinabubuhayan natin.

¹⁹⁸ May isang dapat na tumayo. Iyon ay kailangang dumating, dahil ito’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, Malakias ika-4 na kabanata. Iyon ang eksaktong sinabi Niyang magiging tanda, “Bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na Araw ng Panginoon, susuguin Ko sa inyo si Elias.” At ano ang kaniyang gagawin? “Papagbabaliking-loob ang puso ng mga anak sa Aral ng mga ama, pabalik sa Biblia,” mula sa mga makadenominasyong pagkakaiba-ibang ito, “at pabalik sa Biblia, pabalik sa Dios.” Iyan ang kung ano ang gagawin Niya. Pansinin kung gaano kadakila ang panahong kinabubuhayan natin.

¹⁹⁹ Silang mga propeta ay sinaway silang mga makabagong kababaihan ng kanilang mga panahon, at kapuwa nila pinagbayaran ito ng kanilang buhay. Ang kasaysayan ay nagpapatunay na ang bawa’t isa sa mga panahong iyon ay daigdig ng babae, kung kailan ang babae ang namamahala.

²⁰⁰ Tumingin sa araw na ito. Tayo’y magkakaroon ng isa, Pangulo, isa sa mga araw na ito, tila ito’y maaaring maganap ngayon. Ang totoo, ang babae na ang Pangulo. Kita n’yo? Ang lalaki ay ulo lamang sa turing. Dito hindi pa kalaunan, sa isa sa mga ibang bansa, labis-labis ang papuring tinatanggap niya at lahat na mula sa mga tao, hanggang sa ang Pangulo, mismo, nagsabi, “Ako ang asawa niya.” Ang Pangulo ng Estados Unidos, kita n’yo. Ang babae ang nagtatakda ng mga usong kasuotan, ang kababaihan ay tinutularan ito, kita n’yo, tulad lang ng ginawa ni Jezabel. Narinig na ninyo ang sermon ko tungkol sa *Relihiyong Jezabel*. Alam n’yo na. Alam n’yo ang tungkol dito. Nakikita n’yo ba kung nasaan na tayo ngayon?

²⁰¹ Nakita n’yo ba kung ano ang nangyari rito, isang linggo o dalawa na ang nakalipas, dito sa lungsod? Ang Faith Lutheran na ministro ay inanyayahan ang paring Katoliko ng Sacred Heart na pumunta at mangaral para sa kaniya, at ginawa nga niya, at ang ministro naman ng Faith Lutheran ay nagpunta rin sa paring Katolikong iyon at nangaral para sa kaniya.

²⁰² Ang Konseho ng mga Iglesya na naroroon ngayon, na nagpupulong sa Roma. Itong patalastas na liham na ang matalik kong kaibigan, si David duPlessis; nang ako'y mauporoon at umiyak sa kaniya tungkol dito, doon sa Fourteen-Mile Creek, di pa kalaunan; hindi napagtanto na itinulak niya ang iglesya mismo sa Babilonia, nang ang bawa't isa ay nagsasabi, "Oh, lahat ng mga iglesya ay magkakaisa na ngayon." Siyanga, alam ko iyan, kita n'yo, talagang tugmang-tugma sa nakasulat sa aking aklat ng propesiya noong 1933, na iyan ang magaganap. Aba, hindi n'yo ba napagtatanto na si Satanas iyon na nagbubuklod? Sinasabi iyan ng Biblia. At pagkatapos lamang ng kaunting sandali pa, kaunting panahon lang, sa sandaling maging isa na sila, kung magkaganoon ang interdenominasyonal ay matatapos na, kita n'yo. Hayun na ang inyong magiging tatak ng hayop, tama. Kita n'yo?

²⁰³ Talagang wala lang akong oras para talakayin ito, bagkus, halos labinglimang minuto na bago ang alas-dose. Kita n'yo, nais kong tapusin ito, tumbukin ito. Inilalatag ko lang ang mga Kasulatan ito rito kung saan inyong makikita ang maaring kinaroroonan na natin, at pagkatapos magwawakas tayo sa ilang mga minuto.

²⁰⁴ Ngayon pansinin kung ano ang nangyari. Ang—ang mga propeta ay sinaway yaong mga kababaihan ng mga araw na iyon at binansagang "mga-namumuhi-sa-babae." Iya'y tama. Ang kasaysayan ay nagpapatunay na ganoon nga.

²⁰⁵ Ngayon maghintay muna ng isang sandali. Kayo'y nagsusulat ng mga Kasulatan, inyong dapat isulat ang Unang Timoteo 5:6. Ang sabi ng Biblia, "Ang babaing nagpapakabuyo sa—sa makamundong kalayawan." Hindi maaaring sa kasiyahan ng Dios; kaya't ito'y kailangang maging ganun na nga, kita n'yo. "Ang babaing nagpapakabuyo sa kalayawan ng sanlibutan ay patay na bagama't siya'y nabubuhay pa." Iyan ay kung anong sinabi ng propeta, ni San Pablo, "Ang babaing nagpapakabuyo sa makamundong kalagayang ito ay patay na habang siya ay nabubuhay pa." At kung tanggihan niya ang awa, matatawid niya ang guhit ng paghihiwalay kung saan wala nang puwang pa para sa kaniya. At kung ganoon ay saan na kaya siya naroon, taglay ang kaniyang nakapintang mata, ang putol niyang buhok? At natawid na niya ang hangganan, na wala nang paraan para siya makabalik, at kailangang may ministryong maipangaral sa kaniya. Nguni't tandaan, sa oras na iyon, ay tapos na ang lahat. Ganap na. Pagdalaw na lamang ito.

²⁰⁶ Magkakaroon ng isang ministryo na magpapakita ng mga dakilang kababalaghan, ganoon ang sabi ni Joel, subali't mawawala na ang panahon para sa katubusan. Tapos na ito. Kinuha na ng Cordero ang Kaniyang Aklat, at ang tinubos Niya ay ganap na. Gaya ng si Jesus ay unang nangaral at tinanggihan, at pagkatapos ay pumaroon at dinalaw yaong mga

naroroon, nangaral sa kanilang mga nasa bilangguan, hindi na maaaring magsisi, wala nang panahon para sa kaligtasan, ang ministeryo ding 'yon ay kailangang maulit muli. Ano kaya kung iyan na ang Ikatlong Hatak, doon sa mga Magpawalang hanggang napahamak. Ano kaya kung naroon na ito? Umaasa akong ito'y hindi pa. Ano kaya kung ito na iyon? Pagmuni-munihin ito pansumandali ngayon. Ano kaya kung ito na iyon? Huwag nawang itulot ng Dios. May mga anak ako. Kita n'yo? Datapuwa't tila ba napakalapit na nito rito.

²⁰⁷ Bakit dumating ang pangitaing iyon nang ako'y bata pa? Bakit ba hindi ko ito naisip noon? Bakit dumating ang pangitaing iyon doon sa loob ng silid noong isang araw, sabi, "Ito na iyon"? Iyon ay nasa gitna mismo ng mga di-. . .ng—ng mga kaluluwang napahamak. At si Jesus ay nangaral sa kanila, nagpatotoo, nguni't sila—hindi sila kailanman nagsisi. At habang tumitindi ang pangangaral ko, lalo naman silang lumalala. Walang pagsisisi. Walang lugar para rito.

²⁰⁸ Ang Cordero ay kinuha ang Kaniyang Aklat kung kailan, ang Ikapitong Tatak ay napipinto nang mabuksan, ang Ikaanim na Tatak. Tandaan, Kaniyang itinago ang Ikapitong Tatak sa atin. Hindi Niya gagawin iyon. Nang tumayo ang Anghel, araw-araw, isinaysay iyon, nguni't pagkatapos hindi Niya ginawa iyon sa isang iyon. Sabi, "Nagkaroon ng katahimikan sa Langit." Walang isang nakaalam. Iyon ay ang Pagdating ng Panginoon.

"Oh," sasabihin mo, "hindi ito maaaring mangyari." Sana hindi ito 'yon.

²⁰⁹ Sadyang sumulong lang tayo nang kaunti pa rito. Meron akong isinulat dito, kita n'yo. Sige.

²¹⁰ Alalahanin, "Siya na nagpapakabuyo sa makamundong kalayawan," ng mga bagay ng sanlibutan, kumikilos tulad nito. Maaari siyang magsimba at kumilos na parang isang santo, 'yan ay walang anumang kinalaman doon, kita n'yo, bagkus, "siya'y patay na samantalang nabubuhay siya."

²¹¹ Tingnan kung ano na ang nagawa ng mga denominasyon para sa kaniya. Ginawa nila ang babae bilang tagadala ng Banal na Salita, na salungat sa Biblia. Kanilang ginawa siyang mangangaral. Ipinagbabawal ito ng Kasulatan. Ginagawa pa nga siyang tagapamahala ngayon, alkalde, mga gobernador, lahat na sa bansa, at isang ministro sa tahanan ng Dios.

²¹² Samantalang, ang babae ang may sala ng bawa't kasalanang nagawa, siya ang dahilan nito. Tama. Ngayon, hindi ako, hindi ako nangungusap tungkol sa mga karapatan. Siya ang may sala. Siya ang sanhi ng bawa't batang isinilang na bulag. Siya ang sanhi ng bawa't puntod na huhukayin. Siya ang naging dahilan ng kasalanan, karamdaman, kapighatian. Hindi uugong ang isang ambulansiya liban na may isang babaing naging sanhi nito. Walang krimeng magagawa, walang kasalanan, walang

kamatayan, walang kalungkutan, walang pagdurusa, kundi isang babae ang may gawa nito. At pinagbabawalan siya ng Dios na magtungo sa pulpito upang mangaral, nguni't ganoon pa man ginagawa pa rin nila ito. Ang denominasyon, nakikita n'yo ba kung nasaan na ito?

²¹³ Siya ay isang diyosa. Paano gumagawa ang diablo! Aba, ang mga Katoliko ay ginagawa sila, ang kababaihan, na mga dios, nananalangin sa mga ito; tama iyan, si diyosang Maria, at ang iba pa. Nakikita ko na kung saan sa Konsehong Ekuumenikal ay sinasabi nilang mangyayari na mas dadalasan nila ang pananalangin kay Jesus kung makahihikayat ito sa pagsali ng mga Protestante. Kita n'yo? Kita n'yo? Oh, 'yang binabalutan ng asukal! “Di-nagbabago,” wika nila. Kita n'yo? Iyon pa rin ang siya ring dating diablo. Sinabi ng Biblia, “At pinabigyan niya ang lahat ng isang tanda sa kanilang noo, na hindi nasulat ang pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero.”

²¹⁴ Ito'y ang itinalagang Iglesia ang kinakausap ko, hindi yaong mga nasa labas. Hindi po, ginoo. Mula sa bawa't grupo, hinatak Niya ang Kaniyang itinalaga. Iyan ang kung ano ang Kaniyang binabalikan, sa bawa't kapanahunan.

²¹⁵ Datapuwa't naroon ang babae nakatayo. Hayun siya. Iyon na nga siya; nangangaral ng Salita, humahawak ng Salita, naging isang diyosa, at ang dahilan ng bawa't kasalanan. Ang sabi ng Biblia, “Hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, ni magkaroon man ng anumang kapamahalaan, kundi maging masunurin tulad ng sinasabi ng—ng kautusan.” Kita n'yo? At hindi niya ito puwedeng gawin. Nguni't ginagawa nila siyang pinuno ng lupain, alkalde, gobernador; hindi maglalaon siya ay magiging Pangulo. Sigurado. Hayan nga kayo. Ganiyan nga iyan, ganiyan nga ang kalakaran, kita n'yo. At ang mga tao ay ginagawa iyan dahil wala silang pagpapahalaga sa Salita. Hinding-hindi nila makikita ito.

²¹⁶ Tingnan yaong mga Hudyong nangakatayo roon, mga iskolar, mahuhusay na lalaki. At sabi ni Jesus, “Kayo'y sa inyong ama, ang diablo.”

²¹⁷ Ano kaya kung dalhin ko Siya ngayon din sa isang paglilitis sa inyong harapan? Subukan lang natin ito sandali, at patawarin nawa ako ng Dios sa pagpanig ko laban sa Kaniya; nguni't sandali lang, para maipakita sa inyo ang isang bagay.

²¹⁸ Ano kaya kung sabihin mo, “Buweno, ako, luwalhati sa Dios, ako'y nagsalita sa iba't ibang wika! Aleluya! Alam ko. Ako, siyanga, ako—nasa akin na Iyon. Pagpalain ang Dios. Siyanga!” Uh-huh, nasa iyo nga ba?

²¹⁹ Alalahanin silang bayan ng Israel. Ang sabi ng Biblia, matapos Niyang tawagin ang bayan palabas, at iniligtas sila palabas ng Egipto, Kaniyang nilipol sila dahil hindi nila sinunod ang Mensahe. Kita n'yo? Sila'y kumakain ng manna na nagmula

sa Langit. Sila'y kumakain ng manna na pinaulan ng Dios sa lupa para makain nila, at tumayo sa presensiya ng mensahero, at nakita ang Haliging Apoy, at narinig ang Tinig ng Dios, at nakita itong napagtibay. At pagkatapos, dahil nais nilang paniwalaan si Core, "Mayroon pang mas maraming taong banal. Maaaring magkaroon ng *ganito*, *ganiyan*, o ng *iba pa*. Kami dapat ay maging banal, din naman. Kailangan nating gawin lahat *ito*. Ang buong bayan ay banal."

Ang sabi ng Dios, "Ibukod n'yo ang inyong sarili sa kanila. Lumayo kayo riyang."

²²⁰ Sabi ni Moises, "Ang lahat ng nasa panig ng Panginoon, sumama sa akin." Tama iyon. Kita n'yo? At Kaniya lamang binuksan ang lupa at nilamon sila. Kita n'yo?

²²¹ Sila'y mabubuting tao, rin. Sigurado, ganon nga sila. Sila'y mabubuting tao. Opo, ginoo, nguni't hindi iyon umubra. "Hindi lahat ng tumatawag, 'Panginoon, Panginoon,' kundi yaong tumutupad sa kalooban ng Aking Ama." "Hindi siya na nagsimula; ito'y siya na tumatapos." Na, walang madadaling daanan; ika'y maaalisan ng karapatan sa dulo ng paligsahan. Walang madaling daanan. Ikaw ay kinakailangang dumaan sa daang sinabi ng Kasulatan.

²²² Kung sinasabi Nitong, "Mangagsisi, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Banal na Espiritu," walang malapit na daan, pakikipag-kamay, pagsapi sa iglesya o denominasyon. Dumaan ka sa Daang iyan! Malibang mamatay ka sa iyong sarili, at maipanganak ng Espiritu ng Dios, ika'y—ika'y—ika'y mapapahamak. Iyon lang. Walang mga madadaling daanan.

²²³ Sasabihin mo, "Buweno, ako ay kasapi sa iglesya." Alam ko. Mabuti iyan. "Buweno, ang nanay ko..." Hindi ko pinagdududahan iyan, nguni't ikaw itong kinakausap ko. Kita n'yo? Kailangang dumaan ka sa Daang iyon, dahil walang madadaling daanan; ika'y di-papasa sa Paghatol. Dumaan ka sa iisang Daan.

²²⁴ Mayroon lamang iisang Daan, at si Cristo ang Daang iyon. At si Cristo ang Salitang nabubuhay sa iyo, na nagpapatunay sa lahat ng bagay na ipinangako Niya sa kapanahunan nito. Kita n'yo? Nakuha n'yo ba iyon? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Mabuti. Pansinin ngayon.

²²⁵ Sinasabi ng iba, "Ang mga taong ito ay mabubuti." Siyanga. Hindi ko sinasabing hindi sila mabubuting tao. Hindi ko sinasabing si Santa Cecilia at lahat sila ay hindi mabubuting babae; ang ina ko rin naman, pero tiyak kong hindi ako dumadalangin sa kaniya. Tiyak na hindi. Tiyak iyon, nakakita na ako ng napakaraming mabubuting tao, nguni't hindi sila mga diyosa. Sila'y mga taong babae, mga lalaki. "Mayroon lang isang Tagapamagitan sa Dios at sa tao."

226 Kung gayon ay bakit, bakit ang isang tao, isang Pentecostal, taong mundo. . . ang patalastas na liham na iyon na si Kapatid na duPlessis, ang mahal nating kapatid, ay ipinamamahagi. Marahil ang ilan sa inyo ay nakatanggap nito. Nakaupo. . . Siyanga, nakakuha kayo nito. Sa Konsehong Ekumenikal, sa tabi ng papa, at sabi, “Napaka-espirituwal nito.” Iyan ang pagkilala sa espiritu, hindi ba? “Oh, ang Espiritu ng Panginoon ay naroon, napaka-espirituwal.” Siyanga. Hayan nga kayo.

227 Bakit? Sapagka’t ito’y isang pagkakataon para pag-isahin kapuwa ang mga Protestante at iyon, na nilabanan natin nang maraming taon, at ang Biblia ay nanindigan at sinabihan tayo na darating iyon. At ang ating. . . isa sa ating mga pinakadakilang pinuno ay pumasok kaagad, sabi, “Tama iyan. Iyan ang ginagawa namin,” at ang buong simbahang Protestante ay nahihikayat dito.

228 At sadyang tumpak, kung titingnan n’yo roon, GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Una, ang Salita ang nagsabi nito. Pagkatapos ang Espiritu ng Panginoon ay nagsabi, noong 1933, na nagsabi ng lahat ng iba pang mga bagay na ito tungkol sa mga bansang makikipagdigmaan, at kung paano ang magiging mga makinarya, at lahat tulad niyon, nagsabi na ganiyang-ganiyan ang magaganap sa huli. At heto na nga ito. Hindi pa ito nabigo. At dito’y nakikita natin na nabubuo na ito.

229 Naaalala n’yo ba ang sermon ko tungkol sa *Relihiyong Jezabel* hindi pa katagalan? Naaalala n’yo ba si Eliseo na naglalakad sa lansangan nang umagang iyon, upang sabihan sila? Iyon, nangaral ako tungkol doon. Kita n’yo? At kung paano kong una nang sinabi noon na darating ang panahon na ang Konsehong Ekumenikal na ito sa kahuli-hulihan ay magiging tatak ng hayop, dahil ito’y makikipag-isa sa hayop. Ginagawa na nga nito. Sa aking kapanahunan, naabutan ko pa ito. At heto ang mga Protestante, sa milyun-milyon, nahihikayat dito. Bakit? Iyan ang kanilang hinahanap.

230 Sila’y mga bulag! Sinabi ni Jesus sa mga Fariseong iyon, “Kayong mga bulag na taga-akay ng kapuwa bulag. Kung bulag ang aakay sa kapuwa bulag,” sabi Niya, “hindi ba’t mahuhulog sila sa hukay?” At doon ay kung saan sila nangahuhulog. Paano ko ngang mapaniniwalaan na ang isang taong nanindigang kasama ko at nakausap ko, ay magagawang umupo at magbitiw ng pangungusap tulad niyan! Kita n’yo, “Ito’y naitago, sa paningin, buhat sa mga pantas at matatalino, at ipinahayag Ito sa mga sanggol na nais matuto.”

231 Alam kong balang araw ay magiging kabayaran iyan ng buhay ko. Tama iyan. Mangyayari iyan, datapuwa’t dito ang Katotohanan ay naipakikilala. Uh-huh.

Ang unang mamamatay sa planong ito ng
 Banal na Espiritu,
 Ay si Juan Bautista, nguni't hindi siya
 umurong; magiting siyang namatay;
 Pagkatapos dumating ang Panginoong Jesus,
 ipinako nila Siya sa krus,
 Nangaral Siya na ang Espiritu ang magliligtas
 sa tao mula sa kasalanan. (Tama ba iyon?)

Pagkatapos ay kanilang binato si Esteban,
 nangaral siya laban sa kasalanan,
 Labis niya silang ginalit, kanilang
 pinagbabato ang ulo niya;
 Subali't namatay siya sa Espiritu, nalagutan
 siya ng hininga,
 At naparoong kasama ng iba pa, yaong
 tagapagbigay-buhay.

Naroon sina Pedro at Pablo, at si Juan na banal,
 Inialay nila ang kanilang buhay upang ang
 Ebanghelyo ay magliwanag;
 (Anong ginawa nila?) Kanilang inihalo ang
 dugo nila, kasama ng mga propeta nang una,
 Upang ang tunay na Salita ng Dios ay
 maibahagi nang buong katapatan.

Mga kaluluwa sa ilalim ng dambana, ay
 sumisigaw, "Gaano pa ba katagal?"
 Para parusahan ng Panginoon ang lahat ng
 gumawa ng kamalian;
 Datapuwa't marami pang ibang magbububo
 ng dugo ng kanilang buhay (siyanga, tama
 iyan)
 Para sa Ebanghelyong ito ng Banal na Espiritu
 at sa baha nitong pulang-pula.

²³² Sadyang patuloy sa pagtulo ng dugo! Oo, mangyayari ito balang araw, datapuwa't hinihintay ko ang araw na iyon kung kailan ito'y magwawakas na.

²³³ May kapatirang babae na nanaginip kamakailan. Kaniyang ipinadala iyon sa akin, sabi, "Nakita ko sila, ang iglesyang iyon ay naghahanda upang paslangin" ako, nang palihim, sa panahong ako'y pababa ng aking kotse, habang papasok, babarilin mula sa . . . Datapuwa't sabi, "Pagkatapos sinabi ng Espiritu, 'Hindi pa sa oras na ito, nguni't darating ito bandang huli.'" Uh-huh.

²³⁴ Huwag nawang itulot ng Dios na magkompromiso ako sa anumang bagay. Wala akong ibang alam kundi si Jesus Cristo at Siya na ipinako sa krus. Tayo'y nabubuhay sa isang nakakatakot na panahon. Ang kasalanan ang may kagagawan nito. Siyanga. Kanilang—kanilang binato ang mga Esteban. Ipinapugot nila

ang ulo ni Juan, ang babaing iyon ang may kagagawan. Hindi ko alam kung paano natin iaalay ang sa atin, nguni't mangyayari ito balang araw. Buweno, pansinin.

²³⁵ Sa San Juan, kung nais n'yo ang Kasulatang iyan tungkol diyari. San Juan 6:49, ay kung saan sila kumain ng manna, at sinabi ni Jesus, "At sila'y, bawa't isa, nangamatay."

²³⁶ Sasabihin, "Buweno, ang aking—aking kapatid na babae, aking—aking nakita ang babaing ito na nagsayaw sa Espiritu." Oh, siyanga. Uh-huh. "Nakikita kong ginagawa nila iyon. Nakita ko siyang nagsasalita ng iba't ibang wika. Nakita ko siya..." Siyanga.

²³⁷ Ang sabi ni Jesus, "Marami ang lalapit sa Akin sa araw na iyon, at magsasabi, 'Ginawa ko ang lahat ng mga bagay na ito.'" Kita n'yo? "Sila'y kumain ng manna sa ilang," sabi ni Jesus, "at sila'y, bawa't isa, nahiwalay Magpawalang Hanggan. Sila'y patay na." Iyon ay nawala na Magpawalang Hanggan. Sila'y napahamak mismo roon sa ilang.

²³⁸ Naaalala n'yo ang Mga Hebreo sa ika-6 na kabanata, "Yaong mga minsang ipinakilala sa Katotohanan, at tumangging lumakad Dito, wala nang pagsisisi para sa kanila." Kita n'yo, isang hanggang bungad lang na mananam-. . . Kapag ang Katotohanan ay ipinakilala sa isang tao sa huling pagkakataon, at sila'y tumanggi na tanggapin Ito; ayon sa Aklat ng Mga Hebreo, kita n'yo, sila'y. . . ni wala nang anumang bagay sa mundo ang makapagliligtas pa sa kanila kailanman.

²³⁹ Tapos na sila. Wala nang pagsisisi, wala nang katubusan, wala nang natitira pa para sa kanila. Sila'y inihawalay na Magpawalang Hanggan. Sinabi iyan ng Biblia, "Naghihintay sa kakila-kilabot na apoy at pagkagalit na lalamon sa kaaway." At kapag ang Katotohanan ng Ebanghelyo ay napatunayan na, lubusang pinagtibay, at pagkatapos ay tatalikod at lalayuan Ito, sila'y tapos na. Iyon lang. Nakakatakot ito, nguni't kailangan ko itong sabihin.

²⁴⁰ Alalahanin ang Mga Anghel na hindi nangag-ingat sa dati nilang kalalagayan, bagkus ay naiwan doon sa bahay-bilanguang iyon sa kadiliman, kung saan ang sanlibutan ngayon ay naglalakad sa bilangguan ding iyon, wala nang pagsisisi.

²⁴¹ Gunitain ilang taon na ang nakararaan, sinabi ko, nang ako'y nanggaling mula sa Chicago, "Alinman sa tatanggapin ito ng Amerika sa taong ito, o hindi na niya matatanggap ito kailanman." Nakikita ba n'yo kung saan siya napunta? Siya nga.

²⁴² Ngayon hindi ko alam kung ito na nga ba ang Ikatlong Hatak? O Dios, nawa'y malayo pa ito roon! Para kaya riyan ang Ikatlong Hatak? Iyan na nga kaya? Oh, naku! Pag-isipan ito, mga kaibigan. Pakaisipin ito; hindi ko gusto.

243 Sinabi ni Jesus, “Ang ganitong uri ng pagpapaimbabaw . . .” Kung nais n’yong isulat iyan, sa Mateo 23, -siyete. Aking—aking isinulat rito, “basahin iyan,” nguni’t makikita n’yo. “Kayong mga bulag na Fariseo!” Hayaang . . .

244 Mayroon pa kaya kayong mga ilang minutong nalalabi? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.] Tingnan natin. Buklatin lang natin iyon, ‘pagkat ang sabi ko “basahin iyon.” Mayroon doon na gusto kong basahin bago lamang . . . Ngayon marahil iba na lang ang lalaktawan ko, datapuwa’t hayaang—hayaang kunin lang natin ito sandali. Mateo 23, sandali lang, sige, at tayo’y magsisimula sa ika-27 talata. Makinig lamang ngayon. Basahin n’yo ang kabuuan pag-uwi n’yo sa bahay, kung gusto n’yo. Ilang minuto na lamang.

245 Ngayon ay masdan dito. Mateo 23, at simulan sa ika-27 talata, “Sa aba ninyo, mga eskriba!” Ngayon, tandaan, banal na kalalakihan ang kausap Niya rito.

Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpapaimbabaw! sapagka’t tulad kayo sa mga libingang pinaputi (iyon ay mga patay na tao, kita n’yo), mga libingang pinaputi, na may anyong maganda sa labas, datapuwa’t sa loob ay puno ng mga buto ng mga patay na tao, at ng lahat na karumaldumal.

246 Mga pagpapaimbabaw at inggitan at pagtatalu-talo, ang nasa loob nila; sa labas, “Ako’y si Doktor *Ganito-at-ganiyan*.”

Gayon din naman kayo sa labas ay nangag-aanyong matuwid sa mga tao, (tingnan ang Konsehong Ekumenikal at ang mga Pentecostal na nakaupo roon), datapuwa’t sa loob ninyo kayo’y puno ng mga pagpapaimbabaw at ng katampalasanan.

247 Ano ang katampalasanan? Isang bagay na alam mo namang tama pero ayaw mo itong gawin. Si Jesus, ngayon ay masdan kung ano ang Kaniyang . . .kung sa anong salinglahi Niya ito inilalagay ngayon.

Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpapaimbabaw! sapagka’t itinatayo ninyo ang mga libingan ng mga propeta, at inyong ginagayakan ang mga libingan ng mga matuwid, kita n’yo, “Oh, ang mga propeta!”

At sinasabi ninyo, Kung kami sana ang nangabubuhay nang mga kaarawan na iyon ng aming mga magulang, disi’y hindi kami nangakaramay nila sa dugo ng mga propeta.

248 “Pinaniwalaan sana namin ang Salita ng Panginoon kung kami’y nabuhay noon.” Masdan.

Kaya't kayo'y nangagpapatotoo sa inyong sarili, na kayo'y mga anak niyaong mga nagsipatay ng mga propeta.

Punuin nga ninyo ang takalan ng inyong mga magulang.

249 Iyan na nga kung ano ang nagaganap. Ngayon masdan kung ano ang Kaniyang sinasabi rito.

Kayong mga ahas, at mga lahi ng mga ulupong, paanong mangakawawala kayo sa kahatulan sa impierno?

250 Paano n'yong magagawa ito? Ngayon Siya ay nangungusap sa mga ministro, kita n'yo, tama iyan, kalalakihang banal. Paano n'yo nagagawang tumayo at nalalamang ang Biblia ay nagpauna nang sabi at nagsasabi sa mga taong huwag gawin iyon, at magagawa n'yong manindigan at makipagkompromiso dahil lang sa ilang walang kuwenta, nangangamoy na dolyar, para sa popularidad, at para may tumapik sa inyo sa likod at tawagin kayong "Doktor"? Paano n'yo masasabing mahal n'yo ang mga taong iyan?

Nangangaral ako sa mga teyp, din. Kita n'yo?

251 Paano ninyo, paano n'yo sasabihing mahal n'yo ang mga taong iyon, at hayaan ang isang bagay na tulad niyan na mangyari? Kita n'yo? Kayo—kayong mga Fariseo, kayong mga bulag, kayong mga serpiyente, kayong lahi ng mga ulupong, paano kayong makakatakas sa kahatulan sa impierno? Kapag kayo. . . Paanong ang isang tao ngayon, na nakaaalam na ang mga bagay na ito ay mali, at tatayo roon para hawakan ang kaniyang kongregasyon, upang palaguin ang kaniyang denominasyon, at mabigong sabihan ang mga kababaihan at kalalakihan? Paano ninyo matatakasan ang galit ng impierno, samantalang ginawa iyon para sa inyo? Paano n'yo ito gagawin? Kita n'yo?

252 Makinig, makinig dito. Ano ang magiging kahihinatnan nito? "Samakatuwid. . ." ika-34 talata.

. . . narito, susuguin ko sa inyo ang mga propeta, . . .

253 "Susuguin ko," sa hinaharap. Hayun na naman ang mga Fariseo na nagsisibalik muli. Kita n'yo?

. . . pantas na lalake, . . . mga eskriba: at ang mga iba sa kanila'y inyong papatayin at ipapako sa krus; at ang mga iba sa kanila'y inyong hahampasin sa inyong mga sinagoga, at sila'y inyong paguusigin sa bayan-bayan:

254 Kaniyang pinapauna nang sinabi na magsusugo Siya sa kanila ng mga propeta, na taglay ang Salita ng Panginoon. At ano ang kanilang gagawin? Kagaya rin ng ginawa ng kanilang mga magulang, 'pagkat ganiyan kung ano ka. Kita n'yo, ang mga espiritu ay hindi namamatay. Ang mga taong nilulukuban

nila ay namamatay, datapuwa't ang mga espiritu ay hindi namamatay. Sabi Niya, "Kayo ang mga anak. Kayo nga iyon." At pansinin na lang kung paano ang mga bagay na ito.

²⁵⁵ Kung paanong si San Pablo ay tumayo roon (naniniwala ba kayong isa siyang propeta?) at binatikos ang mga babae, sa pagpapaikli ng kanilang buhok; binatikos ang kanilang mga organisasyon; ipinabatid na ang bawa't taong hindi pa nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo ay kailangang lumapit at mabautismuhang muli. Tama iyan.

²⁵⁶ At sa araw na ito ay ikinukompromiso nila at pinatatamis ito. Wala silang ipinagkaiba, ganoon pa man. Ito'y kaawa-awa. Kung ang oras ay tapos na, maaari kong sabihin ito, kita n'yo: sila'y mga bulag, nakatalagang mabulag. Mahabag nawa ang Dios. Hindi nila makita ito.

²⁵⁷ Sabi ni Jesus, "Kayo'y mga bulag. Kayong mga bulag na eskriba at mga Fariseo, kayong mga mapagpaimbabaw! Samantalang binabasa n'yo ang siya ring Salitang binasa ng lahat sa kanila, at heto kayo at hinahatulan Ako. At Ako na nga ang tugmang-tugma sa sinabi ng Salita na lilitaw sa araw na ito. Ako ang nakatak dang Mensahero ng araw na ito. Ako ang Mesiyas," sinabi Niya, sa napakaraming pananalita. "Ako ang Mesiyas. Nabigo ba Akong patunayan ito? Kung hindi Ko nagawa kung ano ang naisulat tungkol sa Akin, kung ganoon hatulan n'yo Ako. At kayong mga bulag na Fariseo na inaakay ang inyong mga tagasunod mismo sa bagay na tulad niyan, at inihahatid ang lahat." Sabi, "Buweno, ang bulag ay umaakay sa kapuwa bulag." Sabi, "Kayo'y. . ."

²⁵⁸ Sinabi n'yo, "Oh, kung nabuhay lang sana kami noong panahon ni San Pablo, oo, pumanig sana ako kay San Pablo."

²⁵⁹ Kayong mga mapagpaimbabaw! Kita n'yo? Bakit hindi kayo pumanig sa kaniyang Doktrina? Ganoon din ang gagawin n'yo noon kung ano ang ginawa ninyo ngayon, dahil kayo'y mga anak ng inyong mga ama, ng inyong mga maka-organisasyong ama: mga Fariseo, mga Saduceo, at mapagmatuwid. Iyan ay— iyan na iyon. Uh-huh. Sasabihin ko sa inyo, at—at sa oras na kinabubuhayan natin, maaari kayang ito na nga ang Ikatlong Hatak? Ngayon sandali lang, kita n'yo, sinabi ni Jesus, "Ang ganitong uri ay magsisitanggap ng lalong mabigat na parusa." Kita n'yo? Hindi ba ito kalagim-lagim?

²⁶⁰ Bilang isang bantog na Amerikano, minsan, nang sasakupin na sana ng kaaway ang bansang ito, may isang lalaki sa hatinggabi ng oras, sumakay sa kabayo at pinatakbo ito sa lansangan, na nagsisigaw, "Paparating ang kalaban!" Iyon ay si Paul Revere.

²⁶¹ Ako ay Amerikano, rin. At ako'y nakasakay, sa oras na ito ng hatinggabi, hindi sinasabing dumarating ang kalaban, kundi naririto na siya! Hindi siya paparating; naririto na siya!

Siya'y nakapanakop na. Ako'y nangangambang ito'y tapos na; nananakop, sa oras na ito ng hatinggabi.

²⁶² Alalahanin, sa Tucson, ang pitong Anghel, kung ano ang Mensahe, "Ang pagtatapos ng hiwaga ng Dios." Pagkatapos na pagkatapos niyaon, bumababa sa hilera. . .

²⁶³ Narinig n'yo nang lahat ang tungkol sa kabundukan. Pansinin. Nakuhanan ni Kapatid na Fred ng ilang mga litrato nito, at si Kapatid na Tom. At mayroon akong ilang mga litrato, ilang pelikula, lahat na. Ipapalabas namin ito rito isang araw, ipapakita sa inyo kung saan banda iyon. Alam n'yong lahat ang kuwento.

²⁶⁴ Masdan, ang tatlong tuktok. Sinabi Niya, "Hayan ang iyong Una, Ikalawa, at Ikatlo."

²⁶⁵ At si Kapatid na Fred ay may napakagandang litrato nito, nang siya at si Kapatid na Martha ay dumaan. Ang mga ulap ay umakyat na buhat sa hamog sa lupa, at natakpan ang iba pa sa kanila, at ipinapakita lamang nito ang Tatlong Hatak; isa *rito*, isa *rito*, at isa *roon*. Kita n'yo? Ang pito!

²⁶⁶ Masdan, ang Una, tatlo. Ang tatlo ay kasakdalan. Iyon ay nang nagpasimula ang ministeryo.

²⁶⁷ Ang Ikalawang Hatak ay ang pagkilala ng mga espiritu, ang propesiya. (Ang una ay ang pagpapagaling sa maysakit.) Ang Ikalawa ay ang propesiya na lumabas, at nakilala nito ang lihim ng mga kaisipan, nang ang Salita Mismo ay maihayag. Na, 'yun ay biyaya.

²⁶⁸ Nguni't, tandaan, ang ikapito ang katapusan. Ito na kaya ang katapusang Hatak, tapos na ang lahat? Ito na nga ba? Isipin ito ngayon. Sadyang pag-isipan. Nasaan na kayo? Kita n'yo? Ang pito ay laging ang katapusan. Tatlong Hatak!

²⁶⁹ Ang ministeryo ni Jesus ay binuo ng Tatlong Hatak. Alam n'yo ba iyon? Pansinin! At maging sinsero, kung naging sinsero ka na kailanman sa buhay mo, ngayon sa isang sandali, ilang minuto.

²⁷⁰ Ang kaniyang Unang Hatak ay ang pagpapagaling sa mga maysakit. Siya'y naging isang bantog na tao. Lahat ay naniwala sa Kaniya, tila бага. Tama ba iyon? Nang humayo Siyang nagpapagaling ng mga maysakit, lahat ay nais makasama Siya sa kanilang simbahan.

²⁷¹ Nguni't isang araw ay pumihit Siya at nagpasimulang magpropesiya, dahil Siya ang Salita, at Siya ang Propetang ipinangusap ni Moises. At nang pumaroon Siya upang mangusap sa kanila, at sabihin sa kanila kung paano silang mamumuhay, at ang mga bagay na ginagawa nila, Siya ay naging labis ng inayawan. Iyon ang Ikalawang Hatak Niya.

²⁷² Iniisip ko kung naitipo kaya itong muli? Mag-isip lang sandali. Ito na nga kaya? Ang Una, pagpapagaling, bawa't isa.

Ang Ikalawa: “Oh, maaaring ito ay Jesus Only. Maaaring ito ay si Beelzebub, baka ito ay isang. . .” Ganiyan din ang ginawa nila roon. Kita n’yo? Ang dati ring mga espiritu na nananahan sa ganoon ding uri ng mga tao, hinatulang mga tao na hinding-hindi na maliligtas, dahil nahatulan na sila noon; sila, tulad ni Judas Iscariote, isinilang na anak ng kapahamakan.

Sasabihin mo, “Si Judas?” Siyanga.

²⁷³ Alalahanin, siya ay napakarelihiyoso, datapuwa’t hindi siya makapagpatuloy sa kabuuan ng Mensahe. Kaniyang maaaring matanggap ang bahagi nito, datapuwa’t ang iba pa nito ay hindi niya masikmura. Kanilang matatanggap ang pagpapagaling at ang mga bagay na gaya niyan, nguni’t pagdating sa pagpapalitaw ng Dios ng mga squirrel sa salita lang, kung ganoon masyado na’yong malalim para sa kanila. “Hindi maaari!” Iyon si Judas. Ang kaniyang espiritu ay makakapamuhay hanggang sa bahaging iyon. Hindi na niya maituloy ito pagkatapos niyan. Kita n’yo?

²⁷⁴ Kanilang tanggap na tanggap si Moises nang hawiin niya ang Dagat na Mapula, at iba pang tulad noon. Datapuwa’t pagdating na sa pagsasabi, hindi nila, lahat ng iba pa sa kanila ay hindi dapat gumawa ng *ganito* o *ganoon*, o ng *iba pa*: “Ginagawa na niyang Dios ang sarili niya, sa atin.” Kita n’yo, hindi na nila mapuntahan iyan, sina Core at sila. Kaya, kailangan nilang magkaroon ng isang organisasyon, kaya’t ang Dios ay sadyang nilamon na lang sila.

²⁷⁵ Ang ministeryo ni Jesus, nang Siya ay nagpapagaling sa maysakit, “Siya’y kahanga-hanga, ang batang Propetang iyon ng Galilea! Aba, pinadidilat Niya ang mga bulag. Kaniya pa ngang ibinangon ang patay. May tatlo tayong pangyayari nito. Kaniyang talagang ibinangon ang patay.”

²⁷⁶ Nguni’t isang araw ay pumihit Siya, sabi Niya, “Kayong lahi ng mga ulupong. Nililinis ninyo ang labas ng pinggan. Para kayong banal, nguni’t ang kalooban n’yo, kayo’y wala kundi isang bungkos ng mga ahas.” Oh, nang lumabas ang propesiyang iyon, binabatikos ang organisasyong iyon, nang magkaganoon ay nabago ito. Sila’y naging laban na sa Kaniya. Tama iyan. At sa bandang huli, sa pagtangga sa Kaniya, ipinako nila Siya sa krus.

²⁷⁷ Datapuwa’t hindi mo mapapatay ang Ministeryo. Ito ay patuloy na nabubuhay. Maaari mong patulugin ang mensahero, nguni’t hindi ang Mensahe. Uh-huh. Tama. Siya’y patuloy na nabubuhay. At pansinin nang dumating ang Ikatlong Hatak ng Kaniyang ministeryo. Ang Una ay pagpapagaling sa maysakit.

²⁷⁸ Ang Ikalawa ay ang pagsaway sa mga organisasyon, at pagpropesiya; kung ano ang nagawa nila, kung ano sila, at kung ano ang darating. Kung ano ngayon, kung ano ngayon ang, ang mangyayari; at kung ano noon, kung ano ngayon, at ang

darating. Iyo'y kung ano ang ginawa Niya. Tama ba iyon? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.]

²⁷⁹ Datapuwa't ang Kaniyang Ikatlong Hatak ay noong mangaral Siya sa mga nangapahamak na hindi na maliligtas kailanman. Naroroon sila kung saan yaong mga malalaki, pinintahang mga mata ay naroroon, "Ooh, ooh!" Nangaral sa mga kaluluwa sa impiyerno, na hindi tumanggap ng awa, kundi nahiwalay na Magpawalang Hanggan mula sa Presensiya ng Dios. Datapuwa't kinailangan nilang makilala iyon, kung ano Siya, dahil ginawa Siya ng Dios doon.

²⁸⁰ Ang ministeryo kaya Niya ay aangat din tulad niyon sa mga huling araw, kung paano noon? "Kung paano Akong isinugo ng Ama, isinusugo Ko rin naman kayo. Ang mga gawang Aking ginawa ay gagawin din naman ninyo."

²⁸¹ Nangapahamak na, hinding-hindi na maliligtas. Tinanggihan na nila ang awa. Iyon ang Kaniyang Ikatlong Hatak.

²⁸² Ngayon mayroon bang anumang katanungan? Ang Kaniyang Unang Hatak, pinagaling Niya ang maysakit. Tama ba iyan? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Ang Kaniyang Ikalawang Ministeryo, Siya ay nagpropropesiya. Ang Kaniyang Ikatlong Ministeryo ay ang pangangaral sa mga nangapahamak na Magpawalang Hanggan. Ang tatlong bundok, at iba pa; ang nangapahamak, Magpawalang Hanggan!

²⁸³ Ang ministeryo ni Noe, lahat ng mga ministeryo, ay ganoon din ang ginawa. Si Noe ay nangaral. Tamang-tama iyan. Siya'y pumasok sa daong. At nang pumasok siya sa daong, may pitong araw na walang nangyari. Ang kaniyang patotoo ay nangaral sa mga nahatulan na.

²⁸⁴ Ang Sodoma at Gomora! Tinukoy ni Jesus kapuwa ang mga iyon bilang pagparito. "Bago dumating ang Anak ng tao, ganoon din naman na ito'y magiging tulad sa mga kaarawan ni Noe, ganoon din naman ito'y magiging tulad sa mga kaarawan ng Sodoma." Tinukoy Niya si Noe.

²⁸⁵ Si Noe ay may Tatlong Hatak, at ang Ikatlo niya ay sa mga nangapahamak matapos maipinid ang pinto. Sapagka't, hinayaan ng Dios na manatili iyon doon, kung saan walang sinumang makapapasok o makalalabas. Nasa loob sila. Sapagka't, (tulad ng sa ikapitong bundok) ang pinakamataas na bundok, diyan kung saan Niya ipinalagay ang daong, sa bundok. Kita n'yo? Tama ba iyon?

²⁸⁶ Sa mga kaarawan ng Sodoma, ang Unang Hatak ay ang matuwid na si Lot. At ang sabi ng Biblia, "Ang mga kasalanan ng Sodoma ay pinighati ang kaniyang matuwid na kaluluwa araw-araw," kung paano ang ikinilos ng mga babaing iyon at ginawa.

287 Inyong tandaan, “Kung paano sa mga kaarawan ni Noe.” Ano ba ang ginagawa nila noon? “Nagsisikain, nagsisiinom, nagsisipag-asawa, pinapag-asawa.” Mga babae, kita n’yo, mga babae. Ano nga ba sa mga kaarawan ng—ng Sodoma? Mga babae.

288 At ang Unang mensahe ay si Lot. Kanilang pinagtawanan siya nang mainam.

289 Pagkatapos ay nagsugo sila ng iba pang mga mensahero, dalawa sila, at naparoon sila. Iyon ang Kaniyang Ikalawang Hatak para kay Lot . . . para sa Sodoma.

290 Nguni’t tingnan yaong Isang huling nagtungo roon, parami nang parami ang awa. Tapos na iyon noon, tapos na ang lahat sa pagkakataong iyon. Yaong ikatlong Mensahero na pumunta roon, ang Ikatlong Hatak, ano Siya? Anong uri ba ng ministryo ang nataglay Niya? Naupo Siyang kasama ng hinirang, at sinabi sa kanila kung ano ang nagaganap sa likuran Niya. Tama ba iyon? Datapuwa’t nang humakbang Siya sa Babilonia, o papasok ng Sodoma, nais Niyang makakita . . .

291 Maging si Abraham, nagsusumamo, “Kung makakasumpong ako ng limampung matuwid?” Hanggang sa bumaba sa “sampung matuwid?”

Ang sabi ng Dios, “Oo, maghanap ng sampung matuwid.”

292 Hayaan mong sabihin ko sa iyo ang isang bagay, kapatid na babae, sandali lang. Maaaring makaluma ka, nguni’t may taglay kang bagay na wala sa mga reyna ng kalaswaang ito. May bagay kang taglay na hinding-hindi siya magkakaroon. Tama. Maaaring ikaw ay makaluma sa iyong pananamit, nadaramtan tulad ng isang mahinhing babae. Maaari nilang sabihin, “Tingnan ang makalumang holy-roller na iyon.” Huwag kang mag-alala. Mayroon siyang isang taglay na ’yung matandang reyna ng kalaswaang iyon, na nakuha ang buong mundong nakatitig sa kaniya roon, ay wala niyaon. Hinding-hindi siya magkakaroon niyon. Siya ay ligaw, Magpakailanman. Siya ay nahatulan na. Kita n’yo? Siya’y hindi kailanman . . . Meron kang mabuting asal; malinis ka. Siya’y walang anumang taglay. Meron siyang bitag na sumisilo sa mga kaluluwang ligaw patungo sa impiyerno. Ang bulag ay lumalakad papasok nito. Ngayon, may bagay kang taglay.

293 Alam n’yo, ni wala ka marahil sa aklat ng simbahan, datapuwa’t maaaring ang matuwid mong buhay ang pumipigil sa galit ng Dios sa mundo ngayon. Ayaw ng sanlibutan na paniwalaan ito. Ikaw na babaing binansagang holy-roller, ikaw na munting lalaking halos walang anumang alam, nguni’t ikaw ay humihibik sa Dios, araw at gabi, para sa mga kasalanan ng bansa, maaaring ikaw ang pumipigil sa galit. “Kung makakasumpong Ako ng sampu, patatawarin Ko ito. Kung makakasumpong Ako ng sampu!” “Kung paano sa mga

kaarawan ng Sodoma, ganoon din naman ito.” Nakikita n’yo ba kung ano ang gusto kong sabihin?

²⁹⁴ Hindi, “Kung makakasumpong Ako ng sampung Metodista, kung makakasumpong Ako ng sampung Baptist, kung makakasumpong Ako ng sampung Pentecostal, kung makakasumpong Ako ng sampung atleta, kung makakasumpong Ako ng sampung senador, kung makakasumpong Ako ng sampung ministro.”

²⁹⁵ Kundi, “Kung makakasumpong Ako ng sampung matuwid!” Iisa lang ang matuwid, iyon ay si Cristo. Si Cristo na nananahan sa Isa, sa kanilang sampu, kita n’yo, “Patatawarin Ko ito.”

²⁹⁶ Datapuwa’t ang huling mensaherong iyon ay nangaral sa mga nahatulan na. Sasabihin mo . . . Siya’y nagtungo roon. Hindi sinasabi ng Kasulatan kung ano ang nangyari, nguni’t bumagsak ang apoy kinaumagahan, tama, matapos Niyang ginawa ang mga tandang iyon, pagkatapos na pagkatapos Niyang gawin ang Kaniyang ministryo ng pagpropesya. “Bakit tumawa si Sara?”

Sabi niya, “Hindi ako tumawa.”

Sabi, “Oo, tumawa ka.” Kita n’yo?

²⁹⁷ Ngayon, pagkatapos na pagkatapos nun, Siya’y pumasok sa Babilonia, o pumaroon sa Sodoma. Hindi Niya sila nasumpungan, kaya bumagsak ang apoy. Nasumpungan niya si Lot at ang kaniyang dalawang anak na babae, sabi, “Lumabas kayo kaagad dito ngayon din.” Kita n’yo? Lumabas ito. Bumaba Siya roon. Alalahanin, nasa Kaniyang daan na Siya pababa. Siya’y nagpadala ng mga mensahero sa Kaniyang unahan, nguni’t bumaba Siya Mismo, tama, para malaman kung totoo nga ang lahat ng bagay na ito. At nasumpungan Niya itong punong-puno ng ano? Mga babaing pinturado ang mukha. Ang Mensahe sa mga nahatulan na. Anong ginawa nila? Pinagtawanan ito.

²⁹⁸ Ano ang ginagawa nila ngayon? Ganoon din. “Kaanib ako sa Assemblies. Kaanib ako sa Oneness. Ako’y—ako’y . . . sumayaw na ako sa Espiritu. Luwalhati sa Dios, nagsasalita ako ng . . .” Sige, magpatuloy ka. “Gugupitan ko ang aking buhok kung gusto ko. Gagawin ko *ito*. Ako’y—sasabihin ko lang *ito*. Hindi ko na kailangang magpabautismo sa Pangalan ni Jesus. Ako—wala akong pakialam kung anong sinabi. Si Pablo ay isang matandang namumuhi sa babae, ganoon pa man. Iyan ay isang . . .” Sige, magpatuloy ka.

²⁹⁹ Isa sa mga araw na ito, kung ikaw ay hindi pa, tatawirin mo ang hangganan na iyon. Hinding-hindi mo na hahangarin pang gumawa ng kung ano ang matuwid. Narinig n’yo ba kung ano ang sinabi ko? Ito’y mahalaga. Kapatid na lalaki, kapatid na babae, napagtatanto n’yo ba kung ano ang naipangusap?

Tatawirin n'yo ang hangganan na iyon, at hinding-hindi mo na hahangarin pang gawin iyon. Mapakikinggan mo pa rin ang Ebanghelyo, sigurado, nguni't hindi mo na Ito tatanggapin kailanman. Hindi mo na Ito matatanggap. Datapuwa't ang Ebanghelyo ay ipangangaral sa mga nahatulan na, yaong mga napahamak na Magpawalang Hanggan, ay hindi na maliligtas, hindi na. Ikaw ay naroroon na sa dakong iyon, at hindi namamalayan ito. Inaakala mong ika'y namumuhay sa kalayawan, at patay samantalang nabubuhay ka pa.

³⁰⁰ Oh, makinig. Lahat niyaong tumanggi sa Mensahe sa takdang panahon, bago pa ang paghatol, ang Ebanghelyo ay naipangaral na sa mga nahatulan na, muna, bago sila naparoon; nang walang awa. Si Noe, nasarhan, ay isang patotoo. Isinara ng Dios ang pinto, pagkatapos ng kaniyang Ikatlong Hatak. Pagkatapos ng Ikatlong Hatak sa Sodoma, ang mga pintuan ay isinara. Wala nang awa. Ang sampu ay di na masumpungan. At naipangaral na ang Ebanghelyo sa mga napahamak, na hindi na maliligtas, dahil ito ay talagang...Ganoon lagi ang nangyayari sa bawa't kapanahunan, ang bawa't kapanahunan ay tumatanggi sa Mensahe bago ang paghatol.

³⁰¹ Ginawa na naman ba nila itong muli? Iyon bang pagpapakita sa isang Haliging Apoy rito sa may ilog? Iyon bang pagpapakita kasama sa Mensahe ng pagsumbat sa mga babae, at ang paghahagis ng mga lugar kung saan dapat ito mailagay, at ang pagsasaway sa mga ministrong iyon na pumapanig sa denominasyon sa halip na manatili sa Salita? Samantalang, lubos nang pinagtibay ng Dios na Siya iyon, at hindi ang sinumang abang ignoranteng walang pinag-aralang tulad ng isang tao. Ito'y ang Dios! At humantong na ba tayo sa kalagayan na ang Ikatlong Hatak ay muli na namang babalik sa mga napahamak na, Magpawalang Hanggan?

³⁰² Iyon na ba ang pangitaing iyon na ibinigay sa akin, habang isang maliit na bata pa noon? At ako'y nagtungo na sa Kanluran, at naroroon ang ginintuang Krus ng Ebanghelyo kumikislap pababa, na ipinahayag ang tanda mula sa Langit, sadyang tugmang-tugma. Tandaan, ang Krus ay nasa isang napakagandang tanawin, tulad sa isang-tulad sa isang piramide, rin, naitayo na. Kita n'yo? Iyon na kaya ang ulong bahagi kung saan ito'y matatapos, at nagsimula *rito* at umakyat doon sa pagkapangulo?

³⁰³ Gaya ng piramide, dumaan mula kay Luther, Wesley, Pentecostes, at pagkatapos ay ang paglalapat ng ulong bato. Ito na nga kaya iyon? Kung ito na iyon, nasaan na tayo? Ito, marahil ay ito na. Umaasa akong hindi pa, nguni't ito ay dapat maganap. Ito'y magaganap. Pakatandaan lamang, silang mga ministryo ay kailangan, lagi silang nagkakatugma-tugma, sa isa't isa. Kailangan itong mangyari. At ang Dios ay hindi nagbabago. Isipin ito!

304 Kagatin ang inyong budhi sa pamamagitan ng inyong espirituwal na ngipin, at alamin kung nasaan na tayo. Paano kung ito na nga, at ikaw ay ganoon pa rin? Kung magkagayo’y makabubuti pang lumakad ka na. . . . Tapos ka na, silang mga nasa labas. Matapos ang Aklat ay kinuha na ng Cordero, ang Ikaanim na Tatak ay nahayag na at ang lahat ng mga Tatak, ito’y tapos na. Maaaring ito na nga. Sana naman ay hindi pa. Maaaring ito na nga. Buweno.

Ngayon, iyan ba kung bakit ang Ikatlong Hatak na ito ay masyadong nagtagal?

305 Pansinin n’yo, ang Unang Hatak at ang Ikalawang Hatak ay nagkasunod mula sa isa tungo sa isa. Sinabi ko na noong una, inyong natatandaan, nang ako’y unang magpasimula, tungkol sa Una. At sinabi ko, “Darating ang panahon na malalaman Nito pati ang mga lihim ng puso.” Naaalala n’yo pa ba? Ilan ba? Aba, naaalala n’yo pang lahat iyon, sa aking mga pagtitipon kung saan-saan. At isang gabi ay basta lumakad ako papasok sa Regina, doon sa itaas, at lumakad sa entablado; at naroon si Kapatid na Baxter, sa ilang libong katao. At may isang lalaking lumakad sa entablado, [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kaniyang daliri nang minsan—Pat.] at hayun na nga iyon. At mula noon ay lagi nang ganoon.

306 Nguni’t maraming taon na ang lumipas mula nang tumigil ako sa labas, apat, mga limang taon mula nang tumigil ako. Ano ito? Ano ang naging sanhi nito? Iyan ba noon pa ay kung bakit iyan ay katulad din ito sa pasimula, sa Genesis, “Ang pagpapahinuhod ng Dios”?

307 Alalahanin, nang likhain Niya ang mundo, sa ikapitong araw ay wala Siyang nilikha. Siya’y nagpahinga. Kita n’yo? Ang Dios ay nagpapahinuhod sa ikaanim na taong iyon, hindi ibig na ang sinuman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi. Ang Dios ay mapagpapahinuhod.

308 Muli, ganoon din, sa Genesis 15:16, kung gusto n’yong isulat ito, 16, 15. Sinabi Niya kay Abraham, “Doon sa lupain ng mga Amorrheo, ang kanilang kasamaan,” sila’y mga Hentil ngayon. “Hindi Ko kayo madadala roon sa ngayon, ’pagkat ang katampalasanan ng mga Amorrheo, ng mga Hentil, ay hindi pa nalulubos. Nguni’t hahatulan Ko sila. Darating Ako sa ikaapat na salinlahing iyon, at pagkatapos ay hahatulan Ko ang bansang iyon sa pamamagitan ng tungkod na bakal.” Tama ba iyon?

309 Masyado na ba itong matagal, na ang pagpapahinuhod ng Dios, ang ministeryo sa tuwina, sa pamamagitan ng teyp at lahat ng iba pa, ay sumuyod na sa buong mundo, upang tingnan kung mayroon pang isa? Datapuwa’t maaaring ang kahulihang isang iyon ay pumasok na kamakailan lang. Ang katampalasanan ba ay naging—naging napakatagal na? Kung si Jesus ay ganoon pa rin, na ganoon nga Siya, Mga Hebreo 13:8,

ang Kaniyang Mensahe ay dapat ganoon pa rin. (Magtatapos na.)
Ang kilos Niya ay dapat ganoon pa rin.

310 Kung ang Una at Ikalawang Hatak ay hindi mapasubalian!
May tanong ba sa inyong kaisipan tungkol sa Una at Ikalawang Hatak? Naganap ba ito gaya ng sinabi Niya? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Kung ganoon bakit pinag-aalinlanganan ang Ikatlo? Kita n'yo? Bakit n'yo Ito pag-aalinlanganan? Ang unang dalawa ay ipinakilala sa pamamagitan ng Kasulatan. Aking pinatunayan sa inyo sa umagang ito na ang Ikatlo ay ipinakilala ng Kasulatan, din.

311 Tingnan ang sanlibutan, tingnan kung saan na siya naroon. Tingnan kung paano nilang tinanggihang ang Katotohanan, at kung paanong ipinakilala ito nang wasto, ang bahaging propesiya. Ngayon ay nasaan na tayo? O Dios, mahabag nawa! Pinadurugo niyan ang puso ko sa loob. Ano nga ba ito? Nasaan na tayo?

312 Tandaan, ang pitong tuktok na iyon doon sa itaas, makapagsasabi ang mga iyon sa inyo. Ito'y... Wala nang iba pang tuktok pagkatapos niyon. Iyon ay nasa Continental Divide. Iyon ay patungo na sa disyerto, nagsimula buhat doon. Ang Walang Hanggan ay papasok na. Pitong mga tuktok, doon mismo sa Continental Divide. Iyon ay nasa mismong pagitan ng tama at mali. At sa dulo nun, ang Ikatlong Hatak ang Huling Hatak ng hanay. Tama ba iyon? Kita n'yo? Buweno.

313 Si Noe ay pumasok, at pagkalipas ng pitong araw, walang nangyari, kita n'yo. Sa loob ng pitong araw ay dumating ang paghatol. Kung sana... Makinig ngayon, sa pagtatapos. Kung kanila lang, sa panahon ni Noe, nakilala sana ang tandang iyon! Kung nakilala lang sana nila! Ngayon ay magtatapos na ako. Kung nakilala lang sana nila ang tandang iyon, ang sanlibutan sa araw na iyon! Na, pinatunayan ng Dios dito, sa pamamagitan ng pagbasa ng Kasulatan, kanina, nilipol Niya silang mga tao.

314 Hindi sa walang awa; ang awa ay ipinadala sa kanila sa pamamagitan ng isang propeta. Ayaw nila itong paniwalaan. Ang Dios ay maawain, nguni't, nagpadala Siya ng awa nguni't ayaw nila itong tanggapin. Siya'y laging nagpapadala ng awa, muna.

315 Ano kaya kung nalaman nilang ang tandang iyon ay ang tanda ng huling panahon? At nang makita nila, bigla na lang, ang kaligtasan ay huminto na. Walang sinuman, kita n'yo. Sadyang, namalayan mo na lamang, ang pinto ay naisara na. Kung sila... Isang tao lang ang nakaalam ng tandang iyon, iyon ay si Noe at ang kaniyang pangkat. Iyon lang ang nakaalam. Nang ang pintuang 'yon ay nagsara kapuwa, alam na ni Noe iyon. Alam ni Noe na iyon na ang wakas. Alam na niya iyon. Tama iyon. Kung alam n'yo lang ang tanda!

316 Oh, kung nakilala lang sana nila ang tandang iyon, nang makita nilang pumasok ang Isang ito roon, na mula sa itaas doon kasama ni Abraham!

317 Kung nalaman lang sana nila na ang makabagong Billy Graham ng araw na iyon, nagtungo roon, siya at ang isang Oral Roberts, at ipinangaral ang mensaheng iyon sa mga binulag na mga taong iyon! Kung nalaman lang sana nila, silang mga naunang matutuwid na Metodista at mga Baptist noon ay naging isang tanda sa kanila sa araw na iyon, si Lot, nang ang mga kasalanan ay pumighati sa kanilang mismong kaluluwa. Pagkatapos ano ang kinalabasan ng mga Metodista at mga Baptist? Tulad ng ginawa ni Lot, ganoon din. Datapuwa't ang matutuwid, buhat doon, ay lumabas. Sigurado.

318 Ano kaya noon kung si Billy Granham ang nagtungo roon, pumaroon para sa pagpapasya, ngumunguya ng chewing gum, nakikipagsuntukan sa isa't isa, at nagtatawanan, maiikli ang buhok, pinturado ang mga mukha, at ni hindi man lamang kumilos kahit kaunti patungkol dito. Bumalik kinabukasan, at sabi ni Billy, "Mayroon akong tatlumpung libo; babalik sa sunod na taon, at wala man lang kahit tatlumpung daratnan."

319 "Oh, ako'y nagpasya na. Ako—ako—ako'y hindi mapupunta sa impiyerno; ako'y sa Langit patungo, kita n'yo," na patuloy ang pagtatampisaw sa kasalanan. Kung sana sila lamang ay . . .

320 At pagkatapos ang Ebanghelyo na ipinangangaral sa Kapangyarihan, at mga tanda at mga kababalaghan, na ang Haliging Apoy ay nasa ibabaw nito, at lahat ay nagpapatuloy nang tamang-tama, at sinabi na nang una at nailatag na. Kung mayroon silang isang . . . Sabi nila, "Isang pulutong ng mga holy-roller. Ito'y pagbabasa ng kaisipan. Isang uri ng espiritung mangkukulam. Isang diablo, ganiyan nga Iyan. Huwag ninyong paniwalaan Iyan. Wala iyan sa ating organisasyon. Wala tayong anumang kaugnayan Riyan." Kung nakilala lang sana nila ang tanda! Kung nalaman lang sana nila!

321 Sinabi ni Jesus, sabi, "Kung nalaman mo lang ang iyong panahon, Jerusalem. Kung nakilala mo lang! Nguni't," sabi, "ngayon ay bahala ka na sa iyong sarili." Kita n'yo? "Kung nalaman mo lang. O Jerusalem, Jerusalem, makailang inibig Kong limliman ka, tulad ng paglilimlim ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw, mula sa mga kahatulang napipintong dumating! Subali't hindi mo nakilala ang iyong panahon." "Kayong bumato sa mga propeta, at pumatay sa mga matutuwid, kung nakilala n'yo lang ang inyong panahon! Kung nalaman n'yo lang, at nalaman sa inyong Kasulatan, at nalaman na ang Aking pagdating ay isang tanda ng inyong wakas. Ngayon kayo'y bulag. Ngayo'y nasaway na kayo. Tapos na ang inyong panahon." At ganoon nga. Tama iyan. "Kung nalaman n'yo lang sana ang panahon!"

322 Tingnan, nang bitiwang ni Jesus ang ganoong pangungusap, nagpatuloy pa rin ang sanlibutan. Kita n'yo? Ang sanlibutan ay nagpatuloy pa rin, sa nakagawian. Bakit? Dahil hindi nila nakikilala ang oras nila.

323 Ang sanlibutan ay nagpatuloy pa rin, nang pumasok si Noe sa daong. Ang sanlibutan ay nagpatuloy pa rin sa pagkilos. Ang mga manlilibak, sa araw na iyon, sila ay patuloy pa rin sa kanilang mga sex party. Sila ay patuloy pa rin sa pagkain, pag-inom, pag-aasawa, ginawa ang mga bagay na ginagawa nila ngayon. Sadyang eksakto, sa nakagawian. "Ha-ha! Ang matandang holy-roller na iyon ay isinara na ang pinto. Ngayon, nakarinig na ba kayo ng ganoong bagay? Ha-ha! Alam n'yo ba kung anong sinasabi niya? Tayong lahat daw ay 'malulunod.' Walang kabuluhan! Nasaan na ang tubig?"

324 Mga manlilibak, noong mga araw ni Noe. "Ganoon din naman ang magaganap sa pagdating ng Anak ng tao." Buweno. Alam ni Noe ang tanda. Ganoon din sa mga araw ni Lot. Ganoon din sa mga araw ni Jesus. Ganito rin sa araw na ito. Sila'y manlilibak sa kanilang huling pagkakataon. . . ? . . .

325 Ganoon din sa Sodoma, hindi nila nakilala. Nang ang Mensaherong iyon ay nakatayo roon, Mensahe mula sa Dios, pinagtawanan lang nila ang mga ito at pinilit baluktutin ang mga ito tungo sa kanilang sariling mga gawa. Tama ba iyon? "Halikayo at sumali sa amin. Maging isa na sa amin." Tama ba iyon? "Halikayo at sumali sa amin, maging isa na sa amin. Magiging isa kayo sa mga kalalakihan. Sige na, sumali sa amin." Kita n'yo? Hindi talaga nila nakilala ang kanilang tanda.

326 Hindi nila alam na noong ang Mensahe ay kasalukuyang nagaganap, na ang pinaka. . .Hindi nila makita iyon, na ang apoy at galit ng paghatol, habang ang Dios, isang apoy ng nagliliyab na asupre ay nagniningas na sa kalangitan. Hindi nila makita iyon. Ang mga mensahero ay kayang makakita. Uh-huh. Alam iyon ni Lot, din. Alam niyang naroon iyon. Tiyak.

327 Gaya rin naman sa araw na ito, sadyang ganoon din. Ang galit ay nagniningas, ang mga bomba atomika ay napipinto, lahat ng bagay ay nasa katapusan na. Ganito rin ngayon.

328 Tingnan, bayan, makinig. Alam n'yo ba. . . Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, oh, paano naman ang lahat ng ito?" Alam n'yo, ang mga tao'y makapagpapatuloy sa pangangaral ng Ebanghelyo tulad ng lagi nilang ginagawa noon, 'yung tinagurian nilang Ebanghelyo, maaaring tapos na ito. Kanilang ginawa iyon sa mga araw ni Noe. Kanilang ginawa iyon sa mga araw ni Lot. Kanilang ginawa iyon sa mga araw ni Jesus. Tama ba iyon?

329 Maging ang mga Judio, matapos sabihin sa kanila ni Jesus na ang poot. . . "Kayo'y tapos na. Katapusan n'yo na. Wala na. Katapusan n'yo na."

330 “Oh,” sabi niya, “ang holy-roller na iyan. Saan bang paaralan Siya nagmula? Saan ba Siya galing, iyan?”

331 Tandaan, Siya ay handa na noon para sa Kaniyang Ikatlong Hatak. Uh-huh. Tama iyan. Sabi Niya, “Makailang inibig Kong kalingain kayo!”

332 Ginawa ni Lot ang kaniyang huling panawagan...o, ang ibig kong sabihin, ginawa ng Anghel, ang mensahero, sino man Siya. Ang Dios ay ikinatawan sa araw na ito, ang Dios ay ikinatawan sa katawang-lupa, ginawa ang huling tanda, isinagawa ang huling tungkulin. Natapos na lahat noon.

333 Ipinangaral ni Noe ang huling sermon niya; ang pinto ay nagsara sa likuran niya. Iyon na lahat. Kanilang pinagtawanan iyon, at ginawang katatawanan iyon.

334 Isipin, ang mga tao’y makapagpapatuloy sa pangangaral! Ang Konsehong Ekumenikal ay maaaring makianib sa simbahang Katoliko, tulad ng ipinangako nilang gagawin. Lahat ng organisasyon ay maaaring sumali, subali’t ang tatak ng hayop ay naroroon na. Nakukuha na nila ito, doon. Kita n’yo? At sasabihin nila, “Oh, aleluya, pagpalain ang Dios, napakaraming naligtas kagabi.” Nagawa nga ba nila? “Sila’y sumayaw sa Espiritu. Sila’y nagsalita ng iba’t ibang wika.” Walang anumang ibig sabihin iyan. Kita n’yo? “Oh, sila’y maamo at magiliw at mapagpakumbaba. Opo, ginoo. Taglay nila ang bunga ng Espiritu.” Hindi iyan tanda. Ni katiting man.

335 Hayaan n’yong ibigay ko sa inyo ang bunga ng Espiritu, sa pagitan ni Jesus at ng mga Fariseo, tingnan n’yo kung sino ang may bunga ng Espiritu. Ano kaya kung ako’y tumayo, gaya ng pinasimulan kong sabihin kanina, laban kay Cristo ngayon sa loob ng isang minuto? Patawarin ako ng Dios sa pagsasabi man lang nito, kita n’yo, subali’t para maipakita lang sa inyo ang isang bagay.

336 Ano kaya kung lumapit ako sa inyo at sabihin, “Sabihin, kayong kongregasyon, sino ang kaibigan n’yo? Sino ang nagpapakita ng bunga ng Espiritu? Ang inyong butihing matandang pari. Sino ang dumadalaw sa inyo sa ospital kapag may sakit kayo? Ang maamo n’yong matandang pari. Tama iyan. Sino ba ang nagpapautang sa inyo palagi ng pera kapag kayo’y nahaharap dito, sa isang gipit na kalagayan? Kayong mga miyembro ng kaniyang kongregasyon, hindi ba’t tumatakbo kayo sa inyong butihing matandang pari at pinautang niya kayo ng pera? Kita n’yo? Sino ba ang laging mapagmahal at mabait, at nagpapakita ng bunga ng Espiritu? Ang inyong butihing matandang pari.

337 “Sino nga ba itong nag-aral ng napakaraming taon, sa mga sinagoga rito, kung saan ang kaniyang kanunu-nunu-nunu-nunu-nunu-nunu-ama ay nanggaling, lahat na mga sumunod pa? Sino ba ang nag-aral at nagkamit...nagsikap

nang husto at nagkamit ng mga titulo ng pagkadalubhasa at mga PhD at LL.D, para matutunan ang Salitang ito, at nakatayo rito at ipinangangaral ito sa inyo tuwing Linggo ng umaga sa kaniyang kongregasyon? Ang inyong butihing matandang pari.

³³⁸ “Sino ba ang rebeldeng ito, na tinatawag na, ‘Jesus’? Saan bang eskuwelahan Siya nanggaling? Saang eskuwelahan Siya nagmula? Nasaan ang Kaniyang fellowship card? Anong organisasyon ba Siya kabilang?

³³⁹ “Ano ba ang ginagawa Niya kapag may sigalot kayong lahat sa pamilya? Sino ba ang nagpupunta sa inyo? Ang inyong butihing matandang pari, para sikapin na . . . At mayroon kang sigalot laban dito sa kapitbahay rito, at dumarating ang butihin mong pari at inaayos kayo. Sabi, ‘Kayong lahat ay mga anak ng Dios. Hindi n’yo dapat ginagawa iyan.’ Iya’y kung ano ang kaniyang . . .

³⁴⁰ “Ano ba ang ginagawa nitong Jesus na taga Nazaret? Winawasak ’yung bagay na ’yon. Anong ginagawa Niya? Binabatikos ang inyong organisasyon. Anong ginagawa Niya? Tinawag ang inyong pari na ‘bulag na taga-akay ng bulag.’ Kinuha Niya siyang isang ‘ahas sa damuhan.’ Kinuha Niya ang mga haing itinalaga ng Dios, at pinagsisipa ang mga mesa, at pinagtatapon ang mga salapi, at tinitigan silang may galit. Nakita n’yo na bang nagkaganoon ang inyong pari?” Ngayon nasaan ang bunga ng Espiritu? Uh-huh. Uh-huh.

³⁴¹ Hindi sa pamamagitan ng pagsasalita ng iba’t ibang wika. Hindi sa pamamagitan ng pagsasayaw sa Espiritu. Hindi sa pamamagitan ng pagsapi sa iglesia. Hindi sa pamamagitan ng bunga ng Espiritu; tatalunin ang sinuman sa inyo ng Christian Science riyon, kita n’yo, at itatanggi na maging si Jesus Cristo ay Dios. Hindi iyon.

³⁴² Kundi ito’y ang Salita, na nabubuhay! Hayun na. Kung kanila lang nakita, Siya ang Mesiyas. Siya ang buhay na Salita, na nahayag.

³⁴³ At ang isang lalaking taglay ang Espiritu ng Dios sa kanya, o ang isang babae, ipinamumuhay ang Salitang iyan, nananahan mismo ito sa kanila. Iyon ang tibok ng puso, ang itinalaga, dahil ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa kanila, at sila ang Salita para sa mga tao. “Mga nasusulat na sulat na nababasa ng lahat ng tao.” Tama ba iyon? Nagaganap na nga ba ang Ikatlong Hatak?

³⁴⁴ Mga taong nasa teyp, kayong mga nakikinig sa teyp na ito, nais ko sanang makita n’yo ang kongregasyong ito sa oras na ito. Uh-huh. Umaasa akong ganoon din ang nararamdaman n’yo.

³⁴⁵ Paano kaya kung ito na nga? Tingnan n’yo ang mga Kasulatang nakasalansan dito. Ito na nga kaya? Ang Ikatlong

Hatak kaya ang mangangaral doon sa mga nahatulan na sa Magpawalang Hanggan na tumanggi sa Mensahe ng kaligtasan?

³⁴⁶ “Buweno,” sasabihin mo, “ang iglesya ay nagpapatuloy . . .” Oo, sila nga. Sila’y magpapatuloy, gaya ng dati.

³⁴⁷ Nguni’t, tandaan, sa mga panahong ito, si Noe ay nasa loob na ng daong. Ang Nobya ay natatakan nang kasama ni Cristo, ang huling bahagi ay natubos na. Ang Ikaanim na Tatak ay isinakatuparan na ang sarili nito. Ang Ikapitong Tatak ang nagdadala sa Kaniya pabalik sa lupa. Ang Cordero ay lumapit at kinuha ang Aklat mula sa kanang kamay Niya, at naupo at inangkin kung ano ang Kaniyang pag-aari, kung ano ang Kaniyang tinubos. Tama ba iyan? Noon pa’y ganoon na yaong Ikatlong Hatak.

³⁴⁸ Ang tatlo ay kasakdalan. Ang ministeryo ay dumarating sa kasakdalan nito nang ilabas nitong muli si Cristo sa natural, sa gitna ng mga tao, tulad ng sinabi nang una, “Kung paano sa mga araw ni Lot.”

³⁴⁹ Oh, isipin, ang mga tao ay makapagpapatuloy mismo sa pangangaral, nag-aakalang sila’y nagiging ligtas, naniniwalang gumagawa sila nang tama, naniniwalang ang organisasyon nila ay lumalago, siyanga, at wala ni isang sinag man lamang ng pag-asa. At kung ang pangitaing iyon ay iyon na nga, at naging napakahigpit nito sa mga babae, sumapit na tayo sa oras na iyon. Ang pinto ay sarado na, wala na, ang Aklat ay nasa kamay na Niya. Isipin n’yo nga iyon.

³⁵⁰ Hayaang sabihin ko sa inyo ito bago lamang ang pagtatapos ngayon. Ako’y magtatapos na. Naikuwento ito, patungkol sa Ireland, habang nakaharap sa tubig. May isang malaking batuhan pababa sa may pampang, at pataas dito sa malaking burol. At may isang lalaking naglalakad, lumalakad doon isang araw, sadyang—sadyang sa oras na ang tubig ay pataas na. At may isang marangal na lalaki na nakatira roon sa burol, na nakaalam ng tungkol sa mga pagtaas nitong tubig. Alam niya kung anong oras sa araw dumarating dapat ang pagtaas ng tubig. Alam niya kung anong oras ito bumababa. Ang lalaking ito ay walang pakialam sa kung anong oras. Isa siya sa mga tinataguriang alam-ang-lahat. May sarili siyang ideya. Isa siyang atletang tao, marunong, matalinong tao, subali’t sadyang hindi niya alam ang oras ng pagtaas at pagbaba ng tubig. Hindi niya kabisado ang lalawigan. Hindi niya alam ang oras na ang tanda ay tumugma, kapag tumalikod na ang buwan mula sa lupa.

³⁵¹ At kapag itinalikod na ng Dios ang Espiritu Niya mula sa lupa, kapatid, wala na siya, tapos na ang lahat.

³⁵² Kapag ang buwan na iyon ay umalis sa kinalalagyan nito, ang tubig ay tatakpan ang lupa gaya ng pasimulan ito ng Dios, sa Genesis 1. Datapuwa’t ang buwan ay nakatigil doon, at kapag

ipinihit man lang nito ang ulo nito, ang tubig ay magsisimulang tumaas.

353 Ang matalinong matandang lalaking ito na nakatira roon sa harapan niyon, ay alam kung anong oras na iyon. Hindi alam ng mamang ito. Hindi niya kailanman napag-aralan iyon. Hindi mahalaga sa kaniya iyon. At ang matalinong matandang lalaki na ito ay tumakbo palabas, at nagsabi, “Butihing lalaki, huwag kang mangahas na pumalaot pa. Bumalik ka, kaagad. May isang pader diyan. Hindi ka makakaakyat sa pader. Mapapahamak ka. Ang . . . Ang mga tanda ay naririyang na, ang oras. Ang—ang tubig ay biglaang bubulwak, at hindi ka makakabalik. Huwag ka nang lumayo pa.”

354 At ang lalaki ay lumingon, at tinawanan siya, sabi, “Humayo’t pakialaman mo ang sarili mo. Alam ko kung ano ang kaya kong gawin at kung ano ang hindi.” At ang pagtaas ng tubig ay inabutan siya. Kita n’yo?

355 Maaaring mas huli na kaysa sa iniisip natin. Kita n’yo? Aabutan ka nito. Huwag ka nang lalayo pa. Huwag n’yong gawin ’yon, mga kasama. Kung talagang pinaniniwalaan n’yo ako bilang lingkod ng Dios, panghawakan n’yo ang salita ko sa umagang ito, kung kayo ma’y naniniwala. Maaaring huli na rin ang lahat. Napakaraming Kasulatan ang nagpapakita nito na ganoon na nga. Ngayon, tandaan, hindi ko sinasabing ito na nga. Hindi ko alam. Nguni’t tunghayan na lamang.

356 At pinutol ko na ang mga sampung pahina rito, na pinangangambahan kong sabihin sa inyo. Kita n’yo? Kita n’yo? Si Gng. Woods ay makapagpapatunay niyan, at si G. Woods. Nang pumaroon ako kaninang umaga upang makita sila, sinabi ko, “Aking—aking hindi magagawang sabihin sa kanila iyon, hindi ko magagawang humantong diyan. Ilalagay ko lang ang ganito karaming Kasulatan, at iiwan ito sa kanila, ’pagkat ito’y iti-teyp.” Ito’y lalaganap.

357 At pagtatawanan ng mga tao ang Mensaheng ito. Sige lang, magiging huli na para bumalik pa, isa sa mga araw na ito. Magpatuloy, maging mga kasapi lang ng simbahan. Putulin ang inyong mga buhok, magpinta ng inyong mukha. Magpatuloy, at tanggapin ang “Ama, Anak, at Espiritu Santo,” kung gusto n’yo, iyan, gawin itong tatlong Dios at maging isang pagano. Magpatuloy, manatili sa inyong organisasyon. Gawin ang ganoon, kung gusto n’yo.

358 Sasabihin, “Nagsayaw ako sa Espiritu, nagsalita ako ng ibang wika; taglay ko na Ito.”

359 Akin nang nakita ang mga diablo na gumagawa rin ng ganoong bagay. Ako’y nakakita na ng mga mangkukulam na nagsasalita ng iba’t ibang wika at ipinaliliwanag ito; at nagsusulat sa iba’t ibang wika, ipinaliliwanag ito; na umiinom

ng dugo mula sa bungo ng tao, at tumatawag sa diablo, sumasayaw sa espiritu.

³⁶⁰ Ang mga Mohamedan ay nagsasayaw sa espiritu, gaya niyan, hanggang sa magawa nilang kumuha ng mga finik at ibinabaon iyon sa kanilang mga daliri; at kukuha ng lanseta at itutusok iyon sa mukha nila, gaya niyan, at bubunutin iyon, at walang isa mang patak ng dugo ang lalabas doon.

³⁶¹ Ang mga Indian ay lalakad sa apoy, nakapaa, tatlong piye ang lalim; at apat-, tatlo- o apat na piye ang lapad; hihipan, papaypayan ang nagbabagang uling hanggang sa mamuti ito sa init; at ni hindi nagkaroon ng paso ang kanilang mga paa, at itatanggi na mayroong bagay tulad ng Jesus Cristo.

³⁶² Hindi, hindi, kaibigan. Ito'y ang Salita na nagsasaysay nito. Ang mga tao at ang Salita ay kailangang maging isa. Kita n'yo? Si Jesus at ang Salita ay iisa; Siya ang Salita. At kapag nananahan si Jesus sa tao, pinag-iisa niyan siya at ang Salita. Huwag . . . Ang buhay mo ang nagsasabi kung ano ka.

³⁶³ Ngayon ay sadyang tingnan ang iyong sarili sa salamin ng Dios, sabihin, "Ano ba ang hitsura ko sa umagang ito?" Habang nananalangin tayo.

³⁶⁴ [Isang kapatid na lalaki ang nagsalita ng ibang wika. Isang kapatid na lalaki naman ang nagbigay ng paliwanag. "Aking mga anak, sa araw na ito, Aking sinasabi sa inyo. Oo, maging Ako, ang Dios na Makapangyarihan sa lahat, ay tumingin sa ibabaw ng lupa sa araw na ito. Aking nakita ang kasamaan na kinahantungan ng sangnilikhang ito. Oo, nakita Ko ang kasalanan na ang tao, sa araw na ito, ay napaliligiran. Oo, hindi ba ninyo nalalaman na Ako ay gumawa nga ng isang bagay para sa inyo? Oo, Ako ay nagsugo ng isang tao sa hulig araw na ito, oo, upang siya ay maging bibig sa lahing ito. Datapuwa't sinasabi Ko sa inyo, sa araw na ito, Aking bayan, marami ang nanuya sa pangalang ito. Oo, kanilang niwalang-bahala ang mga bagay na kaniyang ipinangusap. Datapuwa't sinasabi Ko sa inyo, sa mga makikinig sa Mga Salitang ito, aking ibubuhos ang dakilang pagpapala sa kanila. Ako ang Dios na Makapangyarihan sa lahat. Ako'y magbibigay ng gantimpala, sa araw na ito, sa mga tapat na tatanggap sa Mga Salitang ito, sabi ng Panginoon."—Pat.]

Wandered far away from God,
Now I'm coming home;

Manalangin, kung kailanma'y nanalangin ka na!

Open wide Thine arms of love,
Lord, I'm coming home.
Coming . . .

³⁶⁵ Habang patuloy kayong umaawit, nais ko kayong tanungin ng isang bagay. May bahagi ba sa inyong puso na tila ba

nadirimlan ng kasalanan? Kung ganoon nga ito, ngayon na ang oras para maalis ito, ngayon mismo, kung may awa pang nalalabi.

³⁶⁶ Ito, umaasa ako, ay hindi ganoon. Umaasa akong wala pa ito roon. Nguni't hindi ba't parang ganoon na nga ito? Pakinggan kung ano ang sinabi ng Espiritu Santo sa gitna ng mga tao, pagkatapos ko, "Ito'y isang Tinig sa inyo."

³⁶⁷ At kung mayroon, kung mayroon kang anumang kadiliman sa iyong buhay, maaari ka bang lumapit dito mismo sa paligid ng altar ngayon, habang nagpapatuloy tayo sa pag-awit. Ngayon din, kung mayroong pag-aalala, kung mayroong batik, huwag mo nang ipagpaliban pa ito.

³⁶⁸ Umaasa at nagtitiwala na hindi nga ito ganoon; subali't magkakaganoon ito, isa sa mga araw na ito, at maaaring ito'y sa araw na ito.

Now, Lord, I'm come . . .

³⁶⁹ Na ang inyong mga hininga ay nasa buong paligid n'yo! Kung makikita lang sana ng mga taong nakikinig sa teyp kung ano ang nagaganap dito ngayon; nagsisiksikan sa isa't isa, umiiyak, nanggagaling kung saan-saan.

³⁷⁰ Maaari kaya na ang pangitaing iyon, nang ako'y bata pa, ito na kaya ang oras? Ito na kaya ang panahon kung kailan 'yang mga tila napapagal, nalulungkot; impiyerno na nililikha dito mismo sa ibabaw ng lupa?

³⁷¹ Ang mga altar at mga daanan, at lahat na, ay puno na ngayon. Kung hindi ka makalapit sa altar o daanan, saan man sa gitna nitong daan-daang naririto; tumayo lamang, kung sinasabi mo, "Nais kong tumayo at manalangin, upang malaman ng mga tao," o lumuhod, anuman ang nais n'yo. Oh, naku! Ngayon ay halos wala na kayong makitang sinuman na nakaupo. Ang mga tao'y nakatayo na sa lahat ng dako.

³⁷² Nais kong sabihin ito. Huwag nawang itulot ng Dios, huwag nawang itulot ng Dios na ang sinabi ko ay maganap na ngayon. Nawa'y maunawaan ko ito, bawa't isa; huwag nawang itulot ng Dios. Mayroong . . . May mga anak pa akong hindi pa nakapapasok. May dalawa akong anak na babae at isang anak na lalaki. May mga kapatid akong lalaki. May mga kamag-anak pa akong hindi pa nakapapasok. Huwag nawang itulot ng Dios na iniwanan na tayo ng biyaya; na ang lahat ng ito ay magiging pagkukunwari na lamang.

³⁷³ May nalalabi pa bang biyaya, Panginoon? Itulot na mali ako tungkol dito, Panginoon. Itulot na mali ito sa pagkakataong ito. Na ako, hindi ito, na ang mga tao ay maaari pa ring maligtas. Ipagkaloob ito, Panginoon. Dalangin ko, at inihahabilin ang mga tagapakinig na ito sa Iyo ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

374 Lahat ay manalangin ngayon, tulad ng . . . Paano kung ito na nga iyon? Ngayon, hindi ko alam kung ito na nga iyon, nguni't ano kaya kung ito na iyon? Manalangin kayo sa inyong paraan. Manalangin lang kayo sa paraang nais n'yong manalangin. Ano nga kaya kung ito nga ang katotohanan, ano ang gagawin natin, mga kaibigan? Ano ang gagawin natin? Ano, ano ang mangyayari? Ngayon ay manalangin, bawa't isa. Sadyang—sadyang umiyak, manalangin lang kayo sa paraang nais n'yo. Tumawag lamang nang tuluy-tuloy sa Dios, sa inyong sariling paraan. O Dios!

Thine arms of love,
O Lord, I'm coming home.

375 “Panginoon, matagal ko na itong gustong gawin. Masyado na bang matagal akong naghintay, Panginoon? Ito ba, tapos na ba ito? O Dios, buksan ang Iyong mga bisig ng pagmamahal at tanggapin ako. May isang bagay sa puso ko na nagsusumamo para rito, Panginoon. Buksang minsan pa. Kung ang pangalan ko'y nasa Aklat ng Cordero, mangusap ngayon sa akin, Panginoon. Hayaang tanggapin ko ito ngayon. Gawin Mo nawa, Dios.”

Coming home, coming home,
Oh, never, I'll never no more, Lord, to more to
roam;
Open wide Thine arms of love,
O Lord, I'm coming home . . .

376 Sinabi ng Biblia, kapag nakilala nila si Jesus, na, “Bawa't isa ay mananangis na tila sila'y namatayan ng bugtong na anak.”

. . .-ing home,

377 Kayong nasa labas, kayong nasa inyong mga sasakyan, sa pamamagitan ng munting signal, kayong nakatayo sa palibot ng gusali, marami sa inyo, ihilig lamang ang inyong mga ulo sa gusali, sabihin, “Panginoong Dios, mahabag sa akin. Buk- . . .” Maging totoong matapat, mga kaibigan! Isipin kung anong oras na ang kinabubuhayan natin! Saan na tayo naroon?

. . .love
Lord, I'm now coming home.
Coming home, . . .

378 Panginoong Jesus, ginawa ko na ang pinakamainam na magagawa ko. Ginawa ko na ang lahat ng magagawa ko. Itulot, Panginoon, na ang mga pintuan ng awa ay nakabukas pa rin. Sa daan-daang mga ito, totoong daan-daang naghahanap sa Iyo sa pagkakataong ito, alisin ang bawa't makasalanang mantsa, Panginoon, at papasukin sila sa araw na ito.

379 Ako—ako'y nagsusumamo, nang buo kong puso, gaya sa nakikita namin na hindi lang kung sinong tao ang nangungusap, kundi, ang Kasulatan Mismo na dinadala kami sa oras na ito.

At ang pangitaing iyon, ng isang batang lalaki, nakikita ang mga taong iyon sa ganoong kalagayan; at ngayon, isipin, na ang impiyerno mismo, ang awa ay binura na mula sa lupa, at ngayon ang impiyerno mismo ay naririto na, at ang mga tao, Panginoon, ay naririto sa malagim na kalagayan.

³⁸⁰ O Makapangyarihang Dios, sa Hinirang na Iglesyang ito, dalangin ko, Dios, na ibubuhos Mo ang Iyong mga pagpapala, upang matanggap nila ang isang—isang ministeryo ng patotoo, na tulad ng tinaglay ni Lot, tulad ng tinaglay ni Noe, tulad ng tinaglay ni Jesus, sa napahamak na Magpawalang Hanggan, kung naroroon na ito; na sila sa kanilang sarili ay masiyuhan papasok sa Kaharian ng Dios, datapuwa't nagpapatotoo kay Jesus Cristo na siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Itulot ito, Panginoon. Tanggapin Mo nawa ang aming kahilingan, samantalang nagsusumamo kami sa Pangalan ni Jesus.

³⁸¹ Manalangin lang kayo sa paraan na gusto n'yong manalangin ngayon. Huwag magmamadali. Huwag magmamadali. Ano kaya't ikaw ang huling pangalang nasa Aklat?

I'm coming home.

Coming home, coming home,

³⁸² Kapatid na Neville, pumanhik ka at ipanalangin sila. Ang pastor ay sasamahan kayo ngayon sa pananalangin habang kayo'y nananalangin. Aawit ako.

Open wide Thine arms of love,
Lord, I'm coming home.

Coming home, coming home,
Never more to roam; (Opo, Panginoon.)
Open wide Thine arms of love,
Lord, I'm coming home.

Coming home, coming home,
Never more to roam;
Open wide Thine arms of love,
Lord, I'm coming home.

³⁸³ [Si Kapatid na Branham at ang kogregasyon ay umawit ng awitin na nasa itaas habang si Kapatid na Neville ay nanalangin. "Makapangyarihang Dios, aming Makalangit na Ama, gaya nito noon, sa araw na ito, lubos kaming nagagalak na pinagkalooban Mo kami, tulad nito noon, nitong pagkakataon upang magawang masiyasat ang aming mga lakad sa Iyong harapan. Aking Dios, sa araw na ito, mula sa kaibuturan ng aming kaluluwa, tumatawag kami sa Iyo, Panginoon, alang-alang, hindi lamang sa aming sarili, kundi para sa isa't isa. Hayaang ang oras na ito, Dios, ang maging panahon, sa umagang ito, Ama, kapag Iyong, kung patuloy pa rin ang Iyong awa, Ama, mangyari nawa, na ang mga ito na sa araw na ito ay tinalikuran ang lahat ng kanilang kataasan, luho, at mga ibang bagay pa. Panginoon Jesus, sa araw

na ito, idinadalangin namin na ipagkakaloob Mo na itong mga lumuluhod, oh, at iniyuyukod ang kanilang mga ulo sa buong gusaling ito. O Dios, hayaang ang Tinig na iyan, na mula sa Langit, ay mangusap sa umagang ito. Magbigay ng katiyakan, Panginoon. Hayaang ang mga taong ito, na naghihinalong mga kalalakihan at kababaihan, Jesus, hayaang matanggap namin, sa araw na ito, ang pag-alihw ng Patotoong iyan na bumababa mula sa Langit sa umagang ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, kami ay sumasamo, Panginoon, kung meron pang pagpapatuloy ng awa sa pamamagitan ng Dugo, hayaang dumating ito sa baw't isa, ngayon, ayon sa kanilang paglapit. Mangyari nawa ito, ngayon.”—Pat.]

[Si Kapatid na Neville ay patuloy na nananalangin. “At nawa ang baw't isa, Panginoon, nasiyahan, sa araw na ito, na Ikaw bilang Dios na Makangyarihan sa lahat. Kung ito nga ay palugit ng iyong kaawaan, hayaan itong mapasa baw't isa, baw't indibiduwal.”] Ipagkaloob ito, Panginoon. [“Ipahintulot ito ngayon, Ama. At hayaan ang kapayapaan ng Dios, na lagi nang tumatagos sa pang-unawa, hayaang dumating itong muli sa mga naghihintay na puso.”] Opo, Panginoon. [“Itulot na ito na ang oras.”] Opo. [“Naniniwala kami na nadinig Mo buhat sa Langit.”] Dios, ipagkaloob ito. [“Anoman ang inilaan para sa amin, kung ito’y maging tapos na, kung ganoon, Panginoon, batid namin kung ano ang magiging kahihinatnan.”] Opo, Panginoon. [“Subali’t, kung hindi, hayaang ang Saksi ay dumating.”] Opo, Panginoon. [“Hayaan ang mga ito na pumarito, hayaang makasumpong sila ng kapayapaan sa araw na ito,”] Ipagkaloob ito, Panginoon. [“sa pamamagitan ni Jesus Cristo. At sa Kanyang Pangalan kami’y dumadalangin. Amen.”—Pat.]

³⁸⁴ Panginoong Jesus, dalangin ko na ililigtas Mo si Becky at si Sarah at si Joseph, at sila, rin, Panginoon. Huwag nawa itong itulot na mangyari sa aking mga anak, Panginoon. Huwag nawa itong itulot na mangyari sa aking mga kapatid na lalaki at sa aking mga kaibigan. Ipagkaloob ito, Panginoon.

³⁸⁵ Hindi namin alam, hindi namin alam, subali’t mayroon kaming nakikitang bagay, Panginoon. Ito ba’y nakayayanig na tanda ngayon sa aming harapan? Ipagkaloob ito, Panginoon. Ilapit kaming lahat sa Iyo, kaagad, Panginoon. Mahal Ka namin at kailangan Ka namin. Itulot Mo nawa ito, Ama, ang Espiritu Santo na pagkalooban kami ng kaaliwan sa aming mga puso ngayon.

³⁸⁶ Dalangin namin na maging mga saksi nawa kami sa Iyo sa oras na ito, dahil alam naming kailangang mangyari ito. Sinalita na ito nang una sa mga kapanahunan, at kailangan naming harapin ito, na kami’y nasa huling araw na kapag nakikita na namin ang mga tandang ito na nagsisilitaw. Alam namin, at napasabihan na sa loob ng maraming taon na ngayon, na ang bagay na ito ay magaganap. Ngayon ay nakikita na namin ito sa

mismong pintuan namin, matinding makapangyarihang poot ng Dios na kumikilos sa mga lansangan, inilalabas ang hindi tuli. Kung saan walang Dugo sa pintuan, ang anghel ng kamatayan ay dumadalaw; at patuloy silang nabubuhay, nguni't patay na samantalang sila'y nabubuhay pa, walang awa, walang Dios, at hinding-hindi na maliligtas.

³⁸⁷ Dios, gaano Ka namin pinasasalamatan para sa mga ito na nangaligtas! Gaano kami . . . Anong dakilang pagpapala nito sa aming mga puso, ang maging nasa loob na ngayon, sa ilalim ng Dugo, habang ang huling anghel na iyon ay dumaraan sa lupain, inilalabas ang . . .

³⁸⁸ Yaong mga labas sa ilalim ng dugo, sila'y namatay nang walang awa. Iyon ang huling hatak ni Moises. Una, isang—isang kabataang lalaking nangungusap sa Israel; ikalawa, pumaroon para palayain sila; ikatlo, ay ang huling mensahe. Ang mga himala ay naisagawa na, si Moises ay nasa kaniyang daan na patungo sa lupang pangako, kasama ng mga tinubos.

O Dios, mahabag Ka, dalangin ko, sa Pangalan ni Jesus.

³⁸⁹ Ngayon ay nais kong itanong ito. Kayong mga nananalangin, kayong nakadarama na mayroon pa kayong awa, at na (ang Dios) nadarama n'yong nasa Kaharian kayo ng Dios, nadarama n'yo na—na kayo'y nakaangkla paano't paano man, na kay Cristo ay may pananampalataya kayo upang paniwalaang kayo'y isang Cristiano, isinilang kayong muli at alam ninyong kayo'y isang tumayong lahat, kayong minimithi iyan, na sumasampalataya riyon, na ang awang iyon ay naipaabot sa inyo ngayon, at kayo'y mga Cristiano, at kayo—at kayo'y sumasampalataya na—na ang Dugo ay naipahid na sa inyong puso, at—at—at kayo'y napatawad na sa bawa't pagkakasala.

³⁹⁰ Ito'y isang bagay na naging napakahirap na ipangusap sa inyong mga tao. Labis akong nagpapasalamat, at nakikita ang mga tao na nakatayo mula sa lahat ng dako. At kayo, ako—ako ay labis . . .

³⁹¹ Hindi ko alam na ang bagay na ito ay totoo, nguni't kailangan nitong magkaganoon, minsan. Kita n'yo, kailangan nitong humantong sa ganoon, at maaaring ngayon na ito. Kita n'yo? Sa lahat ng paraan, ang sanlibutan ay magpapatuloy pa rin mismo. Ang mga tao'y lalapit pa rin sa altar, iiyak pa rin sila, nguni't wala nang magagawang buti iyon. Kita n'yo? Sila'y mawawala na, kita n'yo, ito'y matatapos na. Mawawalan na ng awa. Tandaan iyan. “At ang santuario ay naging mausok.” “Siya na marumi, ay magpakarumi pa; siya na matuwid, ay magpakatuwid pa; at siya na banal, ay magpakabanal pa.” Wala nang natitira pang awa, kapag kinuha na ng Cordero ang Aklat; iyon na, iyon na lahat ito. At tila di malayong maaaring ganoon na nga ito ngayon.

392 Marahil tayo ay may isa pang araw; marahil ngayon na ang araw na iyon. Maaaring bukas ang hu- . . . Maaaring mamayang gabi ang huling gabi. Maaaring ito na ang huling taon. Hindi ko alam, mga kaibigan. Sinasabi ko sa inyo, hindi ko alam. Hindi ito kailanman sasabihin sa akin.

393 Datapuwa't kapag kinuha na ng Dios 'yung huling pangalan at tutubusin iyon mula sa Aklat ng Buhay na iyon, iyon na lahat ito. Kita n'yo, wala nang mairadagdag pa sa mga ito, sa anumang paraan. Wala nang mairadagdag pa, sa anumang paraan. Iyon na lahat. Ito'y tapos na.

394 Ilan ang nakaaalam na ito'y Katotohanan? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Buweno. Ito'y—ito ang Katotohanan. Ngayon na nadarama nga natin . . .

395 At nakikita ko ang kongregasyong ito na pinangaralan ko at binalaan, sa loob ng mga taong ito, at makita ang isang Mensaheng tulad nito na aking . . . na aking—aking dinala sa baguhang anyong ito. At tandaan lang, sinasabi ko ito upang maunawaan n'yo ito, *baguhang* anyo; ang ilan pang bagay ay maaaring makayanig halos sa inyo hanggang sa magkapirapiraso, kita n'yo. Nguni't nilaktawan ko na lang iyon, nadamang gawin iyon, 'pagkat hindi ako tiyak. Kung hindi ako tiyak kung saan ako tumatahak, tatahak ako nang marahan, kita n'yo, nguni't sinasabi lamang sa inyo.

396 Makinig. Hindi ba kayo natutuwa? Mayroon pa bang hihigit, na maisip n'yo, na nagawa n'yo na sa buhay n'yo?

397 Ano kaya kung ito'y tapos na ngayon? Ano kaya kung tapos nang lahat? "Oh," sasabihin mo, "Kapatid na Branham, marahil . . ." Oo, alam ko. Maaari silang magpatuloy. Ginawa nga nila, sa bawa't pagkakataon. Akin nang naipaliwanag iyan at pinatunayan ito sa pamamagitan ng Kasulatan, kita n'yo, ang sanlibutan ay nagpatuloy sa pag-inog, datapuwa't tapos na pala ito. Kita n'yo?

398 "Ang kamangmangan ng pangangaral ay nagliligtas ng mga naligaw. At ito'y kamangmangan, sa mga tao. Ito ang karunungan ng Dios." Kita n'yo? Ang Dios ay Espiritu. Siya'y gumagawa sa mga paraang espirituwal, kita n'yo, ang Kaniyang mga kababalaghan na ipinamamalas; kamangha-manghang mga kaparaanan. Datapuwa't, tayo'y mga tao, tayo ay may hangganan. Hindi natin alam; tayo'y tumitingin lamang sa kung ano ang nakikita natin. Nguni't may Isang bagay na nasa kalooban natin . . .

399 Kapag lumabas ka mula sa silid na 'yan dito, kung hindi mo pa ito nakita sa tanang buhay mo, hindi pa kailanman nakikita ng liwanag ng araw, malalaman mong ika'y nagdaan mula sa silid na ito rito, patungo sa sikat ng araw o isang bagay. Iyon ay mainit. Mararamdaman mo iyon. Kung walang pandama sa katawan mo para magpahayag nito, malalaman mo, oh, walang

pandama ng paningin para makita ito. Walang paraan para makita ang luntiang mga puno, para makita ang kalikasan; wala kang paningin, wala pang nagkaroon nito kailanman. Malalaman mo na ika'y nasa presensiya ng isang bagay; ang iyong pandama ang magsasabi sa iyo niyon. Malalaman mo iyon. Kung sisikapin kong sabihin sa iyo, "Ito'y ang araw. Ito'y sumisinag. Ito'y nagpapakita ng mga bagay-bagay." Kita n'yo, malalaman mong naroroon iyon dahil madarama mo iyon sa pamamagitan ng iyong mga pakiramdam. Tama ba iyon? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.]

⁴⁰⁰ Ngayon, alam nating si Cristo ay naririto. Kita n'yo? Marahil ay hindi n'yo Siya nakikita sa pamamagitan ng inyong mga mata. Kita n'yo? Marahil ay hindi. Subali't sa pamamagitan ng pangitain, sinasabi ko sa inyo, Siya'y naririto. Nararamdaman natin Ito. Alam nating may Bagay rito na hindi naipapahayag ng ating mga pandama. Ang Espiritu ang nagpapahayag nito, na si Cristo ay naririto.

⁴⁰¹ Nadarama kong tinubos na Niya tayo. Nadarama ko na ang ating mga pangalan ay nakasulat sa Kaniyang Aklat. Naniniwala akong tayo'y tinubos na sa Dugo ng Cordero.

Mahal ko kayo, at batid kong mahal n'yo ang isa't isa.

Oh, pagpalain nawa ang taling nagbibigkis
Sa ating mga puso sa pag-ibig Cristiano;
Ang pagsasama-sama ng magkakaugnay na
diwa
Ay tulad niyaong sa Itaas.

⁴⁰² Dapat ay laging ganiyan ang nadarama natin para sa isa't isa. Kita n'yo, kailangan natin, ganiyan dapat ang nadarama natin para sa isa't isa. Kita n'yo? Pagka't, habang iniibig natin ang isa't isa, iniibig natin ang Dios. "Magagawa mo bang kapootan ang iyong kapatid na iyo nang nakita, at sabihing iniibig mo ang Dios Na hindi mo nakita?" Dapat nating ibigin ang isa't isa. "Wala nang hihigit pa sa pag-ibig ng isang tao na nagawa Niyang ialay ang Kaniyang buhay para sa Kaniyang kaaway, upang sila'y maging kaibigan Niya." Oh!

⁴⁰³ Alam n'yo ba ang awit na iyon, *Blest Be The Tie That Binds*? Hindi ba't kahanga-hanga iyon? Pagpalain nawa ang tali! Maaari mo ba kaming bigyan ng tipa niyan, kapatid, diyan? Hayaang tugtugin lamang ito nang sandali.

⁴⁰⁴ Paano kung ito'y tapos na? Ano kaya kung ang Ikatlong Hatak, na parating na ngayon, ay ang pangangaral sa mga napahamak? Paano kaya kung ang lahat ng tipo ay maipapamalas na ngayon? At tayo'y nasa loob na, at tayo'y nasa loob na, hindi ba't magiging napakaganda nun? Anong pakikisama!

Oh, blest be the tie that binds (heto ang
gumagawa nito)
Our hearts in Christian love;
The fellowship of kindred mind
Is like to . . .

⁴⁰⁵ Ano iyon? Pagsasama-sama ng magkakaugnay na diwa.
“Dumating nawa ang Kaharian Mo. Gawin nawa ang Iyong
kalooban.” Kita n’yo?

⁴⁰⁶ Ginagawa natin ang Dios na isang—isang batang maskot,
isang utusan o kung ano, “Dios, gawin *ito*, gawin *iyang*.”

⁴⁰⁷ Sinabi ni Jesus, “Idalangin, ‘Dumating nawa ang Kaharian
Mo. Gawin nawa ang Iyong kalooban dito sa lupa, kung paano
sa Langit.’” Kung magkaganoon, ang Langit ay ibinababa sa
atin, at tayo’y—tayo ay itinataas sa Langit, at tayo’y nakaupo
na sa mga Makalangit na dako ngayon kay Cristo Jesus.
Pinaniniwalaan nating lahat ang Mensaheng iyan bilang siyang
Katotohanan, na si Jesus Cristo, ang Anak ng Dios, ay tumutubos
sa atin.

⁴⁰⁸ Ipikit natin ang ating mga mata ngayon at itaas ang ating
mga kamay, habang inaawit natin ito.

Blest be the tie that binds
Our hearts in Christian love;
The fellowship of kindred mind
Is like . . . (Ituloy ang pagtugtog nito.)

⁴⁰⁹ Ngayon, walang isa mang ngingiti. Hindi ito oras ng
pangngiti. Nang may buong taimtim ng katapatan, habang
tinutugtog ang awiting iyan, makipagkamay tayo sa katabi n’yo,
sabihin, “Pagpalain ka ng Dios, Cristiano,” nang may katapatan.

⁴¹⁰ Pagpalain ka ng Dios, Kapatid na Neville. [Si Kapatid
na Neville ay nagsasabi, “Pagpalain ka, Kapatid na
Branham!”—Pat.] Limampu’t siyam na taong gulang. [“Tama
iyan.”] Ang layo na!

Pagpalain ka ng Dios, Kapatid . . . ? . . .

Ngayon ay itaas natin ang ating mga kamay sa Kaniya.

When we asunder part,
It gives us inward pain;
But we shall still be joined in heart,
And hope to meet again.

⁴¹¹ Ngayon ay iyukod natin ang ating mga ulo, at, sabay-sabay,
hindi alam kung ano ang naghihintay sa hinaharap, sa sandaling
ito, hindi nalalaman kundi kung anong tapos na. Hindi ko alam.
Hindi ko masasabi. Hindi ko masasabi. Hindi ko alam. Subali’t
sa harap ng mga katotohanang inihayag natin sa umagang ito,
dasalin natin ang panalangin na sinabi ng Panginoon sa atin
na dasalin. Maging ito man ay, “Dumating nawa ang Kaharian

Mo. Gawin nawa ang kalooban Mo.” Gawin natin ito nang sabay-sabay.

⁴¹² [Si Kapatid na Branham at ang kongregasyon ay umuusal ng sumusunod na dasal nang sabay-sabay, mula sa Mateo 6:9-13—Pat.]

. . . Ama namin na nasa langit ka, Sambahin nawa ang pangalan mo.

Dumating nawa ang kaharian mo. Gawin nawa ang kalooban mo kung paano sa Langit, gayon din naman sa lupa.

Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw,

At ipatawad mo sa amin ang aming mga pagsasalangang, gaya naman namin na nagpapatawad sa mga sumasalangang laban sa amin.

At huwag mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama: Sapagka't iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailan man. Siya nawa.

⁴¹³ Ngayon habang nakayukod ang ating mga puso. Sinabi ng Biblia, “Umawit sila ng himno, at nagsilabas sila.” Tandaan, nang gawin nila iyon sa Kasulatan, iyon ay dahil naipako na nila ang ministryo ng Ikalawang Hatak ng ating Panginoon, at handa nang pumasok ang Ikatlong Hatak. Ilang oras pagkalipas niyon, umahon Siya sa hades at nangaral sa mga napahamak na tinanggihan ang awa para sa kanila.

⁴¹⁴ Isang tipa ng *My Faith Looks Up To Thee*.

My—my faith looks up to Thee,
Thou Lamb of Calvary,
Saviour divine;
Now hear me while I pray,
Take all my sins away,
Nor let me . . . from this day
Be wholly Thine!


While life's dark maze I tread,
And grief around me spread,
Be Thou my Guide;
Bid darkness turn to day,
Wash sorrow, fears away,
O let me from this day
Be wholly Thine!

⁴¹⁵ Pagpalain kayo ng Panginoon, hayaan na ang Kaniyang Anak at biyaya ay pasikatin sa inyo. At pagkalooban kayo ng Panginoon ng Buhay na Walang Hanggan, at sumainyo rito sa mundong ito, at sa mundong darating pagkatapos nito. At,

Buhay na Walang Hanggan, nawa'y paglingkuran n'yo Siya sa pagkarami-raming panahon pang darating.

⁴¹⁶ Kung ito na ang oras, at dumating na tayo sa dakong iyon, hindi ko ikinahihiya kung ano ang naipangaral ko. At kung ang bawa't ministro ay kakailanganing tumayo kasama ng kaniyang kongregasyon at mahatulan, gaya ng nakita ko sa pangitain, nagpapasalamat ako sa Ebanghelyong ipinangaral ko, sapagka't ito'y siya ring Ebanghelyong ipinangaral ni Pablo at nila.

⁴¹⁷ Ako'y masaya para sa inyo. Ako'y masaya na tinanggap n'yo si Cristo bilang inyong Tagapagligtas. Ibigin Siya, at manalangin.

⁴¹⁸ At magkikita tayo mamayang hapon, kung loloobin ng Panginoon, sa ganap na alas-siyete, dito sa simbahan. Pagpalain kayo ng Dios. Maaari na kayong umuwi. 

MGA KALULUWANG NASA BILANGGUAN NGAYON TAG63-1110M

(Souls That Are In Prison Now)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Nobyembre 10, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2009 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org